
ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • SETYEMBRE 2012

# Liahona



## Tinawag Upang sa Diyos Maglingkod: Ngayon Na ang Panahon, p. 20

**Mga Kaisipan Mula sa Aklat ni Mormon para sa Panahon ng Kaguluhan, p.30**

**Aling Lobo ang Pakakainin Mo? p. 52**

**Aktibidad ng Pamilya: Pagbibilang ng Araw Hanggang sa Araw ng Kumperensya, p. 63**



© ELSPETH YOUNG, HINDI MAARING KOPYAHIN

*Siya ay Gumagawang Kusa ng Kaniyang mga Kamay,* ni Elspeth Young

*Si Lidia ay mangangalakal ng kayong kulay-ube sa bayan ng Tiatira. Tulad ng butihing babae na inilarawan sa Mga Kawikaan, si Lidia ay gumawang "kusa ng kaniyang mga kamay" (Mga Kawikaan 31:13). Siya ay kabilang sa mga nakinig kay Apostol Pablo at "binuksan ng Panginoon ang kaniyang puso upang unawain ang mga bagay na sinalita ni Pablo" (Ang Mga Gawa 16:14). Nang siya at ang kanyang kasangbahay ay nabinyagan, inanyayahan niya si Pablo na pumunta sa kanyang tahanan at magturo pa sa kanila (tingnan sa Ang Mga Gawa 16:15).*


12

# Liahona, Setyembre 2012


## MGA MENSAHE

4 **Mensahe ng Unang Panguluhan: Pagbabahagi ng Ebanghelyo nang Puso sa Puso**
Ni Pangulong Henry B. Eyring

7 **Mensahe sa Visiting Teaching: Espesyal na mga Pangangailangan at Paglilingkod na Ibinibigay**

## TAMPOK NA MGA ARTIKULO

12 **Pagpapalakas ng Pananampalataya kay Cristo**
Ni Elder D. Todd Christofferson
*Ang ating pananampalataya ay maaaring maging higit pa sa alituntunin ng paggawa.*

16 **Pagbabahagi ng Ebanghelyo sa Pagiging Mabuting Halimbawa**
Nina Stephanie J. Burns at Darcie Jensen

20 **Mga Senior Missionary: Pagtugon sa Tawag ng Propeta**
Ni Kendra Crandall Williamson
*Kailangan ang pananampalataya upang madaig ang mga balakid sa pagmimisyon at nagdudulot ito ng malalaking gantimpala.*

30 **Paano Namumuhay ang mga Disipulo ni Cristo sa Panahon ng Digmaan at Karahasan**
Ni David Brent Marsh

35 **Darating ang Pag-aani**
Ni Michael R. Morris
*Kapag masunurin tayo, tiyak na darating ang mga pagpapala ng Diyos.*

## MGA BAHAGI

8 **Notebook ng Kumperensya ng Abril**

9 **Para sa Lakas ng mga Kabataan: Matalinong Paggamit ng Kalayaan**

10 **Nangungusap Tayo Tungkol kay Cristo: Pagmamahal sa Aking mga Kaaway**
Hindi nagpakilala

26 **Ating mga Tahanan, Ating mga Pamilya: Ang mga Pagpapala ng Pagtutuon ng Pansin sa Templo**
Ni Joshua J. Perkey

38 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**


74 **Mga Balita sa Simbahan**

79 **Mga Ideya para sa Family Home Evening**

80 **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Ano ang Kahalagahan Ko?**
Ni Adam C. Olson


**SA PABALAT**
Harap: Larawang kuha ni Robert Casey.
Likod: Larawan sa kagandahang-loob nina Grant at Terri Whitesides.

## MGA YOUNG ADULT





**42 Nagsalita Sila sa Atin: Kayo ang Ilaw ng Sanglibutan**
Ni Adrián Ochoa


## MGA KABATAAN


**46 Tuwirang Sagot**

**48 Panatilihing Balanse ang Inyong Buhay**
Ni Elder M. Russell Ballard
*Ang walong alituntuning ito ay tutulong sa inyo upang manatiling balanse sa isang mundong hindi balanse.*

**51 Poster: Gamitin nang Matalino ang Oras**

**52 Para sa Lakas ng mga Kabataan: Karapatang Pumili at Pananagutan**
Ni Elder Shayne M. Bowen

**54 Pinagpala Dahil sa Halimbawa**
Ni Elder O. Vincent Haleck
*Malaki ang epekto ng pagiging mabuting halimbawa.*

**57 Ang Pinakamakapangyarihang Hukbo**
Ni H. Daniel Wolke Canales
*Alam ko na gusto kong maglingkod, pero maglilingkod ba ako sa hukbo ng military o sa hukbo ng Diyos?*

**58 Ang Bahaging para sa Atin**





Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Pagdalo sa "Primary."

## MGA BATA





**59 Pagkatutong Bumasa**
Ni Elder Larry R. Lawrence
*Nakatulong ang kaalaman kong magbasa para matagpuan ko ang ebanghelyo.*

**60 Kaibigang Misyonero**
Ni Jane McBride Choate
*Ang pagbabahagi ba ng ebanghelyo ay kasingdali lang ng pag-anyaya sa isang kaibigan sa Primary?*

**62 Ang Ating Pahina**

**63 Countdown ng Pangkalahatang Kumperensya**
*Gamitin ang aktibidad na ito para makapaghanda sa kumperensya.*

**64 Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary: Itinuturo sa Akin ng Sampung Utos na Mahalin ang Diyos at ang Kanyang mga Anak**

**66 Hi! Ako si Timofei mula sa Kyiv, Ukraine**
Ni Chad E. Phares
*Inimbita ni Timofei ang tatlong kaibigan sa open house ng templo.*

**68 Mga Kuwento Tungkol kay Jesus: Dinalaw ni Jesus ang mga Nephita**
Ni Diane L. Mangum

**70 Para sa Maliliit na Bata**

**81 Mga Larawang May Kaugnayan sa Aklat ni Mormon**

**SETYEMBRE 2012 TOMO 15 BLG. 9**
**LIAHONA 10489 893**
Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Paul B. Pieper
**Mga Tagapayo:** Shayne M. Bowen, Craig A. Cardon, Bradley D. Foster, Christoffel Golden Jr., Anthony D. Perkins

**Namamahalang Direktor:** David T. Warner
**Direktor sa Patnugutan:** Vincent A. Vaughn
**Direktor sa Graphics:** Allan R. Loyborg

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang mga Patnugot:** Jenifer L. Greenwood, Adam C. Olson
**Associate na mga Patnugot:** Susan Barrett, Ryan Carr
**Staff sa Patnugutan:** Brittany Beattie, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, LaRene Porter Gaunt, Carrie Kasten, Lia McClanahan, Melissa Merrill, Michael R. Morris, Sally J. Odekirk, Joshua J. Perkey, Chad E. Phares, Jan Pinborough, Paul VanDenBerghe, Marissa A. Widdison, Mellissa Zenteno

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Scott Van Kampen
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Mga Senior Designer:** C. Kimball Bott, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Scott M. Mooy
**Staff sa Produksyon:** Collette Nebeker Aune, Connie Bowthorpe Bridge, Howard G. Brown, Julie Burdett, Bryan W. Gygi, Kathleen Howard, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Gayle Tate Rafferty
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Evan Larsen

**Pagsasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona,* Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org**

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2012 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

**For Readers in the United States and Canada:** September 2012 Vol. 15 No. 9. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send address changes to Salt Lake Distribution Center, Church Magazines, PO Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368.

# Marami Pang Iba Online Liahona.lds.org







## PARA SA MATATANDA

Basahin ang mga kuwentong nagbibigay-inspirasyon tungkol sa pagdaig ng mga senior missionary sa mga balakid upang makapaglingkod (tingnan sa pahina 20). Tingnan ang mga retrato at patotoo ng marami pang senior missionary sa iba't ibang lugar sa **liahona.lds.org.**

## PARA SA MGA KABATAAN

Sa pahina 52, makikita ninyo ang una sa serye ng mga artikulo tungkol sa mga pamantayan sa bagong polyetong *Para sa Lakas ng mga Kabataan*. Makikita ang karagdagang nilalaman tungkol sa lahat ng pamantayan sa **youth.lds.org.**

## PARA SA MGA BATA

Subukan ang aktibidad na "Countdown ng Pangkalahatang Kumperensya" sa pahina 63 at mahahanap ang iba pang mga aktibidad tungkol sa kumperensya sa **lds.org/general-conference/children.**

## SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa **languages.lds.org.**

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

***Aklat ni Mormon,*** *30, 68, 81*
***Balanse,*** *48, 51*
***Basbas, pagpapala, mga,*** *35*
***Gawain, trabaho,*** *35*
***Gawaing misyonero,*** *4, 12, 16, 20, 39, 40, 41, 42, 46, 57, 60*
***Gawain sa templo,*** *26*
***Halimbawa,*** *42, 54*
***Jesucristo,*** *68*
***Kahalagahan ng sarili,*** *80*
***Kalayaan,*** *9, 51, 52*
***Kamatayan,*** *26, 30, 38*
***Kapatawaran, pagpapatawad,*** *10*
***Kapayapaan,*** *38*
***Karunungang bumasa at sumulat,*** *59*
***Kautusan, mga,*** *64*
***Pag-asa sa sarili,*** *35*
***Pagbabalik-loob,*** *26, 54, 59*
***Paghihirap,*** *30*
***Pag-ibig, pagmamahal,*** *10*
***Pagkabuhay na Mag-uli,*** *68*
***Paglilingkod,*** *7, 20, 44*
***Pagsisisi,*** *30*
***Pagsunod,*** *30, 35, 64*
***Pamantayan, mga,*** *40*
***Pamilya,*** *26, 40, 66*
***Panalangin,*** *48, 58*
***Pananampalataya,*** *12, 20*
***Pangkalahatang kumperensya,*** *8, 41, 63*
***Patotoo,*** *47*
***Primary,*** *70*
***Temple garment, mga,*** *47*
***Tipan, mga,*** *12*
***Visiting teaching,*** *4*



**Ni Pangulong Henry B. Eyring**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Pagbabahagi ng Ebanghelyo

## NANG PUSO SA PUSO

Gagawa ng paraan ang Diyos para sa mga taong handang tumanggap ng ebanghelyo upang makilala nila ang Kanyang mga nakahandang lingkod na gustong magbahagi ng ebanghelyo. Nangyari na iyan sa sarili ninyong buhay. Ang dalas ng ganitong pangyayari ay depende sa kahandaan ng inyong isipan at puso.

May kaibigan ako na araw-araw nagdarasal na makakilala siya ng isang tao na handang tumanggap ng ebanghelyo. Palagi siyang may dalang kopya ng Aklat ni Mormon. Isang gabi bago magbiyahe, nagpasiya siyang huwag magdala ng aklat at sa halip ay nagdala siya ng pass-along card. Ngunit nang paalis na siya, isang espirituwal na pahiwatig ang dumating sa kanya: "Magdala ka ng Aklat ni Mormon." Naglagay siya ng isa sa kanyang bag.

Nang isang babae na kakilala niya ang umupo sa tabi niya sa biyahe, naisip niya, "Siya na ba?" Nakasakay niya itong muli sa biyahe pauwi. Naisip niya, "Paano ko sasabihin sa kanya ang tungkol sa ebanghelyo?"

Sa halip, sinabi sa kanya ng babae, "Nagbabayad ka ng ikapu sa simbahan mo, di ba?" Sinabi niyang nagbabayad siya. Sinabi ng babae na magbabayad dapat siya ng ikapu sa kanyang simbahan pero hindi niya ito ginawa. At nagtanong ito, "Ano ang masasabi mo sa akin tungkol sa Aklat ni Mormon?"

Ipinaliwanag niya na ang aklat ay banal na kasulatan, isa pang saksi kay Jesucristo, at isinalin ng Propetang si Joseph Smith. Tila interesado siya, kaya may kinuha ang kaibigan ko sa kanyang bag at sinabing, "Nadama kong dapat kong dalhin ang aklat na ito. Sa tingin ko para sa iyo ito."

Sinimulan niyang basahin ito. Nang maghiwalay sila, sinabi ng babae, "Mag-uusap pa tayo tungkol sa bagay na ito."

Ang maaaring hindi alam ng kaibigan ko—ngunit *alam* ng Diyos—ay naghahanap ang babae ng simbahan. Alam ng Diyos na inoobserbahan ng babae ang aking kaibigan at nagtataka kung bakit napakasaya niya sa kanyang simbahan. Alam ng Diyos na magtatanong siya tungkol sa Aklat ni Mormon at na handa siyang magpaturo sa mga misyonero. Siya ay handa. Gayon din ang aking kaibigan. Ikaw at ako ay maaari ding maging handa.

Ang paghahandang kailangan natin ay sa ating isipan at puso. Narinig at naalala ng babae ang mga salita tungkol sa Aklat ni Mormon, sa ipinanumbalik na Simbahan ng Panginoon, at sa utos na magbayad ng ikapu sa Diyos. At nadama niyang nagsisimula na ang pagpapatibay ng katotohanan sa kanyang puso.

Sinabi ng Panginoon na Kanyang ipahahayag ang katotohanan sa ating isipan at puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo (tingnan sa D at T 8:2). Karamihan sa mga tao na makikilala ninyo ay nasimulan na ang gayong paghahanda. Narinig o nabasa na nila ang tungkol sa Diyos at sa Kanyang salita. Kung malambot ang puso nila, madarama nila, gaano man kabanayad, ang pagpapatibay ng katotohanan.

Ang babae ay handa. Gayon din ang aking kaibigan, isang Banal sa Huling Araw na pinag-aralan ang Aklat ni Mormon. Nadama niya ang patunay na totoo ito, at sinunod niya ang pahiwatig ng Espiritu na magdala ng kopya ng aklat. Siya ay handa sa kanyang isipan at puso.

Inihahanda ng Diyos ang mga tao na tatanggap sa



inyong patotoo tungkol sa ipinanumbalik na katotohanan. Kailangan Niya ang pananampalataya ninyo at pagkilos upang ibahagi nang walang takot ang bagay na naging napakahalaga sa inyo at sa mga mahal ninyo sa buhay.

Maghandang magbahagi sa pamamagitan ng pagpuno sa inyong isipan araw-araw ng mga katotohanan ng ebanghelyo. Kapag sinunod ninyo ang mga utos at tinupad ang inyong mga tipan, madarama ninyo ang patotoo ng Espiritu at ang higit na pagmamahal ng Tagapagligtas sa inyo at sa mga taong nakikilala ninyo.

Kung gagawin ninyo ang inyong bahagi, madaragdagan ang magagandang karanasan ninyo tungkol sa mga taong makikilala ninyo na handang makinig sa inyong patotoo sa katotohanan—na ibibigay ninyo nang puso sa puso. ■

PAGLALARAWAN NI DAN BURR

**PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO**

Isiping basahin ang mensahe kasama ang pamilya at talakayin ang pangalawa sa huling talata, kung saan tinalakay ni Pangulong Eyring ang mga paraan para mapalakas ang ating patotoo. Talakayin sa pamilya ang kahalagahan ng pagpapatotoo kapag nagbabahagi ng ebanghelyo. Makatutulong sa mga bata sa pamilya ang isadula kung paano magpatotoo sa mga kaibigan.



MGA KABATAAN

## Alam ang Sasabihin

Kung dama ninyong hindi sapat ang inyong nalalaman tungkol sa ebanghelyo para maibahagi ito sa iba, mapanatag sa mga pangakong ito mula sa mga banal na kasulatan:

"Itaas ang inyong mga tinig sa mga taong ito; sabihin ninyo ang mga bagay na ilalagay ko sa inyong mga puso, at hindi kayo malilito sa harapan ng mga tao;

"Sapagkat ibibigay sa inyo sa mga oras na yaon, oo, sa sandali, kung ano ang inyong sasabihin" (D at T 100:5–6).

"Ang Mangaaliw, sa makatuwid baga'y ang Espiritu Santo, na susuguin ng Ama sa aking pangalan, siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at magpapaalaala ng lahat na sa inyo'y aking sinabi" (Juan 14:26).


Napakagandang mga pangako ito, ngunit para makamtan ang mga ito, kailangang gawin natin ang ating bahagi. Sa mensaheng ito, itinuro sa atin ni Pangulong Eyring kung paano tayo: "Mag[ha]handang magbahagi [ng ebanghelyo] sa pamamagitan ng pagpuno sa inyong isipan araw-araw ng mga katotohanan ng ebanghelyo." Ano ang magagawa ninyo para mapuno ang inyong isipan ng mga katotohanan ng ebanghelyo?

MGA BATA

## Maghandang Magbahagi

Sinabi ni Pangulong Eyring na ang isang mahalagang paraan para makapaghanda sa pagbabahagi ng ebanghelyo ay punuin ang ating isipan ng mga katotohanan ng ebanghelyo, tulad ng ginagawa ng mga bata sa ibaba.

Tingnan ang mga larawan sa ibabang hanay at hanapin ang pagkakaiba sa mga larawan na nasa itaas nito.



Ano ang ilan pang mga bagay na magagawa ninyo para makapaghandang magbahagi?

PAGLALARAWAN NI CHRISTINA SMITH © IRI; MGA PAGLALARAWAN NI ADAM KOFORD

*Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at, kung angkop, talakayin ito sa kababaihang dinadalaw ninyo. Gamitin ang mga tanong upang tulungan kayong patatagin ang mga kapatid at gawing aktibong bahagi ng inyong buhay ang Relief Society.*

**Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan**

# Espesyal na mga Pangangailangan at Paglilingkod na Ibinibigay

"Laging nariyan ang mga pangangailangan ng iba," sabi ni Pangulong Thomas S. Monson, "at may magagawa ang bawat isa sa atin para makatulong sa iba. . . . Maliban na kalimutan natin ang ating sarili sa paglilingkod sa iba ay kaunti lamang ang layunin ng ating buhay."[1]

Bilang mga visiting teacher maaari nating kilalanin at mahalin nang taos-puso ang bawat miyembrong binibisita natin. Ang ating pagmamahal sa ating mga binibisita ay siyang magtutulak sa atin na paglingkuran sila (tingnan sa Juan 13:34–35).

Paano natin malalaman ang mga pangangailangang espirituwal at temporal ng kababaihan nang sa gayon ay makapaglingkod tayo sa oras na kailangan ito? Bilang mga visiting teacher, may karapatan tayong tumanggap ng inspirasyon kapag ipinagdasal natin ang mga binibisita natin.

Ang regular na pakikipag-ugnayan sa kapatid nating kababaihan ay mahalaga rin. Ang mga personal na pagbisita, pagtawag sa telepono, maikling sulat na nagpapalakas ng loob, e-mail, pakikipag-usap sa kanya, tapat na papuri, paglapit sa kanya sa simbahan, pagtulong sa kanya sa oras ng karamdaman o pangangailangan, at iba pang paglilingkod ay tumutulong sa ating lahat na pangalagaan at palakasin ang isa't isa.[2]

Ang mga visiting teacher ay hinihilingang ireport ang kalagayan ng kababaihan, anumang espesyal na mga pangangailangan nila, at ang paglilingkod na ibinigay sa kanila. Ang ganitong uri ng mga report at paglilingkod sa kababaihan ay tumutulong sa atin na maipakita ang ating pagiging disipulo.[3]



PAGLALARAWAN NI MATTHEW REIER

### *Mula sa mga Banal na Kasulatan*

Juan 10:14–16; 3 Nephi 17:7, 9; Moroni 6:3–4

**MGA TALA**

1. Thomas S. Monson, "Ano ang Nagawa Ko Ngayon para sa Isang Tao?" *Liahona,* Nob. 2009, 85.
2. Tingnan sa *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 9.5.1.
3. Tingnan sa *Handbook 2,* 9.5.4.
4. Mary Ellen Smoot, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 139.
5. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* (2006), 100.

### *Ano ang Magagawa Ko?*

**1.** Naghahangad ba ako ng inspirasyon para malaman kung paano tugunan ang mga espirituwal at temporal na pangangailangan ng bawat babae na iniatas sa akin na pangalagaan ko?

**2.** Paano malalaman ng kababaihang binibisita ko na nagmamalasakit ako sa kanila at sa kanilang mga pamilya?

### *Mula sa Ating Kasaysayan*

Noon pa man, ang paglilingkod sa isa't isa na ang pinakalayunin ng visiting teaching. Sa pamamagitan ng patuloy na paglilingkod, nakapagpapakita tayo ng kabaitan at pakikipagkaibigan na higit pa sa mga buwanang pagbisita. Ang pagmamalasakit natin ang mahalaga.

"Gusto kong makiusap sa ating kababaihan na huwag nang alalahanin ang pagtawag sa telepono o ang kada tatlong buwan o kaya'y buwanang pagbisita," sabi ni Mary Ellen Smoot, ang ika-13 Relief Society general president. Nakiusap siya sa atin na, "sa halip ay pagtuunan ang pangangalaga sa mga kaluluwang kailangan pang kalingain."[4]

Itinuro ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985), "Lubhang mahalaga na paglingkuran natin ang bawat isa sa kaharian." Subalit sinabi niya rin na hindi lahat ng paglilingkod ay kinakailangang napakalaki. "Napakadalas na ang ating paglilingkod ay mga karaniwang paghihikayat o pagbibigay ng mga . . . tulong sa mga karaniwang gawain," sabi niya, "ngunit anong mga maluwalhating bunga ang nagmumula . . . sa maliliit ngunit mga kusang gawa!"[5]

# Notebook ng **Kumperensya ng Abril**

*"Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko; . . . maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa" (D at T 1:38).*

Habang nirerepaso ninyo ang pangkalahatang kumperensya ng Abril 2012, magagamit ninyo ang pahinang ito (at ang mga Notebook ng Kumperensya sa darating na mga isyu) upang tulungan kayong pag-aralan at ipamuhay ang mga itinuro kamakailan ng mga buhay na propeta at apostol at ng iba pang mga pinuno ng Simbahan.

**MGA KUWENTO MULA SA KUMPERENSYA**

## Ang Aking Unang Tungkulin sa Simbahan

Sa branch ng Simbahan sa Frankfurt, Germany dating nagsisimba ang aming pamilya. Mapalad kami na maraming mababait na tao sa maliit naming branch. Isa sa kanila ang aming branch president, si Brother Landschulz. . . .

Isang araw ng Linggo, itinanong ni President Landschulz kung maaari niya akong kausapin. . . .

Pinapasok [niya] ako sa isang munting silid-aralan—walang opisina ang chapel namin para sa branch president—at doon ay ibinigay sa akin ang tungkuling maging deacons quorum president.

"Mahalagang katungkulan ito," wika niya, at nag-ukol siya ng oras na ipaliwanag ang dahilan. Ipinaliwanag niya ang inaasahan niya at ng Panginoon sa akin at kung paano ako makatatanggap ng tulong.

Hindi ko matandaan ang karamihan sa sinabi niya, ngunit tandang-tanda ko ang nadama ko. Nadama ko ang sagrado at banal na Espiritu sa aking puso habang nagsasalita siya. Nadama ko na ito ang Simbahan ng Tagapagligtas. At nadama ko na ang tungkuling ibinigay niya ay binigyang-inspirasyon ng Espiritu Santo. Natatandaan ko na paglabas ko sa munting silid-aralang iyon ay parang lumulutang ako sa tuwa. . . .

. . . Karangalan ko iyon, at nais kong maglingkod hangga't kaya ko at hindi ko bibiguin ang branch president ko o ang Panginoon.

Natanto ko ngayon na maaaring basta na lang ako tawagin ng branch president sa katungkulang iyon nang hindi ito pinag-iisipan. Maaaring basta sabihan lang niya ako sa pasilyo o sa priesthood meeting namin na ako na ang bagong deacons quorum president.

Sa halip, pinag-ukulan niya ako ng oras at tinulungan akong maunawaan hindi lamang ang *kahulugan* ng [aking] tungkulin kundi, mas mahalaga, ang *layunin nito*. . . .

. . . Isang halimbawa ito sa akin ng kapangyarihang manghikayat ng pamumuno sa priesthood na nagpapasigla sa espiritu ng tao at nagbibigay ng inspirasyong kumilos.

**Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Ang *Layunin* ng Paglilingkod sa Priesthood," *Liahona,* Mayo 2012, 58.**

### Mga Tanong na Pag-iisipan

- Paanong ang pagtanggap ng mga tungkulin sa Simbahan ay nagpapalakas sa inyo at sa pinaglilingkuran ninyo?
- Ano ang maaari ninyong gawin para ihanda ang inyong sarili sa pagtanggap ng tungkulin sa Simbahan, kahit marami kayong ginagawa?

Isiping isulat ang inyong mga ideya sa inyong journal o talakayin ang mga ito sa iba.



PAGLALARAWAN NI RUTH SIPUS

Karagdagang mapagkukunan para sa paksang ito: Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Tawag, Tinawag ng Diyos, Pagkakatawag," scriptures.lds.org; Henry B. Eyring, "Manindigan sa Iyong Tungkulin," *Liahona,* Nob. 2002, 75–78.

Para mabasa, mapanood, o mapakinggan ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, bisitahin ang conference.lds.org.

# MATALINONG PAGGAMIT NG KALAYAAN

Isa sa mga pinakamahalagang katotohanan na matututuhan natin sa ating kabataan ay nagmumula ang totoong kalayaan at walang hanggang kaligayahan sa paggamit natin ng ating kalayaan sa pagsunod sa mga utos ng Diyos.[1] Sa mga pahina 52–53 ng isyung ito, binigyang-diin ni Elder Shayne M. Bowen ng Pitumpu ang alituntuning ito.

"May potensyal kayo na matanggap ang lahat ng mayroon ang Ama. Nasa inyo ang pagpili," sabi niya sa mga kabataan.

Sa mundong puno ng kasamaan at panganib, may mahalagang papel na ginagampanan ang mga magulang sa paghahanda sa kanilang mga anak na piliin ang tama at daigin ang tukso. Sa katunayan, iniutos ng Panginoon sa mga magulang "na palakihin ang [kanilang] mga anak sa liwanag at katotohanan" (D at T 93:40).

Ang Simbahan ay naglaan sa mga magulang ng mga mapagkukunan na makatutulong sa kanilang mga anak na matutuhan at maipamuhay ang pamantayang ito. Ang sumusunod na mga mungkahi ay maaaring makatulong.

### Mga Mungkahi sa Pagtuturo sa mga Kabataan

- Basahing kasama ng inyong tinedyer ang bahaging karapatang pumili at pananagutan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan.* Kapag ginawa ninyo ito mabibigyan kayo ng pagkakataong matalakay ang pamantayan at masagot ang anumang mga tanong ng inyong anak na lalaki o babae.
- Basahin ang artikulo ni Elder Bowen sa mga pahina na para sa kabataan ng isyung ito. Isiping gamitin ang kuwento tungkol sa pagpapakain ng tamang lobo upang matulungan ang inyong tinedyer na maunawaan ang kahalagahan ng paggawa ng mabubuting desisyon.
- Magpunta sa youth.lds.org, i-klik ang "For the Strength of Youth" sa ilalim ng "Youth Menu," at pagkatapos i-klik ang "Agency and Accountability." Makahahanap kayo rito ng mga reperensya sa mga banal na kasulatan, mga video, mga tanong at mga sagot, at mga artikulo.
- Isiping magdaos ng family home evening o family devotional tungkol sa kahalagahan ng katapangan at paninindigan para sa ating pinaniniwalaan.[2]

### Mga Mungkahi sa Pagtuturo sa mga Bata

- Ang paksa sa Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary sa buwang ito ay tungkol sa pagpiling sundin ang mga kautusan (tingnan sa mga pahina 64–65 sa isyung ito). Basahin ninyo bilang pamilya ang kuwento at ipabilang sa inyong anak kung ilan lahat ang mga desisyong ginawa sa kuwento. Ipaliwanag na hinahayaan tayo ng Ama sa Langit na gumawa ng mga desisyon para matuto tayo at umunlad. Ibahagi ang ilang bagay na natutuhan ninyo sa paggawa ng mga desisyon.
- Kumpletuhin ang Aktibidad na PAT sa Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary. Pagkatapos ay pag-usapan ang mga ibubunga ng paggawa ng mabubuting desisyon. Ibahagi ang inyong patotoo sa mga pagpapalang natanggap ninyo sa paggawa ng mga tamang desisyon.
- Para sa karagdagang mga ideya tungkol sa pagtuturo ng kalayaang pumili at pananagutan, tingnan ang bahaging *2012 Outline para sa Oras ng Pagbabahagi* sa buwan ng Enero (online sa lds.org/service/serving-in-the-church/primary/sharing-time-2012). ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (buklet, 2011), 3.
2. Tingnan sa Thomas S. Monson, "Tapang na Manindigang Mag-isa," *Liahona,* Nob. 2011, 60.



### MGA BANAL NA KASULATAN TUNGKOL SA KALAYAAN SA PAGPILI

Deuteronomio 11:26–28; 30:15–20

Josue 24:14–15

2 Nephi 2

Helaman 14:30–31

Moroni 7:15–19

Doktrina at mga Tipan 58:26–28; 101:78

Moises 4:3–4

PAGLALARAWAN NI SCOTT GREER

# Pagmamahal sa Aking mga Kaaway

**Hindi ibinigay ang pangalan**

*Alam ko ang tungkol sa utos ng Panginoon na mahalin ang kapwa, pati na ang ating mga kaaway, pero kapag tinitingnan ko ang sundalo, hindi ko siya mahal.*


Lumaki ako sa isang bansa na sakop ng ibang bansa. Hindi maganda ang pagtrato ng namamahalang mga sundalo sa aking mga kababayan. Marami sa bayan namin ang inaresto, binugbog, binaril, o pinatay ng mga sundalo nang walang kadahi-dahilan. Isang araw noong ako ay 16 na taong gulang, dumating ang mga sundalo sa unibersidad namin at binaril sa ulo ang isa sa mga estudyante. Sa loob ng dalawang oras hindi nila pinayagang madala siya sa ospital. Nang araw na iyon umusbong ang galit sa aking puso para sa mga sundalong iyon. Hindi ko sila mapatawad sa pasakit na idinulot nila sa aking mga kababayan at hindi ko malimutan ang kalagayan ng estudyanteng iyon.

Nang sumapi ako sa Simbahan sa edad na 25, mahirap magsimba dahil sa mga checkpoint, curfew, at iba pang mga restriksyon sa pagbibiyahe na ipinataw sa amin. Inilagay ko pa sa panganib ang aking buhay para makatakas at makabahagi ng sakramento at makasama ang kapwa ko mga Banal sa mga Huling Araw. Mahirap dahil ako lang ang miyembro ng Simbahan sa aking pamilya at sa aming bayan. Gusto kong makasama ang mga miyembro ng Simbahan, subalit halos linggu-linggo akong hindi pinapayagan ng mga sundalo na makalusot sa checkpoint.

Isang araw ng Sabbath nang sinubukan kong tumawid sa checkpoint, sinabi ng sundalo sa akin na hindi pwede at pinauuwi na niya ako. Tiningnan ko ang sundalo at naalala ang mga salita ng Tagapagligtas: "Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway" (tingnan sa Mateo 5:43–44).

Nalaman ko noon na hindi ko *mahal* ang sundalong iyon. Ang galit na nadama ko noong tinedyer ako ay naglaho noong sumapi ako sa Simbahan, pero hindi ko mahal ang mga kaaway ko. Ibinigay ng Tagapagligtas na si Jesucristo ang utos na ito, subalit hindi magawang mahalin ng puso ko ang mga mananakop na sundalong iyon. Ikinabalisa ko ito nang ilang araw, lalo na't naghahanda akong pumasok sa templo noong panahong iyon.

Isang araw nabasa ko ang sumusunod na talata sa banal na kasulatan: "Manalangin sa Ama nang buong lakas ng puso, nang kayo ay mapuspos ng ganitong pag-ibig, na kanyang ipinagkaloob sa lahat na tunay na mga tagasunod ng kanyang Anak, si Jesucristo" (Moroni 7:48). Nadama ko na ako mismo ang kinakausap ni Mormon at ipinapakita niya sa akin kung paano magmahal.



**ESPIRITUWAL NA PAGGALING**

"Marami sa atin ang hindi pa nakaabot sa antas ng pagkamahabagin at pagmamahal at pagpapatawad [na katulad ng kay Cristo]. Hindi ito madali. Kailangan dito ang disiplina sa sarili na halos higit pa sa makakaya natin. Ngunit kapag sinikap natin, malalaman nating may pagpapagaling, na mayroong malakas na kapangyarihan ng pagpapagaling kay Cristo, at na kung gusto natin na maging Kanyang totoong mga lingkod hindi lamang natin kailangang gamitin ang kapangyarihang iyon na magpagaling para sa iba, kundi, marahil higit na mahalaga, para sa ating espiritu."

**Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), "The Healing Power of Christ,"** ***Ensign,*** **Nob. 1988, 59.**

LARAWANG KUHA NG BUSATH PHOTOGRAPHY; *SUFFER YE THUS FAR,* NI WALTER RANE, HINDI MAARING KOPYAHIN



Nagpasiya akong humingi ng tulong sa Ama sa Langit. Nag-ayuno at nanalangin ako na tulungan ako na mahalin ko ang aking mga kaaway. Ilang araw akong walang nadamang pagbabago, ngunit hindi ko alam na unti-unting binabago ng Ama sa Langit ang aking puso. Mga isang taon ang nakaraan, nang subukan kong dumaan sa isa sa mga checkpoint, sinabi sa akin ng sundalo na hindi ako puwedeng dumaan. Sa pagkakataong ito iba na ang nadama ko. Nang tingnan ko ang mga mata ng sundalong iyon, nakadama ako ng kamangha-manghang pagmamahal sa kanya. Nadama ko kung gaano siya kamahal ng Ama sa Langit, at nakita ko siya bilang anak ng Diyos.

Alam ko na ngayon, tulad ni Nephi, na hindi tayo bibigyan ng Panginoon ng kautusan maliban sa Siya ay maghahanda ng paraan upang maisagawa natin ang bagay na Kanyang ipinag-uutos sa atin (tingnan sa 1 Nephi 3:7). Kapag iniutos ni Cristo na mahalin natin ang ating mga kaaway, alam Niya na magagawa natin ito sa tulong Niya. Matuturuan Niya tayo na mahalin ang ating kapwa kung magtitiwala lang tayo sa Kanya at matututo sa Kanyang dakilang halimbawa. ■

***"Sa tuwina, si Cristo ang ating huwaran. Sa Kanyang mga turo at maging sa Kanyang buhay, ipinakita Niya sa atin ang paraan. Pinatawad Niya ang masasama, ang mahahalay, at mga naghahangad na saktan at ipahamak Siya" (Dieter F. Uchtdorf, "Ang Mahabagin ay Kahahabagan,"*** **Liahona,** ***Mayo 2012, 76).***


**PAANO NATIN MATUTUTUHANG PATAWARIN ANG IBA?**

Si Pangulong George Albert Smith (1870–1951) ay tumulong sa pagsagot sa tanong na ito sa kabanata 23 ng *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: George Albert Smith* (2011):

- "Bago natin marating ang kaluwalhatian ng ating Ama at matamasa ang mga pagpapalang inaasam nating matanggap sa pamamagitan ng katapatan, kailangan nating ipamuhay ang batas ng pagtitiyaga, at patawarin ang mga nagkakasala sa atin, at alisin sa ating puso ang lahat ng galit sa kanila."
- "Kaya kapag nakibahagi tayo sa sakrament ng Hapunan ng Panginoon, . . . alisin natin sa ating puso ang lahat ng kawalang-galang sa isa't isa at sa kapwa natin na hindi natin kamiyembro."
- "Nawa'y manahan sa atin ang Espiritu ng Panginoon, upang mapatawad natin ang lahat ng tao tulad nang utos Niya, patawarin, hindi lamang sa salita kundi sa kaibuturan ng ating puso, ang bawat kasalanang maaaring nagawa laban sa atin."

***Sino ang kailangan ninyong patawarin? Mapanalanging pag-isipan ang tamang panahon at lugar para kausapin ang tao (o mga taong) ito at ipahayag ang inyong pagmamahal at pagpapatawad.***





**Ni Elder D. Todd Christofferson**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# PAGPAPALAKAS NG PANANAMPALATAYA KAY Cristo

*Napakarami nating magagawa upang mapalakas at mapaunlad ang kaloob na pananampalataya na natatanggap natin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu*

Ibinigay ni Apostol Pablo ang marahil pinakamagandang pakahulugan ng pananampalataya: "Ngayon, ang pananampalataya ay siyang kapanatagan sa mga bagay na hinihintay, ang katunayan ng mga bagay na hindi nakikita" (Sa Mga Hebreo 11:1). Idinagdag ni Alma na ang mga bagay na inaasahan at hindi nakikita ay "totoo" (Alma 32:21).

Ang pananampalataya kay Jesucristo ay ang paniniwala at katiyakan sa (1) Kanyang katayuan bilang Bugtong na Anak ng Diyos, (2) Kanyang walang hanggang Pagbabayad-sala, at (3) Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli—at lahat ng nakapaloob sa pangunahing katotohanang ito para sa atin.

Isinama ni Pablo ang pananampalataya sa listahan niya ng mga espirituwal na kaloob (tingnan sa I Mga Taga Corinto 12:9). Ang pananampalataya ay tunay na dumarating sa pamamagitan ng Espiritu, subalit tulad ng nakasaad sa Bible Dictionary, "Bagama't ang pananampalataya ay isang kaloob, dapat pa rin itong pangalagaan at hangarin hanggang sa lumaki ito mula sa maliit na binhi at maging isang matibay na puno." Napakarami nating magagawa upang mapalakas at mapaunlad ang kaloob na pananampalataya na natatanggap natin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.

## Dumarating ang Pananampalataya sa Pakikinig sa Salita ng Diyos

Ang unang pagkadama ng pananampalataya kay Jesucristo ay dumarating sa pamamagitan ng pakikinig sa salita ng Diyos—ang ebanghelyo ni Jesucristo. Kapag ang katuruang iyan ay ibinigay at tinanggap sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ang "Espiritu ng katotohanan" (tingnan sa D at T 50:17–22), ang binhi ng pananampalataya kay Cristo ay naitanim na. Itinuro ito ni Pablo sa mga Taga Roma nang ipaliwanag niya na ang lahat ay maaaring makatanggap ng kaloob na pananampalataya: "Ang [pananampalataya'y] nanggagaling sa pakikinig, at ang pakikinig ay sa pamamagitan ng salita ni Cristo" (Mga Taga Roma 10:17). Sa madaling salita, dumarating ang pananampalataya sa pakikinig sa mensahe na siyang salita, o ebanghelyo, ni Cristo.

Sa paglalarawan niya ng ministeryo ng mga anghel, sinabi ni Mormon na palaging dumarating ang pananampalataya sa pakikinig sa ebanghelyo:

"Ang katungkulan ng [ministeryo ng kanilang mga anghel] ay tawagin ang tao sa pagsisisi, at na tuparin at isagawa ang mga tipan ng Ama na kanyang ginawa sa mga anak ng tao, upang ihanda ang daan sa mga anak ng tao, sa pamamagitan ng pagpapahayag ng salita ni Cristo sa mga piling sisidlan ng Panginoon, upang sila ay magpatotoo tungkol sa kanya.

"At sa pamamagitan ng paggawa nang gayon, inihahanda ng Panginoong Diyos ang daan upang ang nalalabi sa mga tao ay magkaroon ng pananampalataya kay Cristo, upang ang Espiritu Santo ay magkaroon ng puwang sa kanilang mga puso, alinsunod sa kapangyarihan niyon; at alinsunod sa ganitong pamamaraan pinapangyayari ng

MGA PAGLALARAWAN NI CARY HENRIE

*Ang pananampalataya ay tunay na dumarating sa pamamagitan ng Espiritu, subalit tulad ng nakasaad sa Bible Dictionary, "Bagama't ang pananampalataya ay isang kaloob, dapat pa rin itong pangalagaan at hangarin hanggang sa lumaki ito mula sa maliit na binhi at maging isang matibay na puno."*



Ama, ang mga tipang kanyang ginawa sa mga anak ng tao" (Moroni 7:31–32).

Sa atas na "magpatotoo sa kanya," ang mga misyonero ay tinatawag, itinatalaga, at binibigyan ng kapangyarihan sa ilalim ng mga susi at awtoridad ng mga apostol. Samakatwid sila ay ibinibilang sa "mga piling sisidlan ng Panginoon." Sa madaling salita, bilang mga awtorisadong sugo ng Panginoon, sa kanilang pagtuturo at pagpapatotoo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, ituturo nila ang pananampalataya kay Cristo sa mga kaluluwa ng mga nakikinig sa kanila.

Ang salita na ating inihahayag, ang salita na lumilikha ng pananampalataya kay Cristo, ay ang ebanghelyo, o mabuting balita, ni Jesucristo. Ibig sabihin, ang magandang balita ay hindi sa kamatayan nagwawakas ang buhay at ang pagkahiwalay natin sa Diyos ay pansamantala lamang. Mayroon tayong Tagapagligtas, si Jesucristo, ang banal na Anak ng Diyos, na dahil sa Kanyang Pagbabayad-sala ay nadaig ang kamatayan at impiyerno upang ang lahat ay mabuhay na muli at ang lahat ng magsisisi at mabibinyagan sa Kanyang pangalan ay magkakaroon ng lugar sa makalangit na kaharian ng Diyos magpakailanman.

### Ang Pananampalataya ay Dumarating sa Pamamagitan ng Pagsisisi

Mahalaga ang ginagampanan ng pagsisisi sa pagpapalakas ng pananampalataya kay Cristo. Ang pagtanggap sa salita ni Cristo ay lumilikha ng pananampalataya na kailangan sa pagsisisi, at ang pagsisisi naman ay nagpapalakas sa lumalaking pananampalataya. Sinabi ni Mormon, "At winika [ni Cristo]: Magsisi kayong lahat na nasa mga dulo ng mundo, at lumapit sa akin, at magpabinyag sa aking pangalan, at magkaroon ng pananampalataya sa akin, upang kayo ay maligtas" (Moroni 7:34).

Halimbawa, ang isang matalinong misyonero ay makikipagsanggunian at mananalangin kasama ang kanyang kompanyon, naghahangad ng inspirasyon hinggil sa pagsisisi na dapat sundin ng bawat investigator. Paplanuhin ng mga misyonero ang kanilang pagtuturo nang ayon dito. Mapanalangin nilang pagpapasiyahan kung anong paanyaya o mga paanyaya ang ibibigay nila sa bawat pagbisita nila sa investigator. Bubuuin nila ang kanilang mga lesson ayon sa ginawang pag-anyaya, tinutukoy ang mga doktrina na kailangan ng investigator upang tanggapin ang kanilang paanyaya.

Ang mga misyonero ang magpapasiya kung paano ituturo ang mga doktrinang iyon upang maipaunawa nila ito nang napakalinaw at magkaroon ng pananalig ang taong iyon. Magpaplano sila ng mga paraan upang magamit ang lahat ng resources na makukuha nila, kabilang ang pagtulong ng mga miyembro sa investigator na tuparin ang kanyang pangako na kumilos nang ayon sa alituntunin o kautusang itinuro. Ang ganitong uri ng pagtuturo at pagpapatotoo ng misyonero ay paraan para matulungan natin ang isang investigator na maakay sa pagsisisi.

### Ang Pananampalataya ay Dumarating sa Pamamagitan ng mga Tipan

Ang isa pang mahalagang bagay sa pagsisisi ay ang binyag sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig, na simula ng pagtataglay natin sa ating sarili ng pangalan ni Cristo. Nabanggit sa maraming talata sa mga banal na kasulatan ang "magpabinyag tungo sa pagsisisi" o "bautismo ng

pagsisisi" (tingnan sa Mga Gawa 19:4; Alma 5:62; 7:14; Moroni 8:11; D at T 35:5–6). Kinikilala sa mga talatang ito ang doktrina na ang binyag sa tubig ay ang huli o mahalagang hakbang sa pagsisisi. Ang pagtalikod sa kasalanan, lakip ang ating tipan na maging masunurin, ang bumubuo sa ating pagsisisi; sa katunayan, hindi nalulubos ang pagsisisi kung wala ang tipang iyan. Dahil dito nagiging karapat-dapat tayo para sa kapatawaran ng mga kasalanan dahil sa biyaya ni Jesucristo sa pamamagitan ng binyag ng apoy o Espiritu (tingnan sa 2 Nephi 31:17). Bukod rito, ang tipan ng binyag ay para sa hinaharap at gayundin sa nakaraan: tuwing magsisisi tayo nang taos-puso, ang tipang iyan ay napaninibago at muli tayong nagiging karapat-dapat para sa kapatawaran ng ating mga kasalanan.

Ano ang kinalaman ng mga ordenansang ito at ng mga tipang kaakibat nito sa pagpapalakas ng pananampalataya? Ang pananampalataya kay Cristo ay kailangang-kailangan sa pagpasok sa banal na mga tipan, at ang mga tipan din ay nagpapalakas sa pananampalataya ng isang tao na hindi makakamtan sa ibang paraan. Sa pamamagitan ng tipan, itinulot ng Diyos ng langit na matali ang Kanyang sarili sa bawat isa sa atin (tingnan sa D at T 82:10). Hangga't tinutupad natin ang ating mga tipan sa Kanya, obligado Siyang bigyan tayo ng lugar sa Kanyang kaharian at, lakip ang mas mataas na mga tipan, ay pagkalooban ng kadakilaan sa kahariang iyan. Siya ay Diyos na nagtataglay ng lahat ng kapangyarihan at hindi nagsisinungaling. Dahil diyan, maaari tayong manampalataya nang walang hanggan na tutuparin Niya ang Kanyang mga pangako sa atin. Sa pamamagitan ng mga tipan natin sa Diyos, magkakaroon tayo ng malakas na pananampalataya kay Cristo na sapat upang matulungan tayo sa anumang mga hamon o pagsubok, nalalaman na tiyak na maliligtas tayo sa huli.

## Mapalalaki ang Pananampalataya

Ang sinabi ko tungkol sa pagpapalakas ng pananampalataya kay Cristo ng mga tinuturuan ng mga misyonero ay angkop sa ating lahat. Dahil sa Espiritu nagkaroon tayo ng pananampalataya kay Cristo nang marinig natin ang salita ng Diyos na itinuro ng Kanyang tinawag na mga lingkod, kapwa buhay at patay. Sa pagsalig natin sa pundasyong iyan, lalakas ang ating pananampalataya sa pamamagitan ng pagdarasal nang may pananampalataya na naging bahagi na ng ating buhay sa araw-araw—at kung minsan ay bahagi ng bawat oras ng ating buhay.

Ang patuloy na pagpapakabusog sa mga salita ni Cristo sa Aklat ni Mormon at iba pang mga banal na kasulatan ay nagdaragdag at nagpapalalim ng pananampalataya na nagsimula sa pakikinig sa salita. Ang pagsisisi na nag-ugat sa pananampalataya ay lumalakas pa kapag nagiging lubos ang pagsunod. Ang pagsisisi ay nagpapalakas sa bisa ng binyag sa tubig at ng Espiritu na nagdudulot ng kapatawaran sa mga kasalanang nagawa hindi lamang bago ang binyag kundi pagkatapos din ng binyag. Ang paglilingkod sa ating kapwa na katulad ng kay Cristo ay mahalagang bahagi ng pagtupad ng tipan na nagpapalakas sa pananampalataya kay Cristo. Sa pagdaan ng panahon natutuklasan natin na ang mga ipinangakong pagpapala sa pagsunod sa Diyos ay nakamtan natin sa ating buhay at napatibay at napalakas ang ating pananampalataya.

## Ang Pananampalataya ay Alituntunin Din ng Kapangyarihan

Ang inilalarawan ko hanggang sa puntong ito ay ang antas ng pananampalataya na kinapapalooban ng katiyakang espirituwal at nagbubunga ng mabubuting gawa, lalo na sa pagsunod sa mga alituntunin at kautusan ng ebanghelyo. Ito ang totoong pananampalataya kay Cristo at ang antas kung saan dapat ituon ang ating pagtuturo sa mga investigator.

Gayunpaman, may antas ng pananampalataya na hindi lamang nagpapakilos sa atin kundi nagbibigay-kakayahan din sa atin na magbago at magawa ang mga bagay na hindi sana mangyayari kung wala ito. Tinutukoy ko ang pananampalataya hindi lamang bilang alituntunin ng paggawa kundi alituntunin din ng kapangyarihan. Sinabi ni Pablo na ang mga propeta sa pamamagitan ng pananampalatayang ito ay "nagsilupig ng mga kaharian, nagsigawa ng katuwiran, nangagtamo ng mga pangako, nangagtikom ng mga bibig ng mga leon, nagsipatay ng bisa ng apoy, nangakatanan sa talim ng tabak, nagsilakas sa kahinaan, naging mga makapangyarihan sa pakikipagbaka, nangagpaurong ng mga hukbong taga ibang lupa, [at] tinanggap ng mga babae ang kanilang mga patay sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli" (Sa Mga Hebreo 11:33–35). Ito ay kamangha-manghang mga bagay—ngunit hindi hihigit kaysa pagdaig sa matinding adiksyon o iba pang matitinding hadlang sa pananalig at pagpapabinyag.

Ang mahalaga sa pagtatamo natin ng lakas sa pamamagitan ng pananampalataya ay ang pagkatuto, pagdarasal, at pagkilos ayon sa kalooban ng Diyos. "Winika ni Cristo: Kung kayo ay magkakaroon ng pananampalataya sa akin, magkakaroon kayo ng kapangyarihang gawin kahit na anong bagay na kapaki-pakinabang sa akin" (Moroni 7:33).

Gayunpaman, nagbabala Siya, "Kung kayo ay hihingi ng anumang bagay na hindi kapaki-pakinabang sa inyo, ito ay mauuwi sa inyong kaparusahan" (D at T 88:65).

Ang sarili ninyong pananampalataya kay Cristo ay lalakas nang husto kapag hinangad ninyong alamin at gawin araw-araw ang kalooban ng Diyos. Ang pananampalataya, na alituntunin na ng paggawa sa inyo, ay magiging alituntunin din ng kapangyarihan. ■

*Mula sa isang mensaheng ibinigay sa seminar para sa mga bagong mission president sa Provo, Utah, noong Hunyo 23, 2011.*

# Pagbabahagi ng Ebanghelyo

## SA PAGIGING MABUTING HALIMBAWA

*Ang pinakamagandang paraan para maibahagi ang ebanghelyo ay ipamuhay ito.*



**Nina Stephanie J. Burns at Darcie Jensen**

Para sa ilan sa atin, madali ang pagbabahagi ng ebanghelyo. Ngunit para sa marami sa atin, hindi ito ganoon kadali. Sa katunayan, maaaring takot tayo na ibahagi sa ating mga kaibigan, pamilya, o kapitbahay ang ebanghelyo, kahit alam nating napakahalagang gawin ito.

Bukod dito, kapag naiisip natin minsan ang gawaing misyonero, masyado tayong nakatuon sa pamamaraan, aktibidad, o resulta, sa halip na magtuon sa pagtulong sa tao. Ang problema ay ang anumang pagsisikap na hindi nakatuon sa tao ay nagpapadama na hindi bukal sa loob at tapat ang pagsisikap na iyan.

Maaaring may mas magandang paraan.

Ang paraang iyan ay ang lalo pang maniwala sa ebanghelyo—bilang indibiduwal—at hayaang ang halimbawa ng ating buhay at magiliw na pakikipag-usap ang magbukas ng daan. Kapag lalo pa tayong nanalig, lalo tayong masisiyahan sa ating relihiyon, at madaragdagan ang ating hangaring matamasa ng iba ang mga pagpapala ng ebanghelyo. Kapag nangyari iyan, ang pagbabahagi ay magiging mas natural at madali.

Sa katunayan, maaaring hindi natin napapansin na ibinabahagi na pala natin ang ebanghelyo. Kapag pinag-ibayo pa natin ang ating katapatan bilang disipulo, ang epekto nito sa ating kilos, salita, at maging sa ating anyo ay mahirap balewalain. "Makikita ng iba ang inyong mabubuting gawa," paliwanag ni Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol. "Maaaring magningning ang liwanag ng Panginoon sa inyong mga mata. Sa ningning na iyan, makabubuting maghanda kayong matanong."[1]

### Buhay na mga Patotoo

Ipinaliwanag sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero*: "Ipinakita ng Tagapagligtas ang paraan. Siya ang naging perpektong halimbawa, at inuutos Niya sa atin na maging tulad Niya (tingnan sa 3 Nephi 27:27)."[2] Habang natututo ang mga miyembro tungkol kay Cristo at ninanais na taglayin ang Kanyang mga katangian sa kanilang buhay sa bisa ng Kanyang Pagbabayad-sala, sila ay nagiging higit na katulad ni Cristo at mas may kakayahang akayin ang iba tungo sa Kanya.[3]

Isang taong kabibinyag pa lamang mula sa Washington, USA, ang nagsabing dahil lamang sa pakikihalubilo niya sa mga miyembro



MGA PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER

kaya't naging interesado siya sa ebanghelyo. "Ang kaligayahang dala nila at ang nadarama ko kapag kasama ko sila ay hindi maikakaila," sabi niya. "Hindi sila nangaral sa akin ng tungkol sa Diyos. Ito ay bahagi na ng kanilang pagkatao: sa kanilang pamumuhay, mga pagpili, pagkilos at reaksyon. Nang masdan ko sila, sabi ko sa sarili ko, 'Iyan ang gusto kong buhay. Gusto kong mapabilang doon.'"

Kapag lalo pa tayong naging komportable sa impluwensya ng ebanghelyo sa ating buhay, ang pagkukuwento tungkol sa impluwensyang iyan ay nagiging mas madali dahil may mga bagay tayong napag-uusapan at dahil maibabahagi natin ang nagawa ng ebanghelyo para sa atin.

Nalaman ni Miriam Criscuolo mula sa Italy na, kahit naging mabuting magkaibigan na sila ng kanyang kapitbahay, hindi pa rin niya alam kung paano babanggitin ang ebanghelyo. "Maraming oras kaming magkasama, pero wala akong lakas ng loob na sabihin sa bago kong kaibigan ang tungkol sa ebanghelyo, kahit alam ko na tungkulin ko ito," sabi niya.

Ngunit nang kusang napag-usapan ang ebanghelyo, may nangyaring kakaiba. Nagunita ni Miriam, "Dahil sa anak ko, nang ipakita niya ang proyekto nila sa Primary, nagsimulang mag-usisa ang aking kaibigan. 'Ano'ng Primary?' tanong niya. Nasundan ang tanong na iyon ng marami pang iba. Nalaman ko na ilang taon nang may hinahanap ang aking kaibigan. Sinabi ko sa kanya na ang kapayapaan ng isipan na hinahanap niya ay matatagpuan sa ating Simbahan.

"Kalaunan ay sumapi siya sa Simbahan. Siya ay sagot sa mga panalangin ko kung paano gawin ang gawaing misyonero at ipakita sa aking mga anak kung paano ito gawin."



**MANGUSAP PA**

"Ilang taon na ang nakararaan tumira at nagtrabaho ang aming pamilya kasama ang mga taong halos sa lahat ng aspeto ay hindi kabilang sa ating relihiyon. Nang kumustahin nila ang Sabado't Linggo namin, sinikap naming . . . ibahagi ang ilang karanasang espirituwal ng aming pamilya—halimbawa, ano ang sinabi ng kabataang nagsalita tungkol sa mga pamantayan mula sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* o paano kami naantig sa mga salita ng binatang papunta sa misyon."

**Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Paghihintay sa Daan Patungong Damasco," *Liahona,* Mayo 2011, 76.**

## Makipagkaibigan Muna

Tulad ni Miriam, kung minsan nadarama nating nauubliga tayo sa tungkulin natin na ibahagi ang ebanghelyo at maaari itong humantong sa pilit at nakakaasiwang mga paguusap tungkol sa ebanghelyo. Bukod pa rito, dahil sa bigat ng responsibilidad ay maaari tayong panghinaan ng loob at malimitahan ang ating kakayahan na maipaliwanag na mabuti ang mga alituntunin ng ebanghelyo.

Ang matagumpay na mga oportunidad ng pagbabahagi ng ebanghelyo ay mas malamang na mangyari kapag ang mga miyembro ay mabubuti at tunay na kaibigan sa iba. Tulad ng sinabi ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Kung alam nilang miyembro tayo ng Simbahan sa simula pa lang, . . . tatanggapin ng mga kaibigan at kakilala na bahagi ito ng ating pagkatao."[4]

Ang paglalakip ng ebanghelyo sa pakikitungo natin sa ating mga kaibigan sa halip na ibatay ang pagkakaibigan sa pagbabahagi ng ebanghelyo ay makadaragdag sa tagumpay sa gawaing-misyonero. Si Eliana Verges de Lerda, isang miyembro ng Simbahan sa Argentina, ay nakilala ang kanyang kaibigang si Anabel noong anim na taong gulang pa lamang sila. Tumibay ang kanilang pagkakaibigan nang sabay silang mag-aral. Noong panahong iyon, hindi itinago ni Eliana ang katotohanang miyembro siya ng Simbahan.

"Hindi ako asiwang sabihin kay Anabel ang tungkol sa ebanghelyo, kahit hindi kami pareho ng pinaniniwalaan," sabi niya.

Noong 14 na taong gulang na sila, pumayag si Anabel na makinig sa mga misyonero, pero nagpasiya siyang huwag munang magpabinyag.

Nalungkot si Eliana, ngunit hindi ito nakahadlang sa patuloy nilang pagkakaibigan; ni hindi rin tumigil ang pag-uusap nila tungkol sa ebanghelyo. Pagkaraan ng ilang taon, inanyayahan ni Eliana si Anabel na sumama sa kanya sa seminary. Habang nagkaklase, damangdama ni Anabel ang Espiritu. Nang naghahanda na si Eliana sa pagpunta sa templo ilang araw makaraan iyon, sinabi sa kanya ni Anabel, "Pangako sasama ako sa iyo sa susunod." Hindi nagtagal nabinyagan si Anabel.

Ang conversion ni Anabel ay hindi



bumilang ng ilang araw; kundi ng mga taon. Nangyari ito dahil naging kaibigan muna niya si Eliana—interesado man o hindi si Anabel na tanggapin ang ebanghelyo.

## Pakikinig nang may Pagmamahal

Ang pagkakaibigan na tulad ng kina Eliana at Anabel ay kadalasang nagsisimula kapag natutuklasan ng mga tao na pareho sila ng mga interes, pamantayan, o sa iba pang mga bagay. Lumalalim ang mga pagkakaibigang ito kapag ang bawat isa ay nagbabahagi ng mga karanasan, damdamin, at pagmamahal. At siyempre, ang pagmamahal ay napakahalagang bahagi ng ipinanumbalik na ebanghelyo.

Maipadarama natin, bilang mga miyembro ng Simbahan, ang pagmamahal na katulad ng kay Cristo sa pamamagitan ng pag-uukol ng oras sa ating mga kaibigan—sa mga aktibidad, paglilingkod, at pag-uusap. Sa katunayan, maraming tao ang naghahanap ng ganyang uri ng kaibigan.

Sa paglalarawan sa ating pakikipag-ugnayan sa iba, ipinayo ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Mas mahalaga kaysa sa pagsasalita ang pakikinig. Ang mga taong ito ay hindi mga bagay na walangbuhay na ituturing lamang na mga taong bibinyagan. Sila ay mga anak ng Diyos, mga kapatid natin, at kailangan nila ang anumang mayroon tayo. Maging tapat. Makipag-usap nang taospuso. Itanong ninyo sa mga kaibigang iyon kung ano ang pinakamahalaga sa *kanila*. . . .

At makinig. . . . Pangako, tiyak na *may isang bagay* sa sinasabi nila na *laging* uugnay sa isang katotohanan ng ebanghelyo na mapapatotohanan ninyo at marami pa kayong maidaragdag dito."[5]

Hindi natin kailangang igiit ang ebanghelyo sa ating mga kaibigan. Kailangan lang nating maging mabubuting kaibigan at huwag matakot na ibahagi ang mga alituntunin ng ebanghelyo kapag may mga pagkakataon. Ginagamit ni Satanas ang takot para tangkaing hadlangan ang mga miyembro sa pagbabahagi ng patotoo. Ang matinding damdaming ito ay nakapagpapahina ng loob. Napansin ni Pangulong Uchtdorf: "Mas gusto pa ng ilan na magtulak ng kariton patawid sa kaparangan kaysa magkuwento tungkol sa pananampalataya at relihiyon sa kanilang mga kaibigan. . . . Nag-aalala sila sa iisipin sa kanila ng iba o baka makasira ito sa kanilang relasyon." Sabi pa niya, "Hindi ito kailangang magkagayon dahil may masayang mensahe tayong ibabahagi, at nasa atin ang mensahe ng kagalakan."[6]

Itinuro ng propetang si Mormon, "Ang ganap na pag-ibig ay nagwawaksi ng lahat ng takot" (Moroni 8:16). Kapag lubos nating ipinamuhay ang ebanghelyo, maiwawaksi natin ang takot sa paghalili rito ng pag-ibig sa kapwa—ang dalisay na pag-ibig ni Cristo—sa ating mga kaibigan, pamilya, at kapwa. Sa pagmamahal na ito ay mag-iibayo ang kagustuhan nating ibahagi ang ebanghelyo.[7]

**Pagbabahagi ng Ebanghelyo sa Natural na Paraan**

Kailangan ng mga anak ng Ama sa Langit ang ibinibigay na kaalaman ng ebanghelyo. Para sa mga miyembro na sumusunod sa ebanghelyo, ang buhay nila ang nagsisilbing saksi sa pagmamahal ni Cristo. Kapag ang mga miyembro ay lalong nagtuon sa pagiging tulad ni Jesucristo, sa tunay na pakikipagkaibigan, at sa pagkakaroon ng pag-ibig sa kapwa, ang pagbabahagi ng ebanghelyo ay magiging likas na bahagi ng kanilang pagkatao. Sa pagbabahagi nila sa kung sino sila, ang mga miyembro ay makatatagpo ng kapanatagan at patnubay sa mga salita ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo: "Ikaw ay ipinamanhik ko, na huwag magkulang ang iyong pananampalataya; at ikaw, kung makapagbalik ka nang muli, ay papagtibayin mo ang iyong mga kapatid" (Lucas 22:32). ■

**MGA TALA**

1. Russell M. Nelson, "Maging Uliran ng mga Nagsisisampalataya," *Liahona,* Nob. 2010, 48.
2. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 131.
3. Tingnan sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo,* 131.
4. M. Russell Ballard, "Paglikha ng Tahanang Nagbabahagi ng Ebanghelyo," *Liahona,* Mayo 2006, 86.
5. Jeffrey R. Holland, "Mga Saksi sa Akin," *Liahona,* Hulyo 2001, 16.
6. Dieter F. Uchtdorf, "Paghihintay sa Daan Patungong Damasco," *Liahona,* Mayo 2011, 76.
7. Tingnan sa Barbara Thompson, "Mag-ingat sa Puwang," *Liahona,* Nob. 2009, 120.




## ANG BISA NG "I'M A MORMON [AKO AY MORMON]"

Sinimulan noong 2010, ang kampanyang "I'm a Mormon" ay naging madali at epektibong paraan para sa mga miyembro ng Simbahan upang maibahagi ang kanilang nadarama tungkol sa kanilang pinaniniwalaan. Ang kampanya ay nakita sa TV at billboard ads sa maraming lungsod sa US at gayundin sa internet. Sa Mormon.org, ang mga Banal sa mga Huling Araw ay nagbabahagi ng mga personal na kuwento at sumasagot sa maraming tanong gaya ng "Kristiyano Ba ang mga Mormon?" at "Ano ang paniniwala ng mga Mormon tungkol sa Biblia?"

Ibinahagi ni Rochelle Tallmadge mula sa Texas, USA: "Nagdasal ako na maranasan ang pagbabahagi ng ebanghelyo at may tumawag sa akin at nagtanong kung interesado ako sa bagong Mormon.org program na ito.

"Dahil may mga kapansanan ang mga anak kong lalaki, halos lahat ng e-mail sa akin sa site ay mula sa mga taong may kapansanan o sa mga taong may kaanak na may kapansanan. Ang lubos na nakatutuwa ay ang tungkol kay Mia. Siya ay nakatira sa Oslo, Norway, at siya ay naka-wheelchair. Siya ay nagsasaliksik sa Mormon.org ng tungkol sa mga kapansanan at nakita niya ang aming video. Siya ay talagang naantig nito. Kinontak niya ang mga misyonero, nagpalitan kami ng e-mail nang buong summer, at nabinyagan siya noong kalagitnaan ng Agosto. Itinuring namin itong isang himala na napag-ugnay kami ng Panginoon kahit na nasa magkabilang panig kami ng karagatan."

# PAGTUGON

*Ang mga senior missionary sa iba't ibang panig ng mundo ay nagsalita tungkol sa malalaking gantimpla sa pagdaig sa mga balakid sa pagmimisyon.*



**Ni Kendra Crandall Williamson**


Sina Chanta at Sounthara Luangrath ay nakaupo noon sa kanilang tahanan sa California, USA, nag-iisip ng dapat nilang gawin. Napagmisyon na nila ang kanilang apat na anak, at ngayon alam nila na sila naman ang dapat magmisyon. Hindi nila inakala na mas malaking desisyon ito: labis silang mangungulila sa kanilang mga apo! Nag-alala rin sila sa ilang problema sa kalusugan. At ano ang gagawin nila sa kanilang tahanan at mga ari-arian habang wala sila?

Hindi na kakaiba ang alalahanin ng mga Luangrath tungkol sa pagmimisyon. Sa katunayan, tinukoy ni Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol ang apat na kategorya na humahadlang sa pagmimisyon ng senior missionary: pangamba, pag-aalala sa pamilya, paghahanap ng tamang pagkakataon upang magmisyon, at pera.[1]

Kailangan ang malaking pananampalataya para madaig ang mga balakid na ito, isang katangian na ipinakita ng mga Luangrath

# SA TAWAG NG PROPETA





"Nangangailangan tayo ng marami pang mga senior couple. . . . Ihanda ang inyong sarili na lisanin ang tahanan at [magmisyon] nang full-time. May ilan lamang na mga pagkakataon sa inyong buhay kung kailan maaari ninyong matamasa ang [kalugud-lugod] na diwa at kasiyahan ng paglilingkod nang magkasama sa gawain ng Guro."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Sa Pagkikita Nating Muli," *Liahona,* Nob. 2010, 6.**

*Sina Chanta at Sounthara Luangrath, na lumipat sa California, USA, ay nakaturo sa Laos—ang bayan kung saan sila isinilang at lumaki at ngayon ay naglilingkod dito bilang mga missionary.*

ITAAS: LARAWANG KUHA NI ROBERT CASEY

nang marinig nila ang panawagan ni Pangulong Thomas S. Monson para sa mas marami pang misyonero noong pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2010. "Damang-dama namin ang Espiritu," paggunita nila. "Gusto naming sundin ang propeta, kaya nagpasa kami ng mission application."

Ang mga Luangrath ay tinawag na maglingkod bilang mga humanitarian missionary sa Laos, sa bayan kung saan sila isinilang, lumaki, at nag-asawa. Napawi ang kanilang pangamba nang naghahanda na silang maglingkod: sinuportahan

*Kaliwang itaas: Tinutulungan ng mga senior missionary na naglilingkod sa Salt Lake City, Utah, ang mga refugee mula sa iba't ibang bansa na kalilipat sa kanilang mga bagong tahanan, kabilang dito ang pamilya Ntabwoba ng Rwanda, na nabuklod kamakailan sa templo*





*Si Sondra Jones ay naglingkod sa kababaihan ng Marshall Islands (kaliwa, kasama ang asawang si Neldon).*

sila ng kanilang pamilya, nalutas ang mga problemang pangkalusugan, at pinaupahan nila ang kanilang bahay. Nagkaroon sila ng kumpiyansa nang gawin nila ang iniutos ng Tagapagligtas: "Yumaon ka, . . . pumarito ka, sumunod ka sa akin" (Marcos 10:21).

Ang mga senior missionary ay maaaring magmisyon sa maraming paraan at sa maraming lugar. Tulad ng inilalarawan sa sumusunod na kuwento, naglilingkod man nang full-time o part-time, mag-asawa man o walang asawa, sa sarili man nilang bansa o sa ibang bansa, malalampasan ng mga senior adult ang mga balakid sa kanilang daan.

*Si Martha Marin (dulong kanan) ay full-time na naglingkod sa employment resource center sa Puebla, Mexico.*



### Pagharap sa Pangamba

*"Ang pangamba dahil sa hindi namin alam ang gagawin o sa takot na hindi kami mahusay sa mga banal na kasulatan o sa wikang gagamitin ay lumikha ng pag-aabutiling maglingkod. Ngunit sinabi ng Panginoon, 'Kung kayo ay handa kayo ay hindi matatakot' (D at T 38:30). Ang inyong buhay ang siyang inyong paghahanda. . . . Humayo at magpakatotoo."*[2]

**Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol**

Ang pangamba o takot ay hadlang sa gawaing misyonero. May ilang tao na natatakot na wala silang sapat na mga kasanayan at kaalaman sa paglilingkod. Ang iba ay nangangamba na matira sa ibang lugar sa mundo o makisalamuha sa mga taong hindi nila kilala.

Si Sister Martha Marin ng Veracruz, Mexico, ay hinarap ang kanyang mga pangamba nang maglingkod siya nang full-time sa employment resource center sa Puebla, Mexico. Hindi siya sanay gumamit ng mga computer, na mahalagang bahagi ng employment center. Ngunit sa tulong at suporta ng kanyang kompanyon at ng iba pang kasama niya sa trabaho, natuto siyang gumamit nito. "Ang balakid na ito ay naging isang pagpapala," sabi niya. "Alam ko na hindi ako nag-iisa sa gawaing ito."

Si Sister Sondra Jones ng Utah, USA, ay tinawag na maglingkod sa Marshall Islands kasama ang kanyang asawang si Neldon. "Takot na takot ako sa papasukan ko. Lagi akong kinakabahan sa pagsisikap kong ituro ang ebanghelyo," sabi niya. Matapos madama sa simula na wala siyang maitutulong, nagpasiya siyang magtuon ng pansin sa kanyang mga talento at kakayahan. Natutuhan niyang mahalin ang mga Marshallese at pinaglingkuran sila sa pamamagitan ng paggugupit ng kanilang buhok at pagtuturo sa kanilang manahi.

Pagkaraan ng 18 buwan kinalkula niya na mga 700 ang nagupitan niya ng buhok. Dahil sa kasabikan niyang ibahagi ang kanyang mga talento nakapaglingkod siya at naging

kaibigan ang daan-daang tao, kabilang na ang mga miyembro ng Simbahan, mga investigator, at iba pang mga miyembro ng komunidad.

### Paglutas sa mga Alalahanin ng Pamilya

*"Wala nang iba pang maipagkakaloob ang mga lolo't lola sa kanilang mga inapo kundi ang sabihin sa pamamagitan ng gawa at salita na, 'Sa pamilyang ito nagmimisyon tayo!' "*[3]

**Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol**

Ang isiping iwan ang nahihirapang mga anak o lumalaking mga apo ay tila hindi kayang gawin ng maraming tao. Subalit, natutuklasan ng mga misyonero na napalalakas ng kanilang paglilingkod ang kanilang mga pamilya sa paraang hindi nila inasahan.

Sina Raymond at Gwen Petersen ng Wyoming, USA, ay apat na beses nagmisyon. Ang pag-alis nila patungo sa kanilang pangalawang mission—sa Samoa sa ikalawang pagkakataon—ay naging mahirap sa simula para sa kanilang mga anak, na hindi nauunawaan kung bakit kailangang magmisyon ng *isa pa* ang kanilang mga magulang.

Kaagad natanto ng pamilya ang malaking pagpapalang dulot ng kanilang paglilingkod. "Lahat sila ay pinagpala!" sabi ni Sister Petersen. "Isang mag-asawa na hindi magkaanak ang biniyayaan ng isang anak na lalaki, ang isa ay mahimalang gumaling sa kanser, ang isa naman na may problema sa anak ay nakakita ng malaking pagbabago at ang isa pa ay umunlad sa negosyo."

Ang kanilang kasipagan ay nag-iwan ng pananampalataya sa kanilang angkan. "May apat kaming apong lalaki na nasa misyon ngayon na nagsabing kami raw ang kanilang inspirasyon sa pagmimisyon," sabi ni Sister Petersen. "May hihigit pa ba dito?"

### Paghanap ng Tamang Pagkakataon Upang Magmisyon

*"Lagi akong namamangha kung paano itinutugma ng Espiritu Santo ang mga katangian at pangangailangan ng bawat misyonero at mag-asawa sa maraming iba't ibang kalagayan ng pagmimisyon sa buong mundo."*[4]

**Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol**



*Sina Raymond at Gwen Petersen ay nagmisyon nang dalawang beses sa mga Banal sa mga Huling Araw sa Samoa.*

Kailangan ang paglilingkod ng senior missionary sa mga employment center, mission office, family history center, templo, at visitors' center, at iba pang mga lugar. Maaaring humiling ang mga aplikante kung saan nila gustong maglingkod, ngunit ang tawag pa rin ay mula sa Panginoon, sa pamamagitan ng Kanyang propeta. Alam ng Panginoon ang tamang pagkakataon para sa bawat nakahandang single sister o sa mag-asawa.

*Sina George at Hine Chase ay naglingkod bilang mga humanitarian director sa Papua New Guinea.*





## MGA PAGBABAGO SA MGA PATAKARAN SA SENIOR MISSIONARY

- Ang mga mag-asawang misyonero ay maaaring piliing maglingkod sa loob ng 6, 12, 18, o 23 buwan.
- Ang upa sa bahay para sa mga senior couple ay hindi lalampas ng US$1,400 kada buwan.
- Maaaring umuwi ang mga senior missionary kung may mahahalagang kaganapan sa pamilya (hanggang 10 araw) sa sarili nilang gastos.

Para sa mas detalyadong impormasyon, tingnan sa http://lds.org/church/news/changes-in-senior-missionary-rules.

Natuklasan nina George at Hine Chase ng New Zealand na ang mission call nila ay akma sa kanila; ikinatuwa nila na nakatulong ang kanilang mga trabaho at talento ng pamilya sa kanilang paglilingkod sa gawaing humanitarian sa Papua New Guinea.

Si Elder Chase ay dating karpintero at makakatulong sa pagkalkula at pag-organisa ng mga proyekto gaya ng pagpapagawa ng mga balon ng tubig. Si Sister Chase ay nagtrabaho ng 18 taon sa opisina. "Ang mga kasanayan ko sa pangangasiwa at sa computer ay napakahalaga," sabi niya. Magkasama nilang ginamit ni Elder Chase ang kanilang mga abilidad para pangasiwaan ang isang career workshop program, tulungan ang mga tagaroon na matutuhan ang mga kasanayang gaya ng matalinong paggamit ng oras, pag-organisa, pamumuno, kalinisan, at komunikasyon.

Magkasamang ginamit ng mga Chase ang kaalamang natamo nila mula sa kanilang mga tungkulin sa Simbahan at—higit sa lahat—mula sa pagiging mga magulang. Sa pamamahagi ng mga Chase ng mga gamit sa pag-aaral at pagpapaganda ng infant child care, nakatulong ang pagiging magulang nila na pahalagahan ang mga paghihirap na kinakaharap ng mga pamilya at paaralan doon.

Sina Peter at Kelly Sackley ay naglingkod sa Hong Kong area office.



### Paglutas sa Problema sa Pananalapi

*"Makipag-usap sa inyong mga kamag-anak at bishop o branch president. Kapag naunawaan ng mga tagapaglingkod ng Panginoon ang inyong temporal na sitwasyon, matatanggap ninyo ang mga walang hanggang pagpapala ng full-time [na pagmimisyon]."*[5]

**Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol**

Maraming mag-asawa ang natatakot na wala silang sapat na pera para makapagmisyon. Iniisip nila ang kanilang gastusin sa pagkain, gamot, at bahay at kung paano mababayaran ang mga ito. Nauunawaan ng mga lider ng simbahan ang mga alalahaning ito at gumawa ng pagbabago sa patakaran para mapagaan ang pasanin (tingnan sa sidebar sa kaliwa). Gayunpaman, kailangan pa rin ang pananampalataya, maingat na pagpaplano, at kaunting sakripisyo sa paglutas sa mga problema sa pananalapi.

Nahirapan pa rin sina Leonard at Vera Chisango ng Zimbabwe kahit epektibo ang plano nila. Pinaghandaan nila ang kanilang pagmimisyon sa buong panahon ng pagsasama nila bilang mag-asawa, at alam nila na masusuportahan sila ng kanilang mga pensiyon at investment sa unang misyon nila sa Johannesburg South Africa Temple. Ngunit habang sila ay naglilingkod, biglang sumama ang lagay ng ekonomiya, at nabawasan ng malaki ang kanilang mga investment.

Sa tulong ng kanilang pamilya, ang mga Chisango ay nanatili sa kanilang misyon. Nakatutuwa ang mga pagpapalang dulot ng sakripisyong iyon: umunlad ang negosyo ng kanilang anak na lalaki, tumaas ang posisyon sa trabaho ng kanilang anak na babae, at natutong magtulungan ang kanilang mga anak para suportahan ang kanilang mga magulang.

Maraming senior missionary ang nagpapatotoo na ang mga pagpapalang dulot ng paglilingkod ay napakalaki kaysa nagastos. Si Elder Peter Sackley, isang missionary mula sa Canada na naglilingkod kasama ang kanyang asawang si Kelly sa Hong Kong area office, ay ibinuod nang ganito ang nadarama ng marami: "Mula sa trabahong suwelduhan napunta ako sa trabahong puno ng pagpapala."

### Pagdaig sa mga Balakid sa Pamamagitan ng Pagpapalakas ng Pananampalataya

*"Maraming mapagpakumbabang Banal sa mga Huling Araw ang natatakot na baka hindi sila karapat-dapat magmisyon. Pero sa gayong magiging misyonero, ibinigay ng Panginoon ang katiyakang ito: 'Pananampalataya, pag-asa, pag-ibig sa kapwa-tao at pagmamahal, na may matang nakatuon sa kaluwalhatian ng Diyos, ang kinakailangan upang maging karapat-dapat siya sa gawain.'"*[6]

**Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol**

Para madaig ang apat na balakid sa paglilingkod ng senior missionary, nagmungkahi si Elder Hales ng simpleng solusyon: "Sumampalataya; batid ng Panginoon kung saan kayo kailangan."[7] Ang pananampalataya ang dumadaig sa takot, nagpapalakas ng mga pamilya, tumutulong sa senior missionary na mahanap ang tamang pagkakataong maglingkod, at tumutulong na malutas ang problema sa pananalapi.

Maraming taon na ang nakaraan, nagkaroon ng ganitong pananampalataya ang isang batang babaeng Polish na si Stanislawa Habel. Kalaunan sa kanyang buhay, inakay siya ng kanyang pananampalataya na tanggapin ang ipinanumbalik na ebanghelyo at maglingkod bilang family history missionary sa Utah noong siya ay nasa hustong gulang na.

Ang paglilingkod ni Sister Habel ay nagturo sa kanya ng isang sikreto: "Mas bumabata ang mga nagmimisyon." Ngumiti siya at nagsabing, "Kapag nalilimutan mo ang mga balakid, natututo kang magpasalamat. Natututo kang maging higit na katulad ni Cristo sa pamamagitan ng paglilingkod sa kapwa, at ito ay paghahandang mamuhay sa piling ng Ama sa Langit. Maaaring mabago ng misyon ang buhay ng isang senior missionary."

Totoo nga ito, at maaaring mabago rin nito ang buhay ng mga taong buong pagpapakumbaba nilang pinaglilingkuran. ■

*Ang mga senior missionary ay naglilingkod sa iba't ibang paraan sa iba't ibang panig ng mundo. Bumisita sa liahona.lds.org para mabasa pa ang kanilang mga kuwento.*

LARAWAN NG JOHANNESBURG SOUTH AFRICA TEMPLE NA KUHA NI CRAIG DIMOND © IRI





*Sina Leonard at Vera Chisango ay naglingkod sa Johannesburg South Africa Temple (kanan).*

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Robert D. Hales, "Mga Mag-asawang Misyonero: Panahon Upang Maglingkod," *Liahona,* Hulyo 2001, 28–31.
2. Robert D. Hales, *Liahona,* Hulyo 2001, 29.
3. Jeffrey R. Holland, "Tayong Lahat ay Kabilang," *Liahona,* Nob. 2011, 46.
4. Richard G. Scott, "Panahon na para Magmisyon!" *Liahona,* Mayo 2006, 89.
5. Robert D. Hales, "Mga Mag-asawang Misyonero: Mga Biyayang mula sa Sakripisyo at Paglilingkod," *Liahona,* Mayo 2005, 40.
6. Russell M. Nelson, "Matatandang Misyonero at ang Ebanghelyo," *Liahona,* Nob. 2004, 81.
7. Robert D. Hales, *Liahona,* Hulyo 2001, 31.


"Marahil ay wala nang mas mainam na paraan para pasalamatan ang Diyos kaysa paglilingkod sa full-time mission."

**Elder Leonard Chisango, Zimbabwe**

*Tinutulungan ni Stanislawa Habel ang mga patron sa Family History Library sa Salt Lake City, Utah.*



# ANG MGA PAGPAPALA SA PAGTUTUON NG PANSIN SA TEMPLO



"Ngayon, hinggil sa kalagayan ng kaluluwa sa pagitan ng kamatayan at ng pagkabuhay na mag-uli—Masdan, ipinaalam sa akin ng isang anghel, na ang espiritu ng lahat ng tao matapos na sila ay lumisan sa katawang mortal na ito, oo, ang espiritu ng lahat ng tao, maging sila man ay mabuti o masama, ay dadalhin pabalik sa Diyos na sa kanila ay nagbigay-buhay."

**Alma 40:11**

*Wala nang mas dakila pang gawain kaysa pagbuo ng isang walang hanggang pamilya—at ang gawaing iyan ay naisasakatuparan sa bahay ng Panginoon.*

**Ni Joshua J. Perkey**
Mga Magasin ng Simbahan

Kakaunting bagay lang sa buhay ang dinaramdam natin nang higit pa kaysa pagkawala ng isang mahal sa buhay. Naranasan ni Bishop Richard Rodriguez at ng kanyang asawang si Ruth ang pagkawalang ito. Ngunit dahil sa matang nakakakita at taingang nakaririnig at sa pamamagitan ng mga sagradong ordenansa ng templo, hinarap nila ang pagsubok na ito nang may pananampalataya, na lalo pang nagpalapit sa kanila sa Tagapagligtas, sa kaligayahan at kapayapaan.

### Pagharap sa Pagkawala ng Mahal sa Buhay

Nagkakilala sina Richard at Ruth habang nagtatrabaho sa isang kompanya ng semento sa Azogues, isang maliit na bayan sa Andes Mountains hindi kalayuan sa Cuenca, Ecuador. Si Richard ay convert sa Simbahan, na sumapi kasama ang kanyang ina at kapatid na lalaki ilang taon na ang nakararaan. Sa panahong iyon, si Ruth ay hindi miyembro.

"Noong makilala ko si Ruth, hindi ko na siya maiwan," sabi niya nang nakangiti.

Nagpakasal sila noong 1996. Makaraan lamang ang ilang buwan, pumanaw ang ama ni Ruth.

"Ang kamatayan niya ang nagdulot ng matinding kalungkutan sa aking buhay," paliwanag ni Ruth. "Hindi mo kailanman malilimutan ang pagkawala ng iyong mahal sa buhay. Palaging mong madarama ang kawalan."

Noong 2001, pumanaw ang ina ni Richard. Muli, labis na kalungkutan ang idinulot nito. Ngunit sa pagdaan ng mga taon, lumalim ang kaalaman at patotoo ni Richard sa ebanghelyo, at iyan ay nagbigay sa kanya ng kapanatagan.

"Dahil sa ebanghelyo," sabi niya, "naunawaan ko nang kaunti ang kinaroroonan ni Inay. Ibinahagi ko ang Alma 40:11 kay Ruth at ipinaliwanag ang nangyayari sa espiritu sa sandaling lisanin nito ang katawan. Malaking kaginhawahan ito sa aming dalawa."

### Pagpapahalaga sa Kalayaan

Gayunpaman, hindi pa rin interesado si Ruth sa Simbahan, bagama't mabait siya sa mga miyembro at missionary ng Simbahan. "Sa tingin ko kasi hindi ko kailangang magpalit ng relihiyon," sabi niya.

Nagpasiya si Richard na huwag itong igiit pa. "Tuwing pag-uusapan namin ang tungkol sa Simbahan, nauuwi sa hindi maganda ang paguusap namin," sabi niya. "At kapag pinilit ko siya,

DETALYE MULA SA *ANG WALANG-HANGGANG LUNGSOD*, NI KEITH LARSON © 2000; LARAWAN NG GUAYAQUIL ECUADOR TEMPLE NA KUHA NI JANAE BINGHAM



lalo pa itong sumasama. Kaya tumigil na ako. Hindi ko gustong gawin iyon sa kanya."

Noong taglagas ng 2001, inanyayahan ng mga missionary si Ruth na dumalo sa isang binyag. Ang desisyon niyang tanggapin ang paanyaya ay nagpabago ng lahat.

Sa binyag ay nagbahagi ng patotoo ang babaeng bininyagan. "Binanggit niya ang mga himala na nangyari sa kanyang buhay magmula noong makilala niya ang Simbahan—mga himala na nagdulot ng kalusugan, kagalingan, at lakas," paggunita ni Ruth. "Ang babaeng ito ay mag-isa na sa buhay subalit siya ay may ganitong patotoo."

Nag-isip si Ruth kung paanong ang isang babae na nakaranas ng gayong kahihirap na pagsubok ay nagkaroon ng ganoong uri ng pananampalataya. Ang tanong na iyon at pagdalo sa paanyaya sa binyag ay umantig sa puso ni Ruth at naghanda sa kanya na tanggapin ang pagpapatunay ng Espiritu.

"Noon ako nagpasiyang magpabinyag. Kalaunan, nang kami na lang ni Richard, sinabi ko, 'Richard, ano kaya kung magpabinyag ako sa Disyembre?' At iyon nga ang nangyari. Marami na akong alam sa Simbahan at sa ebanghelyo. Pero kailangan ko pa ring makinig sa pagtuturo ng mga missionary."

"Inihahanda ng Diyos ang mga puso ng tao," sabi pa ni Richard. "Kaya nating gawin mismo ang ilang bagay. Marami na akong ginawa, pero hindi nangyari iyon hangga't hindi handa si Ruth."

Sumang-ayon si Ruth: "Maraming pagsubok ang kinailangan kong kayanin nang magpakasal kami. Nang makayanan ko ang mga pagsubok na iyon, doon ko natanto na hindi ko na kailangang maghintay ng isa pang himala sa aking buhay. Noon na ako naging handang magpabinyag."

### Pagharap sa mga Hamon nang may Pananampalataya

Ang binyag ni Ruth noong Disyembre 2001 ay simula ng pagbabago ng pokus ng kanilang pamilya. Dahil sa pagbabagong iyon



"Ang kaligayahan sa buhay ng mag-anak ay lalong higit na makakamit kapag isinalig sa mga turo ng Panginoong Jesucristo."

**"Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,"** ***Liahona,*** **Nob. 2010, 129.**

***Itaas: Sina Richard at Ruth Rodriguez kasama ang kanilang mga anak (mula kaliwa): Maria Judith, Jorge, Richard Jr., at Freddy. Sila ay ibinuklod sa Guayaquil Ecuador Temple (kanan).***

nagkaroon ng espirituwal na lakas at mga pagpapala na pumatnubay sa kanila hanggang sa panahong ito.

"Nabuklod kami sa templo noong Hunyo 28, 2003," sabi ni Richard. "Dahil diyan, maraming pagpapala ang dumating sa aming buhay. Ang unang dalawang anak namin ay nabuklod sa amin, at ang dalawang sumunod na anak namin ay isinilang sa tipan. Biyaya sa amin ang aming mga anak."

Ipinaliwanag ni Richard na ang paglilingkod nang tapat sa Simbahan ay nagdulot ng pagkakasundo sa kanilang tahanan: "Kami ng asawa ko ay nagtutulungan. Naharap kami sa mga hamon at pagsubok, pero nakayanan namin ang mga ito nang nagkakaisa. Pareho kami ng pinaniniwalaan. Dahil nabuklod kami sa templo, alam namin na kung magtitiis kami nang buong katapatan, tutulungan kami ng Panginoon."



"Ang plano ng kaligayahan ng Diyos ang nagpapahintulot sa mga ugnayan ng mag-anak na magpatuloy sa kabilang-buhay. Ang mga banal na ordenansa at tipan na makukuha sa mga banal na templo ang nagbibigay ng pagkakataon sa mga tao na makabalik sa kinaroroonan ng Diyos at upang ang mga mag-anak ay magkasama-sama sa walang-hanggan."

**"Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,"** ***Liahona,*** **Nob. 2010, 129.**

## Ang Pagtutuon ng Pansin sa Templo ay Nagpabago sa Ward

Noong binyagan si Ruth, 25 miyembro lamang ang sakop ng noo'y dating Azogues Branch. Ngayong isang ward na, kadalasang 75 o mahigit pang miyembro ang dumadalo sa sacrament meeting.

"Pinalalakas mo ang bawat tao kapag pinalalakas mo ang mga pamilya," sabi ni Ruth. "Kapag sinusunod ng mga miyembro ang mga kautusan at nakikinig sa lahat ng itinuturo ng mga lider sa atin, napalalakas natin ang ating mga pamilya at ang ward. Parang ang bawat pamilya ay bahagi ng pundasyon na nagtutulungan sa ward upang ito ay lumakas."

Bilang bishop, hinikayat ni Richard na palakasin ang mga pamilya sa pamamagitan ng paggawa at pagtupad ng mga tipan sa templo at madalas na pagsamba sa templo. Ang isang halimbawa ng mithiing ito ay ang mga ward temple trip sa Guayaquil Ecuador Temple, mga limang oras ang layo.

"Dumadalo kami bilang ward nang madalas hangga't maaari," sabi ni Ruth. "Ang layunin namin ay mabuklod ang bawat pamilya sa templo."

"Ang pagpunta sa templo para mabuklod ay nakatulong sa espirituwal na pag-unlad ng mga pamilya," sabi pa ni Richard. "Sa nakaraang mga taon maraming pamilya ang nabuklod. At ngayon inihahanda na nila ang mga pangalan ng sarili nilang pamilya at nagsasagawa ng mga ordenansa para sa kanilang mga ninuno. Ang mga nagsagawa nito ay nagkaroon ng mas matibay na pangako sa ebanghelyo ni Jesucristo at naging mas masaya. Nabago ng templo ang pananaw ng mga miyembro."

## Ang Pagtutuon ng Pansin sa Templo ay Nagpapabago sa Bawat Tao

Dahil sa sagrado at personal na mga karanasan, nagkaroon ang pamilya Rodriguez ng isang malakas at personal na patotoo tungkol sa mga tipan sa templo at sa pagsasagawa ng nakapagliligtas na mga ordenansa para sa mga ninuno.


"Naisagawa na namin ang mga ordenansa para sa aming mga tiyo at tiya, na mga kapatid ng aking ama," sabi ni Ruth. "Nadama namin na kailangang kami mismo ang gumawa nito para sa aming pamilya. Alam ko na totoo ang nakapagliligtas na mga ordenansa na ginagawa namin. Malaking kapayapaan ang nadarama ko sa mga nagawa namin para sa aming mga ninuno. Ito ay isang napaka-espesyal na gawain."

Nagpatotoo si Richard, "Gustung-gusto kong ginagawa ang mga gawain sa templo para sa mga pumanaw na. Habambuhay natin itong gagawin. Ito ang gusto naming gawin."

Ang pagdalo sa templo ay nagpabago sa kanilang pamilya. "Noong mabuklod kami sa templo, malaki ang ipinagbago ng mga bagay-bagay," sabi ni Ruth. "Nadagdagan ang aming espirituwal na lakas."

Sumang-ayon si Richard: "Para sa aming pamilya, nangahulugan ito ng lalong pagkakaisa, nalalaman na mas tumibay ang samahan namin, na sa huli ay siyang simula at wakas ng lahat ng bagay, ito ang nagbibigay sa amin ng lakas na sumulong. Ang buhay ay laging may mga pagsubok. Ngunit sa pananaw na ibinibigay sa atin ng templo, mahaharap natin ang kinabukasan sa kakaibang paraan. Ang maibahagi ang mga pagpapalang ito—at lalo na ang matulungan ang iba pang mga pamilya na gawin din ang gayon—ay nagdudulot ng malaking galak sa aming buhay. Nadama ko na mas tumibay ang pangako kong gampanan ang aking mga responsibilidad sa aming tahanan."

Nadama ni Richard na ang desisyon ng pamilya na maghanda sa pagpasok sa templo, tumanggap ng mga ordenansa, mabuklod, at bumalik upang magsagawa ng nakapagliligtas na mga ordenansa para sa kanilang mga ninuno ay isa sa malalaking pagpapalang natanggap nila. "Kapag nanampalataya tayo at tinanggap ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo at lalo na kapag nagpunta tayo sa templo upang mabuklod at tumanggap ng nakapagliligtas na mga ordenansa sa pamamagitan ng priesthood, nagbabago ang buhay," sabi niya. "Hindi na tulad ng dati ang taong iyon na tumanggap ng mga tipan sa templo." ■



### KUMILOS BILANG MGA KINATAWAN NG ATING SARILI

"Sa malaking pagkakabaha-bahagi ng lahat ng nilikha ng Diyos, may 'mga bagay na kumikilos at mga bagay na pinakikilos' (2 Nephi 2:14). Bilang mga anak ng ating Ama sa Langit, tayo ay biniyayaan ng kaloob na kalayaan, ang kakayahan at kapangyarihang kumilos para sa sarili. Dahil napagkalooban ng kalayaan, tayo ang mga kinatawan ng ating sarili, at tayo ang talagang kumikilos at hindi pinakikilos—lalo na kapag tayo ay 'mag[ha]hangad na matuto . . . sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya' (D at T 88:118)."

**Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Mangagpuyat sa Buong Katiyagaan," *Liahona,* Mayo 2010, 42.**

LARAWAN NG PAMILYA NA KUHA NI JOSHUA J. PERKEY

PAANO NAMUMUHAY ANG

# mga Disipulo ni Cristo

SA PANAHON NG

# Digmaan at Karahasan

*Ang mga alituntunin mula sa Aklat ni Mormon ay tumutulong sa atin na mamuhay nang may pananampalataya at pag-asa sa panahon ng kaguluhan.*



**Itaas: Tiniis ni Nephi ang pagkagapos sa loob ng apat na araw hanggang sa magsisi sina Laman at Lemuel at pawalan siya (tingnan sa 1 Nephi 18:9–21). Kanan: Wala ni isa sa 2,000 kabataan sa hukbo ni Helaman ang napatay sa digmaan (tingnan sa Alma 56:44–57).**

**Ni David Brent Marsh**
Bahagi para sa Priesthood

Nabubuhay tayo sa panahong laganap ang digmaan at karahasan. Nababalita ang ganitong kahindik-hindik na mga kaganapan araw-araw. Sinabi ng propeta ng Panginoon na si Pangulong Thomas S. Monson, "Naparito tayo sa mundo sa panahong puno ng kaguluhan."[1] Pinagtibay niya ang sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008): "Nabubuhay tayo sa panahong gumagawa ang mararahas na tao ng kakila-kilabot at nakamumuhing mga bagay. Nabubuhay tayo sa panahon ng digmaan."[2]

Bagama't nakalulungkot, hindi na ito nakapagtataka. Itinuro sa mga banal na kasulatan na sa mga huling araw si Satanas ay "[makikidigma]" (Apocalipsis 12:17) sa matatapat at na ang "kapayapaan ay aalisin sa mundo" (D at T 1:35).

Nakita ng Diyos ang ating panahon at tinawag si Propetang Joseph Smith upang ilabas ang Aklat ni Mormon para tulungan tayo (tingnan sa D at T 1:17, 29; 45:26). Sa 239 na mga kabanata sa Aklat ni Book of Mormon, 174 (73 porsiyento) ang tungkol sa digmaan, terorismo, pagpatay, mga sabwatan sa pulitika, lihim na pagsasabwatan, pagbabanta, pagkakaisa ng pamilya para sa masamang layunin at iba pang mga kaguluhan.


Bakit itinala ng mga tagapag-ingat ng Aklat ni Mormon ang napakaraming insidente ng digmaan? Sumagot si Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994), "Mula sa Aklat ni Mormon nalaman natin kung paano namumuhay ang mga disipulo ni Cristo sa panahon ng digmaan."[3] Ang sumusunod ay mga kaalaman na maaaring gumabay sa atin sa panahong ito na puno ng kaguluhan.

## Ang Pagsunod ay Nagdudulot ng Kaligtasan

Maraming beses sa Aklat ni Mormon, iniligtas ng Panginoon ang Kanyang mga disipulo kung sinusunod nila ang Kanyang mga kautusan.[4] Itinuro ni Nephi, "Ang magiliw na awa ng Panginoon ay sumasalahat ng kanyang mga pinili, dahil sa kanilang pananampalataya, upang gawin silang malakas maging sa pagkakaroon ng kapangyarihang maligtas" (1 Nephi 1:20). Pagkatapos ay itinala ni Nephi kung paano iniligtas ng Panginoon ang kanyang ama mula sa mga taong nagtangkang pumatay rito, iniligtas ang kanyang pamilya mula sa pagkawasak ng Jerusalem, iniligtas silang magkakapatid sa tangkang pagpatay sa kanila ni Laban, at iniligtas siya sa karahasan nina Laman at Lemuel (tingnan sa 1 Nephi 2:1–3; 3:28–30; 4; 7:16–19; 18:9–23).

Sinabi ni Alma sa kanyang anak na si Shiblon, "Nais kong pakatandaan mo, na

KALIWA: *SILA AY LABIS NA NAGMALUPIT SA AKIN*, NI WALTER RANE, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM;
KANAN: *NAGTITIWALA SILA SA DIYOS*, NI WALTER RANE, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM



Maraming beses sa Aklat ni Mormon, iniligtas ng Panginoon ang Kanyang mga disipulo kung sinunod nila ang Kanyang mga kautusan.



**POPROTEKTAHAN TAYO NG DIYOS**

"Pasasaatin ang Diyos. Pangangalagaan Niya tayo. Tayo ay Kanyang poprotektahan . . . kung tayo ay magiging totoo at tapat at masunurin at makikinig sa Kanyang salita."

**Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), "God Will Protect Us in These Perilous Times," *Church News,* Peb. 22, 2003, 3.**

habang ibinibigay mo ang iyong lubos na tiwala sa Diyos ikaw ay maliligtas mula sa iyong mga pagsubok, at iyong mga suliranin, at iyong mga paghihirap" (Alma 38:5). Napansin din ni Mormon na "yaong matatapat sa pagsunod sa mga kautusan ng Panginoon ay naliligtas sa lahat ng panahon" (Alma 50:22). Pinagtibay ni Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol ang alituntuning ito nang sabihin niya: "Sa pagsunod ay patuloy na dadaloy ang mga pagpapala ng Diyos. Bibiyayaan Niya ang Kanyang masunuring mga anak ng kalayaan mula sa pagkaalipin at kalungkutan."[5]

Ipinakita rin sa Aklat ni Mormon na kayang mapanatili ng kahit kakaunting mabubuting tao ang kapayapaan at kaligtasan ng buong lungsod (tingnan sa Helaman 13:12–14).

### Ang Digmaan ay Maaaring Isang Panawagan na Magsisi

Kapag nalilimutan natin ang Diyos, tinatawag Niya tayo. Sa una gumagamit Siya ng mga pamamaraang puno ng awa tulad ng mga pagpapahiwatig at mga propeta. Ngunit kapag hindi tayo tumugon dito, mas matindi ang gagamitin Niyang paraan. Kung minsan, pinapayagan Niya ang mga digmaan at karahasan bilang bahagi ng Kanyang huling paraan para tulungan tayong bumalik sa Kanya.[6]

Sinabi ni Mormon, "At sa gayon nakikita natin na maliban kung parurusahan ng Panginoon ang kanyang mga tao sa pamamagitan ng maraming pagdurusa, oo, maliban kung kanyang parurusahan sila sa pamamagitan ng kamatayan at sa pamamagitan ng sindak, at sa pamamagitan ng taggutom at sa pamamagitan ng lahat ng uri ng salot, ay hindi nila siya maaalaala" (Helaman 12:3). Ang digmaan ay maaaring magpaalala sa atin na magsisi at bumalik sa Diyos.

### Ang Diyos ay Naglalaan ng Tulong sa Panahon ng Digmaan

Kapag kinakailangang magdusa ang mga disipulo ng Diyos dahil sa mga epekto ng digmaan, ang Diyos ay naglalaan ng tulong para sa kanila. Noong mabihag si Alma at ang kanyang mga tagasunod, kaagad silang bumaling sa Panginoon (tingnan sa Mosias 23:27–28), at Siya ay agad na tumugon: "Pagagaanin ko rin ang mga pasaning ipinataw sa inyong mga balikat, na maging kayo ay hindi



**May ilang disipulo, tulad ni Abinadi (nakalarawan sa itaas at ibaba), na tinawag na magdusa o mamatay upang tumayong saksi laban sa masasama.**



madarama ang mga ito sa inyong mga likod, maging habang kayo ay nasa pagkaalipin; . . . upang inyong malaman nang may katiyakan na ako, ang Panginoong Diyos, ay dumadalaw sa aking mga tao sa kanilang mga paghihirap" (Mosias 24:13–14).

Sinabi ni Jacob sa mga may dalisay na puso sa kanyang panahon, "Umasa sa Diyos nang may katatagan ng pag-iisip, at manalangin sa kanya nang may labis na pananampalataya, at kanya kayong aaluin sa inyong mga paghihirap, at kanyang isasamo ang inyong kapakanan, at magpapataw ng katarungan sa mga yaong naghahangad ng inyong pagkalipol" (Jacob 3:1).

Pinagtitibay ng mga propeta sa panahong ito ang katotohanang ito. Itinuro ni Elder Joseph B. Wirthlin (1917–2008) ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Bagama't hindi laging namamagitan [ang Diyos] sa takbo ng mga pangyayari, ipinangako Niya sa matatapat ang kapayapaan maging sa kanilang mga pagsubok at paghihirap."[7]

Sinabi ni Pangulong Benson, "Bagama't nagiging mapanganib na ang panahon, . . . kung magtitiwala lang tayo sa Diyos at susundin ang kanyang mga utos hindi tayo kailangang matakot."[8]

## Ang Ilan ay Tinawag na Tumayo Bilang Saksi Laban sa Kasamaan

Bagama't maaaring makaligtas sa digmaan ang mga disipulo ni Cristo, ang ilang disipulo ay tinawag na magdusa o mamatay upang tumayong saksi laban sa masasama. Ito ay isang masakit na katotohanan na hindi madaling tanggapin o maunawaan. Ipinaalala sa atin ni Elder Neal A. Maxwell (1926–2004) ng Korum ng Labindalawang Apostol na "hindi lubos na maliligtas ang matatapat sa mga pangyayari sa planetang ito."[9] Sinabi ni Pangulong Hinckley na ang ilan sa atin ay "magdurusa sa anumang paraan."[10]

Iningatan sa Aklat ni Mormon ang ilang kabanata na naglalaman ng kalupitan at karahasan na tutulong sa atin upang maunawaan kung bakit ang mga disipulo ng Panginoon, kabilang na ang mga propeta pati na rin ang mga inosenteng babae at mga bata, ay nagdurusa at namamatay kung minsan sa digmaan. Halimbawa, iginapos ng masasamang saserdote ni Haring Noe ang propetang si Abinadi "at hinampas ang kanyang balat ng mga kahoy na panggatong, oo, maging hanggang sa kamatayan." Bago namatay, nagpatotoo si Abinadi, "Kung papatayin ninyo ako, kayo ay magpapadanak ng dugo ng isang walang malay, at ito ay tatayo rin bilang patotoo laban sa inyo sa huling araw" (Mosias 17:10, 13).

Sa isa pang pangyayari tungkol sa malupit na pagpaslang sa Aklat ni Mormon, sinunog ng masasamang abogado at hukom ng Ammonihas ang mga asawa at anak ng mga nagbalik-loob. Sina Alma at Amulek ay dinala sa lugar kung saan nagaganap ang pagpaslang at pinilit silang panoorin ang walang-awang pagpaslang na ito.

"Nang makita ni Amulek ang mga pasakit ng kababaihan at maliliit na bata na natutupok ng apoy, siya rin ay nasaktan; at sinabi niya kay Alma: Paanong nasasaksihan natin ang nakapanghihilakbot na tagpong ito? Kaya nga iunat natin ang ating mga kamay, at gamitin ang kapangyarihan ng Diyos na nasa atin, at iligtas sila mula sa mga ningas."

Sumagot si Alma, "Ang Espiritu ay pinipigilan ako na hindi ko kailangang iunat ang aking kamay; sapagkat masdan, tinatanggap sila ng Panginoon sa kanyang sarili, sa kaluwalhatian; at pinahihintulutan niyang gawin nila ang bagay na ito o ang magawa ng mga tao ang bagay na ito sa kanila, alinsunod sa katigasan ng kanilang mga puso, upang ang kahatulang gagawin niya sa kanila sa kanyang kapootan ay maging makatarungan; at ang dugo ng walang sala ay tatayong saksi laban sa kanila, oo, at malakas na daraing laban sa kanila sa huling araw" (Alma 14:10–11).

## Ang Mabubuti na Namatay sa Digmaan ay Papasok sa Kapahingahan ng Panginoon

Sa pagdadalamhati natin sa pagpanaw ng ating matatapat na mga mahal sa buhay, tinitiyak sa atin ng Aklat ni Mormon na nakapasok na sila sa kapahingahan ng Panginoon at sila ay masaya. Ganito ang sinabi ni Moroni hinggil sa bagay na ito, "Sapagkat pinahihintulutan ng Panginoon na mapatay ang mabubuti upang ang kanyang katarungan at kahatulan ay sumapit sa masasama; kaya nga hindi ninyo dapat na akalain na ang mabubuti ay itinakwil dahil sa napatay sila; subalit masdan, papasok sila sa kapahingahan ng Panginoon nilang Diyos" (Alma 60:13).

Matapos ang digmaan na nag-iwan ng "mga katawan ng maraming libu-libo . . .



***Nakita nina Eter (itaas) at Moroni (pahina 34) ang pagkawasak ng kanilang mga sibilisasyon dahil sa digmaan (tingnan sa Eter 13:13–14; Moroni 1:1–4).***

ITAAS KALIWA: *TINATAKAN NI ABINADI ANG KANYANG PATOTOO*, NI RONALD CROSBY, HINDI MAAARING KOPYAHIN; IBABA KALIWA: *NAGPATOTOO SI ABINADI*, NI WALTER RANE, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM; KANAN: *KAGILA-GILALAS ANG MGA PROPESIYA NI ETER*, NI WALTER RANE, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM

ay nangag-agnasan sa mga bunton sa ibabaw ng lupa," na kinabilangan ng ilang matatapat na disipulo ni Cristo, nakatala sa Aklat ni Mormon na ang mga nakaligtas ay "tunay na nagdalamhati dahil sa pagkawala ng kanilang mga kaanak, gayon pa man, sila ay nagsaya at nagpakagalak sa pag-asa, at nalalaman din, ayon sa mga pangako ng Panginoon, na sila ay ibabangon upang mamalagi sa kanang kamay ng Diyos, sa kalagayan ng walang katapusang kaligayahan" (Alma 28:11–12).

### Ang Pangulo ng Kapayapaan


Ang Aklat ni Mormon ay inilabas upang pagpalain ang mga taong nabubuhay sa panahon ng digmaan at karahasan. Ang mga kaganapan at turo na nakatala rito ay nagpapakita ng pag-asa, naghahatid ng kapanatagan, at naglalaan ng banal na kaalaman. Nalaman natin na ang pagsunod sa Diyos ay nagliligtas sa marami, na ang digmaan ay maaaring panawagan na bumalik sa Diyos, at naglalaan ng tulong ang Diyos para sa Kanyang mga disipulo na kinakailangang magdusa. Nalaman din natin na ang mabubuti na namatay sa panahon ng digmaan o karahasan ay tatayo bilang saksi laban sa masasama at ang mga disipulong ito ay papasok sa kapahingahan ng Panginoon.

Sa huli, itinuturo sa Aklat ni Mormon kung paano makatatanggap ang mga disipulo ni Cristo ng kapayapaan sa kanilang mga puso, tahanan, at bansa. Ito ay napakahalagang kasangkapan upang madala tayo kay Jesucristo, ang Pangulo ng Kapayapaan. ■


**MGA TALA**

1. Thomas S. Monson, "Kapangyarihan ng Priesthood," *Liahona,* Mayo 2011, 66.
2. Gordon B. Hinckley, "Pamumuhay sa Kaganapan ng Panahon," *Liahona,* Ene. 2002, 6.
3. Ezra Taft Benson, "The Book of Mormon—Keystone of Our Religion," *Liahona,* Nob. 1986, 7.
4. Mayroong mga 56 na talata sa Aklat ni Mormon na nagtuturo kung paano iniligtas ng Panginoon ang mga tao sa digmaan at iba pang mga panganib.
5. Russell M. Nelson, "Harapin ang Kinabukasan nang may Pananampalataya," *Liahona,* Mayo 2011, 34–35.
6. Mayroong mga 35 mga talata, kabilang ang 11 sa Aklat ni Mormon, na nagtuturo kung bakit tinutulutan ng Panginoon ang digmaan at iba pang mga kalamidad upang matulungan tayo na maalala Siya.
7. Joseph B. Wirthlin, "Paghahanap ng Ligtas na Daungan," *Liahona,* Hulyo 2000, 71.
8. Ezra Taft Benson, sa Conference Report, Okt. 1950, 146.
9. Neal A. Maxwell, "Yakap sa Bisig ng Kanyang Pagmamahal," *Liahona,* Nob. 2002, 17.
10. Gordon B. Hinckley, "Sa Panahon Natin Ngayon," *Liahona,* Ene. 2002, 86.


## BAKIT NANGYAYARI ANG MGA DIGMAAN AT KARAHASAN?



Malinaw na pinatototohanan sa Aklat ni Mormon na ang kasamaan ay nagdudulot ng digmaan. Kapag naghangad ang masasamang tao ng kapangyarihan na kontrolin ang iba o kapag hinayaan ng mga mamamayan na mamayani ang kasamaan, ang ibubunga nito ay digmaan, kaguluhan, at karahasan.

### KAPAG ANG MASASAMANG TAO AY NAGHANGAD NG KAPANGYARIHAN

Natalo si Amlici sa magulo pero lehitimong halalan gayunpaman hinangad pa rin niyang pamunuan ang mga tao. Nakumbinsi niya ang mga sumusuporta sa kanya na italaga pa rin siyang hari. At pagkatapos iniutos niya sa kanyang bagong nasasakupan na makipagdigma upang wasakin ang Simbahan ng Diyos at ipailalim ang mga tao sa kanya. Libu-libo ang dumanas ng walang-kuwentang karahasan dahil sa isang taong naghangad ng kapangyarihan na kontrolin ang iba. (Tingnan Alma 2.)

Si Zerahemnas, isang kumander ng mga Lamanita, ay pinukaw ang kanyang mga tao na makidigma laban sa mga Nephita upang madala sila sa pagkaalipin. Nagsimula ang digmaan, at hindi mabilang ang kanilang mga patay dahil sa napakarami nito. (Tingnan sa Alma 43:6–8, 37; 44:21.)

Si Amalikeo, isang Nephita na tumiwalag, ay gumamit ng panlilinlang, karahasan, at digmaan dahil sa kanyang pansariling hangarin na magkaroon ng kapangyarihan. Dinala niya sa pagkaalipin ang mga Nephita, at nagkaroon sila ng digmaan at karahasan nang sumunod na limang taon. (Tingnan sa Alma 46–48.)

### KAPAG HINAYAAN NG MGA MAMAMAYAN NA MAMAYANI ANG KASAMAAN

Itinuro ni Nephi na ang iba't ibang grupo ng mga tao ay "nalipol sa bawat sali't salinlahi alinsunod sa kanilang kasamaan" (2 Nephi 25:9). Tiniyak ni Kapitan Moroni sa kanyang mga tao na hindi sila malilipol maliban kung ipataw nila ito sa kanilang sarili sa pamamagitan ng kanilang sariling mga kasalanan (tingnan sa Alma 46:18). Napansin ni Mormon, "Ang mga pag-aaway-away [ng mga Nephita] at kanilang mga alitan, oo, kanilang mga pagpaslang, at kanilang mga pandarambong, kanilang pagsamba sa mga diyus-diyusan, kanilang mga pagpapatutot, at kanilang mga karumal-dumal na gawain, na nasa kanila, ang nagdala sa kanila ng kanilang mga digmaan at kanilang pagkalipol" (Alma 50:21).

*AKO AY NAIWANG MAG-ISA*, NI WALTER RANE, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM



MGA LARAWAN NG PAMILYA NA KUHA NI MICHAEL R. MORRIS; MAPA © ISTOCKPHOTO.COM

# DARATING **ANG PAG-AANI**

**Ni Michael R. Morris**
Mga Magasin ng Simbahan

Para kay Oscar Filipponi at sa kanyang pamilya, ang pagsasaka ay hindi madali. Ang malakas na hangin, tagtuyot, pagkasira ng kagamitan, mahinang bentahan, at iba pang mga hamon kung magkaminsan ay tila nagsasamasama laban sa pagsisikap ng pamilya.

"Araw-araw dito sa *chacra*—sa aming lupain—kailangan naming magkaroon ng inspirasyon at paghahayag para mapagkasya ang kita namin sa bukirin," sabi ni Oscar, na nagsasaka ng 100 acres (40 ha) sa Lower Chubut River Valley, na nasa Chubut Province sa timog ng Argentina. "Araw-araw ay may pagsubok."

Ang isa sa mga pinakamalaking pagsubok sa pamilya Filipponi ay na hindi nila palaging nalalaman kung kailan magbubunga ang kanilang walang-humpay na pagsisikap. Gayunpaman, natutuhan nila na sulit naman kalaunan ang kanilang kasipagan at pagtitiyaga.

"Hindi ka kumikita nang arawan o lingguhan sa pagsasaka ng lupa," paliwanag ni Oscar. "Nagtatrabaho kami araw-araw maliban sa araw ng Linggo—kada linggo, kada buwan—nang walang anumang kita, kaya kailangan naming magplano ng ikabubuhay namin. Kung minsan umaabot ng ilang buwan o isang taon bago namin matamasa ang mga bunga ng aming pagtatrabaho. Dapat lagi naming alalahanin

*Natutuhan ng pamilya Filipponi na ang batas ng pag-aani—kapwa pisikal at espirituwal—ay nangangailangan ng pagsusumigasig, pagtitiis, at panalangin.*





*Hindi palaging nalalaman ni Oscar Filipponi at ng kanyang pamilya kung kailan magbubunga ang kanilang walang-humpay na pagsisikap. Ngunit natutuhan nila na sulit naman kalaunan ang kanilang kasipagan at pagtitiyaga.*

na ang pinagpaguran namin ngayon ay maaani rin kalaunan."

Kasama ang kanyang asawang si Liliana, at dalawa sa kanilang mga anak, sina Daniel at María Céleste, nagtatanim si Oscar ng alfalfa at nag-aalaga ng mga hayop.


"Kung minsan ay may pera kami, at kung minsan wala dahil napupunta lahat iyon sa gastusin sa bukid," sabi niya. "Kung minsan nasisira ang mga makina namin. Minsan hindi namin naibebenta ang mga alaga naming hayop kapag handa nang ibenta ang mga ito. Ngunit kapag nag-isip kami at nagdasal, patuloy na nagtitiyaga, at umaasa, ay may dumarating na solusyon sa loob ng isa o dalawang araw. May darating at magsasabing, '*Che,*[1] may ibinebenta ka bang kahit anong alagang hayop?' Nagiging maayos ang lahat, at nakasusulong na kami. Ang pagsasaka ay mahirap, pero nakakaraos pa rin kami dahil sa aming mga pagsisikap sa araw-araw."

### Mga Pinagbabatayan

Sinabi ni Daniel na ang pagsasaka sa bukid ay nagbibigay sa kanya ng mga oportunidad bawat araw na pagnilayan ang mga pagpapala at mga pagsubok ayon sa pananaw ng ebanghelyo. "Isang pagpapala ang makipag-usap sa Panginoon at mahiwatigan ang impluwensya ng Espiritu nang hindi nagagambala ng ingay o musika o media," ang sabi niya tungkol sa pagsasaka sa bukid.

"Madaling maging miyembro ng Simbahan sa ganitong lugar kung saan napaliligiran ka ng mga mahal mo sa buhay at ng kalikasan," dagdag pa ni Liliana. "Ipinapaalala nito sa akin na umaasa kami sa Panginoon at nagpapasalamat sa Kanya sa lahat ng biyaya. Halos lahat ng bagay rito ay nagpapahiwatig ng ilang alituntunin ng ebanghelyo. Si Oscar ay laging dumarating sa bahay na napag-isipang mabuti ang mga bagay-bagay mula sa pagsasaka o pag-aalaga ng mga hayop."

Halimbawa, kapag nag-aararo si Oscar, pumipili siya ng isang puno o bato na pagbabatayan niya sa malayo na tutulong sa kanya na makapag-araro nang tuwid. "Hindi



### KAPAG BINALANSE NG PANGINOON ANG KANYANG MGA AKLAT

"Minsan ay may dalawang magsasaka na magkatabi ang bukid. Ang isa ay hindi nagtatrabaho nang Linggo sa bukid at lagi siyang pinagsasabihan ng kanyang kapitbahay tungkol dito. Sabi niya, 'Hindi kasinglusog ng mga pananim ko ang mga pananim mo. Bakit hindi ka magtrabaho nang Linggo?'

"Sabi ng isang magsasaka, 'Gusto kong sundin ang sinabi ng Panginoon. Gusto kong makamtan ang mga pagpapala ng Panginoon.'

"Isang araw ng Oktubre nakatayo sila sa gilid ng bukid. Sabi ng [kapitbahay], 'Tingnan mo. Tingnan mo ang bukid ko. Ang ganda, malalaki ang butil, mayabong ang trigo, at ang iyong bukirin ay tila napabayaan. Hindi mo iyan naalagaan tulad ng pag-aalaga ko. Tingnan mo ang ani ko kumpara sa iyo. Ano ang masasabi mo ngayon sa mga pagpapalang inisip mong mapapasaiyo?'

"Ang magsasakang [iginagalang ang araw ng Sabbath] ay sandaling nag-isip at sinabing, 'Ang Panginoon ay hindi nagbabalanse ng kanyang mga aklat nang Oktubre.' "

**Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, *Mine Errand from the Lord* (2008), 193.**



mahalaga kung may nakaharang sa kanyang daraanan," sabi ni Liliana. "Hindi siya malilihis sa tinatahak niya dahil gusto niya na maging tuwid ang mga hanay."

Sabi pa ni Oscar, "Kapag lumingon ako sa likuran ko upang makita kung tuwid ang hanay na naararo ko, nalilihis ako sa linya. Kaya nagtutuon ako sa pinagbabatayan ko at sumusulong."

Tulad sa *chacra,* sabi niya, gayundin sa Simbahan. "Upang manatili sa tinatahak natin sa buhay, dapat tayong umasa sa Panginoon, basahin ang mga banal na kasulatan, at sundin ang mga utos. Kapag hinayaan nating magambala tayo, nawawala ang pokus natin at nagiging liko ang ating dinaraanan."

### Espirituwal na Pag-ani

Ang mga Filipponi ay dumadalo sa isang branch ng Simbahan malapit sa Gaiman. Sa bayang ito na may 6,000 katao, na tirahan ng mga nandayuhang Welsh noong 1870s, maraming oportunidad ang mga miyembro ng branch na magpakita ng mabubuting halimbawa. "Kailangang magpakabait kami sa abot ng aming makakaya sa bawat araw dahil laging nakatingin sa amin ang mga tao," sabi ni Liliana.

Hindi madali ang paghikayat sa ibang tao sa ebanghelyo. Tulad ng pisikal na batas ng pag-ani, ang espirituwal na batas ng pag-ani ay nangangailangan ng pagtitiyaga. Ngunit dahil sa patuloy na ipinamumuhay ng pamilya ang mga alituntunin ng ebanghelyo, nakilala at nirerespeto ng mga tao ang kanilang mga pamantayan bilang mga Banal sa mga Huling Araw.

Noon, nang si Oscar ay nagtatrabaho pa sa gobyerno, lagi niyang tinatanggihan ang alok na kape, tsaa, at alak. "Makaraan ang ilang taon," sabi niya, "naging maunawain at mapagbigay ang kanyang mga katrabaho at magtatanong, 'Anong soda ang gusto mo?' Nagiging interesado pa sila minsan sa Simbahan. Iyan ang naging bunga niyon."

Sa pamilya mismo makikita ang pinakamasaganang ani na mula sa pag-aaral at pamumuhay ng mga alituntunin ng ebanghelyo.

Dumating ang pagpapala dahil sa paglilingkod ni Oscar bilang patriarch ng Trelew Argentina North Stake, sa paglilingkod ni Liliana bilang branch Relief Society president, at sa karagdagang paglilingkod sa maraming iba pang tungkulin na isinagawa ng mga miyembro ng pamilya sa maraming taon.

Dumating ang pagpapala mula sa pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath at sa pagsunod sa batas ng ikapu. "Ang mga dungawan ng langit ay talagang nabuksan—kung di man kaagad, sa pamamagitan ng patuloy na pagsunod," sabi ni Oscar.

Dumating ang pagpapala nang makatapos ang lahat ng batang Filipponi sa high school at nang magmisyon ang lahat ng apat na anak na lalaki. Ang kanilang edukasyon at pagmimisyon ay nagbigay sa kanila ng mga pagkakataong makapagtrabaho at mamuno na malabo nilang makamtan sa ibang paraan.

Nagbunga ang pagiging mabuting halimbawa sa pagtatanong kay María Céleste ng mga kaibigan tungkol sa pagmimisyon ng kanyang mga kapatid, sa pinaniniwalaan niya, at kung bakit iniiwasan niya ang mga party na Sabado na ng gabi nagsisimula.


At pinagpala sila sa pamamagitan ng mga bulong at pagpapanatag ng Espiritu Santo na tumulong sa pamilya na maiwasan ang trahedya isang hating-gabi nang inakala nilang nilooban ang kanilang bahay. Nagising si Daniel nang makarinig siya ng ingay at naghandang ipagtanggol ang tahanan, ngunit ang inaakalang magnanakaw ay ang kapitbahay pala na humihingi ng tulong dahil nasira ang sasakyan nito.

"Natanto ko na pinayapa ako ng Espiritu para malutas namin ang sitwasyon nang hindi natataranta," sabi ni Daniel. "Pagkatapos ay nagdasal kami at nagpasalamat sa Ama sa Langit na walang masamang nangyari."

Kapag tunay na ibinigay natin ang ating mga sarili sa Diyos, sabi ng pamilya Filipponi, ipagkakaloob Niya sa atin ang ating mga pangangailangan at magiging kasangkapan tayo sa Kanyang mga kamay. Ito ay nangangailangan ng pagsusumigasig, pagtitiis, at panalangin. Nangangailangan din ito ng maraming pananampalataya at paggawa. Ngunit sa takdang panahon ng Panginoon, darating ang pag-aani. ■

**TALA**

1. Ang ekspresyong karaniwang ginagamit sa Argentina na ang ibig sabihin ay "kaibigan," o "kasama."



***Sa unang gabi ng pagbalik ko sa trabaho, binuksan ko ang aking e-mail. May mensahe si Brady sa inbox ko. Ipinadala niya iyon nang Martes ng umaga, bago naganap ang pag-atake.***

# BINIGYAN NIYA AKO NG KAPAYAPAAN

Ang kapatid kong si Brady ay presidential management intern noon sa naval intelligence sa US Pentagon nang maganap ang pag-atake noong Setyembre 11, 2001. Nagtatrabaho ako noon sa Idaho, USA, at nang makita ko sa balita ang nangyari nang umagang iyon, tinawagan ko ang boss ko para ipaalam sa kanya na hindi ako papasok nang ilang araw.

Nagtipon ang ilang miyembro ng aking pamilya sa Washington, D.C., sa isang bulwagan ng isang hotel na itinalaga ng mga opisyal ng gobyerno bilang briefing room, kung saan maipaaalam nila sa mga pamilya ang tungkol sa patuloy nilang paghahanap at pagsagip. Naghintay kami sa bawat araw para malaman kung kasama si Brady sa mga biktima. Sa kalagayang iyon ay nakadama kami ng matinding pighati at kawalan ng pag-asa. Gayunman nagsama-sama ang aming pamilya at nanalangin na kahit ano ang mangyari, hindi kami mawawalan ng pananampalataya.

Halos isang linggo pagkatapos ng pagsalakay, noong Setyembre 17, natanggap namin ang kumpirmasyon na namatay si Brady.

Hindi ko alam kung naitanong ko bang, "Bakit ako?" Pero talagang naitanong ko, "Bakit *siya pa*?" Mula pa noong bata ako, minahal ko at hinangaan at ninais kong makatulad ni Brady. Naisip ko rin, "Bakit *ngayon pa*?" Ilang linggong nagpaplano noon si Brady na magpunta sa Idaho para makasama ang pamilya. Nakatakda siyang dumating nang Huwebes, Setyembre 13, dalawang araw lamang matapos siyang pumanaw.

Sa unang gabi ko sa trabaho nang makabalik ako sa Idaho, binuksan ko ang aking professional e-mail account, na hindi ko nagawa mula Setyembre 10. May mensahe si Brady sa inbox ko. Ipinadala niya iyon nang Martes ng umaga, bago naganap ang pag-atake. Binanggit niya roon na magkakasama-sama kami at ang lahat ng masasayang bagay na binalak naming gawin. Nang mag-sign off siya, ito lang ang isinulat niya, "Kapayapaan."

Hindi ganoon ang karaniwang pagwawakas ni Brady ng kanyang mga e-mail, ngunit itinuring kong magiliw na awa ng Panginoon na ginawa niya iyon. Sa palagay ko hindi alam ni Brady kung ano ang mangyayari, ngunit natutuwa ako na ang huling mga salita niya—ang huling salita niya—sa akin ay *kapayapaan*.

Hanggang ngayon, makaraan ang mahigit isang dekada, binabasa ko pa rin paminsan-minsan ang e-mail na iyon. Sa tuwing babasahin ko, napapaalalahanan ako na sa pamamagitan ng ebanghelyo natin matatagpuan ang kapayapaang ipinangako ng Tagapagligtas: "Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo, ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man" (Juan 14:27).

Nangungulila pa rin ako kay Brady, ngunit dahil sa ebanghelyo, hindi nawala ang pananampalataya ko sa pagsubok na ito. Sa tulong ng Tagapagligtas, patuloy akong nabubuhay nang may pag-asa at kapayapaan. ■

Carson Howell, Utah, USA

MGA PAGLALARAWAN NI BRIAN CALL

# MAGTANONG SA MORMON

Lahat ng kabataang lalaki sa Finland na lampas na sa edad na 18 ay kailangang maglingkod sa militar sa loob ng 6 hanggang 12 buwan. Nang simulan ko ang kailangang serbisyo, natuklasan ko na ang mga opinyon at saloobin ng marami sa mga kasamahan ko sa militar ay salungat sa mga prinsipyo ko sa buhay. Bunga nito, gumawa ako ng mga hakbang para manatiling malapit sa Espiritu, nagdarasal nang dalawang beses sa isang araw at nagbabasa ng mga banal na kasulatan.

Kinabahan ako noong una dahil hindi ko alam ang magiging reaksiyon ng mga kasamahan ko, pero parang wala lang ito sa kanila, kaya't napanatag ako. Hindi nagtagal nagtanong ang mga kakuwarto ko kung ano ang binabasa ko. "Ang Aklat ni Mormon," ang sagot ko sa kanila. Siyempre, ang sumunod nilang tanong ay kung isa ba akong Banal sa mga Huling Araw. Sinabi kong oo, at hindi na sila nagtanong pa.

Dumating ang oras na nagsimulang magtanong ang mga kasamahan ko sa army tungkol sa Aklat ni Mormon—ang pinagmulan nito, mga nilalaman, at marami pang iba. Kalaunan ang mga tanong nila ay tungkol na sa layunin ng buhay at mga alituntunin ng Simbahan. Ang relihiyon ko ay naging bahagi na ng aming mga talakayan, at palagi nang napag-uusapan.

Isang kasamahan sa kalapit na higaan ang nagtanong kung maaari niyang basahin ang aking Aklat ni Mormon. Siyempre pumayag ako. Minsan naman, pagkabalik ng isang kasama ko sa kuwarto mula sa libing ng isang kaibigan, sinabi niya sa akin na dahil sa libing na iyon ay nagkaroon siya ng maraming katanungan sa kanyang isipan tungkol sa buhay at sa layunin nito. Tinanong niya ako kung ano ang paniniwala ng Simbahan tungkol sa mga bagay na iyon. Mahaba ang naging talakayan namin tungkol sa layunin ng buhay, sa Pagbabayad-sala, Paglikha, at iba pang mga paksa ng ebanghelyo. Pagkatapos, naging interesado rin ang iba naming kasama sa silid sa mga turo at pamantayan ng Simbahan.

Sa nalalabing panahon ng aming pagsasama-sama, nagkaroon kami ng maraming talakayan na tila palaging nauuwi sa mga turo ng Simbahan. Tinawag ng mga kasamahan ko sa silid ang mga talakayang iyon na "Magtanong sa Mormon." Kalaunan, nang makatapos kami sa aming training, isang kasamahan sa silid ang nagsabi sa akin na nagpasiya siyang tumigil na sa pagmumura.

Sa buong panahon ko sa military, napansin ko na kapag mas bukas ako tungkol sa pagiging miyembro ko sa Simbahan at kapag mas matapat kong sinusunod ang mga turo ng ebanghelyo, lalong nagiging bukas ang iba sa akin at nagkakaroon ako ng mas maraming pagkakataon na ibahagi ang ebanghelyo.

Nagpapasalamat ako sa mga pagpapala at pagkakataong makapagsalita tungkol sa ebanghelyo noong nasa army pa ako. Nagpapatotoo ako na kung matapang tayong naninindigan ukol sa ating mga pinahahalagahan, bibiyayaan tayo ng mga pagkakataon na magawa ang gawaing misyonero. At kung hahayaan nating magliwanag nang husto ang ebanghelyo sa ating buhay, mapoprotektahan natin ang ating sarili laban sa kadiliman at magkakaroon ng positibong impluwensya sa mundong nakapaligid sa atin. ■

Kari Koponen, Uusimaa, Finland



***Isang kasamahan sa kalapit na higaan ang nagtanong kung maaari niyang basahin ang aking Aklat ni Mormon. Siyempre pumayag ako.***

***Habang nagsasalita ako, nadama kong pinuspos ako ng kapayapaan at kapangyarihan ng Espiritu. Pinatotohanan ko ang dakilang pagmamahal ng Diyos para sa Kanyang mga anak at ang kanilang banal na katangian.***



# PAPAYAPAIN BA NIYA ANG AKING MGA UNOS?

Bilang guro sa ikalimang baitang sa isang pribadong paaralan sa Massachusetts, USA, nakikipagpulong ako sa mga administrator para pag-usapan ang pagkakaiba-iba ng mga kurikulum ng paaralan, na salungat sa mga prinsipyong nasa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo." Gayunpaman, ang pagsisikap kong panindigan ang mga katotohanan tungkol sa kasal at pamilya at itaguyod ang pagiging makatotohanan, paggalang, at pag-unawa, ay lumikha ng matinding hindi pagkakaunawaan, pambabatikos, at pagmamalupit.

May mga pagkakataong parang tulad ako ng mga Apostol na tumatawid sa maunos na Dagat ng Galilea habang natutulog si Jesus. Nadama kong tulad nila, ang pananampalataya ko'y nagsimulang manghina, at naisip ko rin, "Wala bagang anoman sa iyo na mapahamak [ako]?" (Marcos 4:38). Naniniwala akong tunay na pinatigil ni Jesus ang nagngangalit na hangin at mga alon noong unang panahon, ngunit habang tumitindi ang mga pagsubok ko, nahirapan akong magtiwala na papayapain Niya ang mga unos sa aking buhay.

Isang araw ay hiniling ng isang school administrator na ipaliwanag ko ang mga alalahanin ko sa lahat ng guro at kawani sa isang diversity-training meeting. Habang naghahanda ako sa paglalahad na ito, lalong naging taimtim ang aking personal na mga panalangin, pag-aaral ng banal na kasulatan, at pagdalo sa templo, at nadama kong ginagabayan ako ng Espiritu na malaman ang dapat kong sabihin.

Nang oras na para magsalita sa mga kasamahan ko, humugot ako ng lakas mula sa mga salita ni Propetang Joseph Smith: "Ating malugod na gawin ang lahat ng bagay sa abot ng ating makakaya, at pagkatapos nawa tayo ay makatayong hindi natitinag, na may lubos na katiyakan, na makita ang pagliligtas ng Diyos, at upang ang kanyang bisig ay maipahayag" (D at T 123:17).

Habang nagsasalita ako, nadama kong pinuspos ako ng kapayapaan at kapangyarihan ng Espiritu. Pinatotohanan ko ang dakilang pagmamahal ng Diyos para sa Kanyang mga anak at ang kanilang banal na katangian, kahanga-hangang potensiyal, at walang-hanggang kahalagahan. Itinuro ko na ipinapakita ng mga kautusan ng Diyos ang Kanyang pagmamahal dahil inilalaan ng mga ito ang landas tungo sa pinakamalaking kaligayahan. At ipinahayag ko na kapwa mapapagaling ni Jesucristo ang mga pasakit na likas na nangyayari at yaong kagagawan ng tao.

Hindi ko namalayan na lampas na pala ang 30 minutong ibinigay sa akin. Dahan-dahan na akong lumayo sa podyum, tinipon ang mga papel ko, at tumingala ako. Napuno ng sagradong katahimikan ang silid. May ilang taong nakangiti at ang iba naman ay umiiyak. Pinasalamatan ako ng mga guro na may magkakaibang pananaw sa aking katapangan at matibay na paniniwala. Inamin ng isang kasamahan na may "espesyal na diwang" umantig sa kanya habang nagsasalita ako. Sinabi naman sa akin ng iba na noon lamang sila nakarinig ng gayong pangangatwiran at magalang na pagpapaliwanag ukol sa gayong mga paniniwala at natulungan sila ng mga salita ko na makita na kailangang baguhin ang kurikulum ng paaralan.

Ang Panginoon, na nagpayapa sa nagngangalit na unos sa pag-uutos na, "Pumayapa, tumahimik ka" (Marcos 4:39) ay muli itong ginawa —sa pagkakataong ito para sa akin!

Dahil sa karanasang ito, natutuhan

ko na hindi tayo kailanman nag-iisa kapag nanindigan tayo sa katotohanan. Laging nariyan ang tulong ng Panginoon. Gaya ng ipinangako Niya, 'Ako ay magpapauna sa inyong harapan. Ako ay papasainyong kanang kamay at sa inyong kaliwa, at ang aking Espiritu ay papasainyong mga puso, at ang aking mga anghel ay nasa paligid ninyo, upang dalhin kayo" (D at T 84:88).

Buong kaluluwa kong pinatototohanan na Siya ay Diyos ng kaligtasan. Alam ko ang katotohanang ito sapagkat sinagip Niya ako. Pinayapa Niya ang aking mga unos. ■

Nick Gentile, Utah, USA

# ANG SAGOT SA AKIN AY NAGMULA SA KUMPERENSYA


Noong 2006 kumuha ako ng anthropology class sa isang kolehiyong Katoliko. Inatasan kami ng aming guro na magsaliksik tungkol sa isang partikular na relihiyon at ilahad ito sa klase. Pinili kong ilahad ang tungkol sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw—tutal, 21 taon na akong miyembro nito. Alam kong bihira at napakagandang pagkakataon ang maibahagi ang pinaniniwalaan ko sa 40 kasamahan at mga kaibigan ko.

Sa loob ng dalawang buwang paghahanda ng ilalahad ko, nahirapan akong makahanap ng simpleng paraan ng paglalahad ng mga doktrinang mahalaga sa akin sa paraang mauunawaan ng mga kaklase ko. Hindi ko tiyak kung ano ang mga puntong tatalakayin ko o kung paano ko gagawin ang mga ito. Nang isang linggo na lang bago ang paglalahad ko, hindi ko pa rin alam ang gagawin ko. Sa kawalan ng pag-asa, nagdasal ako at humingi ng tulong sa Panginoon.

Ang sagot sa akin ay dumating sa pamamagitan ng pangkalahatang kumperensya, na ginanap kalaunan nang linggong iyon. Sa kumperensya noong Abril 2006, si Pangulong James E. Faust (1920–2007), Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, ay nagbigay ng mensahe na pinamagatang "Ang Pagpapanumbalik ng Lahat ng Bagay."[1] Nadama kong pinagtibay ng Espiritu Santo na ang mga katotohanang ibinahagi ni Pangulong Faust—at ang paraan ng pagbabahagi niya sa mga ito—ay maaari kong tularan sa gagawin kong paglalahad.

Nag-download ako ng kopya ng mensahe mula sa Internet pagkatapos ng kumperensya at ginamit itong batayan sa paghahanda ko ng slideshow presentation, na ibinigay ko nang sumunod na linggo. Binigyan ako ng 20 minuto, ngunit dahil sa dami ng mga itinanong ng aking guro at mga kaklase, tumagal ng 40 minuto ang paglalahad ko—ang buong oras ng klase.

***Dahil sa dami ng mga itinanong ng aking guro at mga kaklase, tumagal ng 40 minuto ang paglalahad ko tungkol sa Simbahan.***



Nang matapos ako, sinabi ng aming guro na wala ni isa sa kanyang mga estudyante ang nakagawa ng gayon kagandang paglalahad. Binigyan niya ako ng mataas na marka at sinabi sa akin na ang tanging dahilan kung bakit hindi perpekto ang nakuha kong grado sa paglalahad ko ay dahil sa nagpakita ako ng pagkiling sa temang inilahad ko.

Kalaunan ay sinabi ko sa guro ang *Liahona* web page, kung saan matatagpuan niya ang mensahe ni Pangulong Faust at ang iba pang maaaring makatulong sa kanya. Binigyan ko rin siya ng kopya ng Aklat ni Mormon at hiniling na basahin niya ito, at inanyayahan siyang makipag-usap sa akin pagkatapos.

Nagpapasalamat akong malaman na naimpluwensyahan ng paglalahad ang ilan din sa mga estudyante. Sa nalalabing bahagi ng taon, nakita ko ang ebidensya ng kaibhang nagawa nito sa kanilang buhay. Tinanggap pa nga ng isa sa kanila ang mga misyonero sa kanyang tahanan, na nagbigay sa amin ng malaking pagkakataon na ipagpatuloy ang aming pag-uusap tungkol sa ebanghelyo ni Jesucristo.

Nagpapasalamat ako sa pagkakataong maibahagi sa mga kaklase ko ang mga pinaniniwalaan ko. Ngunit ang mas mahalaga, nagpapasalamat ako na nalaman ko na sinasagot ng Panginoon ang ating taimtim na mga panalangin sa pamamagitan ng mga salita ng kasalukuyan nating mga propeta at apostol. ■

Sara Magnussen Fortes, São Paulo, Brazil

**TALA**

1. Tingnan sa James E. Faust, "Ang Pagpapanumbalik ng Lahat ng Bagay," *Liahona,* Mayo 2006, 61–62, 67–68.



**Ni Adrián Ochoa**
Pangalawang Tagapayo sa Young Men General Presidency

# KAYO ang ILAW ng SANGLIBUTAN

Karaniwang itinuturing ng mga returned missionary ang kanilang paglilingkod bilang pinakamagagandang taon ng kanilang buhay. Bakit kaya ganito?

Marahil dahil sa kagalakan na makita ang isa pang kaluluwa na lumalapit sa Tagapagligtas (tingnan sa D at T 18:15). Siguro dahil sa malapit nilang kaugnayan sa mga investigator, mga nabinyagan, miyembro, kompanyon, at mga mission president. Sa palagay ko ang mga ito ay bahagi nito, ngunit naniniwala rin ako na may kinalaman dito ang ilaw ng Tagapagligtas na nadarama nila—at ang liwanag na ibinabahagi nila sa pamamagitan ng paglilingkod at patotoo.

Alam natin na tinukoy ng Tagapagligtas ang Kanyang sarili bilang Ilaw ng Sanglibutan (tingnan sa Juan 9:5; 12:46). At sa Sermon sa Bundok, gayon din ang sinabi Niya sa Kanyang mga tagasunod:

"Kayo ang ilaw ng sanglibutan. Isang lunsod na natatayo sa ibabaw ng isang burol na hindi maitatago.

"Hindi rin nga pinaniningasan ang isang ilawan, at inilalagay sa ilalim ng isang takalan, kundi sa talagang lalagyan ng ilaw; at lumiliwanag sa lahat ng nangasa bahay.

"Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit" (Mateo 5:14–16).

Ang pagbabahagi ng ating liwanag—ibig sabihin, mabanaag sa atin ang liwanag ng Tagapagligtas (tingnan sa 3 Nephi 18:24)—ay isang bagay na magagawa nating lahat sa ating buhay, at ito'y dapat nating simulan habang bata pa tayo. Sa pagmimisyon natin at sa habambuhay na pagbabahagi ng ebanghelyo, mapaparisan natin ang tatlong tao na, sa palagay ko, ay pinakamagandang mga halimbawa ng gawaing ito: sina Alma, Propetang Joseph Smith, at ang Tagapagligtas. Silang tatlo ay nakaimpluwensyang mabuti sa pagkaunawa ko sa kahalagahan ng gawaing misyonero—ng pagpapakita ng ilaw ng Tagapagligtas sa mundo.

## Alma: Pagpapakumbaba

Ang mga turo ni Alma ay naging instrumento sa balak kong magmisyon. Bagamat tiniyak ng aking lola na nabinyagan ako noong walong taong gulang ako, madalang akong magsimba noong aking kabataan. Nang makilala ko ang mga misyonero noong young adult ako at nagsimula kong isipin ang tungkol sa Simbahan, sinimulan kong pag-aralan ang mga banal na kasulatan. Natuon ang aking pansin sa pagtalakay ni Alma tungkol sa napipilitang magpakumbaba at sa pagpili na magpakumbaba (tingnan sa Alma 32:13–15). Nakadama ako ng kakulangan dahil sa aking mga pagkakamali, ngunit pinag-isipan ko itong mabuti—nagpasiyang ang pagmimisyon ay mangangailangan ng malaking pagbabago. May trabaho na ako at may sariling negosyo, at gusto ko nang pakasalan ang kasintahan ko (na, asawa ko na ngayon). Matatalikuran ko ba ang lahat ng iyon upang maglingkod sa Panginoon?

Nagpunta ako sa isang pribadong lugar at nag-ukol ng panahon—ng talagang panahon—para manalangin at makipag-usap sa aking Ama sa Langit. Sa pagpapakumbaba ko, natanto ko na nais ng Ama sa Langit na maglingkod ako. Nagpasiya akong sundin ang Kanyang salita, at sa paggawa nito, natuklasan ko ang katotohanan ng pangako ni Alma: "Siya na tunay na nagpapakumbaba ng kanyang sarili, at nagsisisi ng kanyang mga kasalanan, at makapagtitiis hanggang sa katapusan, siya rin ay pagpapalain—oo, lalong higit na pagpapalain kaysa sa kanila na napilitang magpakumbaba" (Alma 32:15).

Kahit na lampas na ako sa edad na 26, lumapit ako sa aking bishop, na tumulong sa aking maghanda. Ipinadala ko ang papeles ko sa misyon at naghintay ng ilang buwan. Sa wakas,

PAGLALARAWAN NI MATTHEW REIER; *SI CRISTO AT ANG BABAING SAMARITANA*, NI CARL HEINRICH BLOCH, GINAMIT NANG MAY PAHINTULOT NG NATIONAL HISTORIC MUSEUM AT FREDERIKSBORG SA HILLERØD, DENMARK, HINDI MAAARING KOPYAHIN; *PINAPAYUHAN NI NAKABABATANG ALMA ANG KANYANG ANAK*, NI DARRELL THOMAS © IRI; *JOSEPH SMITH SA LIBERTY JAIL*, NI GREG K. OLSEN, HINDI MAAARING KOPYAHIN



*Sa pakikibahagi natin sa gawaing misyonero, makahuhugot tayo ng inspirasyon sa mga halimbawa ng Tagapagligtas, ni Alma, at ni Joseph Smith.*







natanggap ko ang tawag na nagsasabi sa akin na hindi ako maaaring magmisyon ngunit maaari akong maglingkod sa public communications, ang larangan ng aking trabaho. Napakasayang panahon iyon. Binigyan ako ng training at pagkatapos ay lumabas sa mga talakayan sa media di-kalaunan nang opisyal na kilalanin ng pamahalaan ng Mexico ang Simbahan doon. Tinulungan ko ang mga stake sa pagsasanay ng kanilang mga public affairs specialist at nakipag-ugnayan ako sa mga opisyal ng pamahalaan. Pinagpala ako ng pagkakataong ito na maglingkod sa maraming paraan na hindi ko mailarawan at sa paraang hindi ko inaasahan. Mabuti ang ibinunga nito sa maraming aspeto ng aking buhay.



Ang paglilingkod mo bilang misyonero ang pinakamahalagang bagay na maghahanda sa iyo sa nalalabing panahon ng iyong buhay. Si Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) ay nangako sa mga magiging misyonero: "Ang panahong inuukol ninyo sa misyon, kung ang mga taon na iyon ay ginugol sa matapat na paglilingkod, ay higit na maghahatid ng mga pagpapala sa mga sakripisyong ginawa ninyo kaysa alinmang dalawang taon ng inyong buhay. . . . Kung buong katapatan at buong inam kayong maglilingkod sa misyon, kayo ay magiging

## MARAMING PAGKAKATAON NA MAGLINGKOD

Ang pagmimisyon ay hindi limitado sa mga taong maaaring maglingkod sa mga proselyting mission. Maraming young adult ang hindi nakapagmisyon dahil sa mga hamon sa pangangatawan, isipan, o damdamin. Ang mga binata at dalagang ito ay gumagawa ng malaking kabutihan sa mga organisasyon ng Simbahan sa buong mundo bilang mga service missionary ng Simbahan.

Kailangan ang mga service missionary ng Simbahan sa buong mundo upang maglingkod sa mga family history center, mga bishops' storehouse, cannery, employment center, mga samahan sa paglilingkod sa komunidad, posisyon sa media, at iba pang mga gawain ng Simbahan. Ang kalalakihan at kababaihan na nasa edad na para magmisyon ngunit hindi makapagmisyon ay maaaring sumangguni sa mga magulang at mga lider para maisaalang-alang ang isang service mission. Bagamat sa mga service mission ay magkakaiba ang ginagawa at haba ng panahon ng paglilingkod batay sa mga kakayahan ng missionary, talagang gumagawa sila, tunay na naglilingkod at nagsasakripisyo na gumagawa ng kaibhan sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos sa mundo.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga service mission ng Simbahan, mangyaring bisitahin ang www.lds.org/service/missionary-service.

mas mabuting asawa, magiging mas mabuting ama, magiging mas mabuting estudyante, mas mabuting manggagawa."[1] Kung hindi pa lampas ang inyong edad para maglingkod sa full-time mission, maghanda na ngayon para maglingkod. Mas marami ang pagpapalang matatanggap ninyo kaysa mga sakripisyong gagawin ninyo.

Alam kong maaaring dumating ang mga hamon habang pinag-iisipan ninyo ang pagmimisyon. Ginagawa ng kaaway ang lahat upang hadlangan ang pagsulong ng gawain ng Panginoon. Kung hindi kayo nakatitiyak kung dapat nga ba kayong magmisyon, inaanyayahan ko kayong magpakumbaba at lumuhod at magtanong sa Ama sa Langit. Ipinaalam Niya ang Kanyang kalooban sa akin, at alam kong gayundin ang gagawin Niya sa inyo.

### Joseph Smith: Pagkakaroon ng Walang-Hanggang Pananaw

Mula kay Joseph Smith ay natutuhan ko na ang pagtutuon ng pansin sa kawalang-hanggan ay makadaragdag sa iyong kakayahan bilang lingkod ng Panginoon. Dati-rati ay nagtataka ako kung paano niya napagtiisan ang lahat ng pinagdaanan niya—lalo na ang mga pagsubok at pang-uusig. Ngunit dumating ang oras na naunawaan ko na dahil batid ni Joseph na may kabilang-buhay, alam niya na ang buhay na ito sa mundo ay bahagi lamang ng walang-hanggang paglalakbay. Naiisip ko kung ano kaya ang mangyayari sa akin kung naunawaan ko ang naunawaan niya noon, at sa pag-iisip tungkol dito, natanto ko na kapag nakatuon tayo sa nangyayari sa ngayon, ang ating pang-unawa ay nalilimitahan. Kapag nanatili tayong nakatuon sa kawalang-hanggan, mauunawaan natin kung gaano kahalaga na maging matapat tayo sa pagtulong sa iba, sa pagliligtas sa iba, at sa pagpapatotoo sa mga katotohanang alam natin.

Kung itutuon natin ang ating pansin, tulad ng ginawa ni Joseph, sa mga bagay na walang-hanggan, gaano kaya tayo kahanda at kasabik na ibahagi ang ebanghelyo sa ating pang-araw-araw na buhay? Ang pagbabahagi ng ating liwanag—pagpapakita ng ilaw ng Tagapagligtas—ay hindi limitado sa pagmimisyon. Kapag kayo ay matapat at handa, maibabahagi ninyo ang Ilaw ni Cristo sa mga nakapalibot sa inyo, na ibinabahagi kung sino kayo bilang miyembro ng Simbahan at kung ano ang pinaniniwalaan ninyo. Sa paglipat ninyo sa iba't ibang lugar sa buong buhay ninyo at sa pakikisalamuha sa iba't ibang mga tao, hinihikayat ko kayong kilalanin ang inyong mga kapitbahay, ang inyong mga kaklase, at mga kasamahan sa trabaho na miyembro ng ibang relihiyon. Sundin ang tagubilin ni Elder M. Russell Ballard na ibahagi ang ebanghelyo online, maging sa pamamagitan ng mga social media website, blog, at video-sharing site.[2]

Bagamat maituturo natin sa iba ang tungkol sa ebanghelyo sa pamamagitan ng pormal na talakayan, kung minsan ang kailangan lamang para mabaling ang isang tao sa ebanghelyo ay ang mabuting halimbawa at kahandaang ibahagi ang inyong patotoo sa paraan ng inyong pamumuhay. Kapag namumuhay kayo nang karapat-dapat sa Espiritu at hinayaang magliwanag ang inyong ilaw, makikita ng mga tao

KALIWA: MGA PAGLALARAWAN NINA CHRISTINA SMITH AT MATTHEW REIER © IRI; KANAN: MGA PAGLALARAWAN NI CHRIS WILLS © IRI; RETRATO NI PANGULONG MONSON NA KINUNAN NI CRAIG DIMOND © IRI

ang "inyong mabubuting gawa, at kanilang [lu]luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit" (Mateo 5:16).

### Ang Tagapagligtas: Nagtutuon ng Pansin sa Iba

At panghuli, ang Tagapagligtas, na ating halimbawa sa lahat ng bagay, ay tinuruan ako na huwag gaanong mag-alala tungkol sa aking sarili kundi magtuon ng pansin sa kaligtasan ng iba. Ang Kanyang buong buhay ay tungkol sa ibang tao. Kung minsan sa pag-iisip na ibahagi ang ebanghelyo sa mga taong iba ang relihiyon, nangangamba tayo sa maaari nilang isipin tungkol sa atin o kung paano sila tutugon. Sa pag-iisip tungkol sa paglilingkod bilang full-time missionary, masyado tayong nag-aalala tungkol sa ating kinikita o pag-aaral o mga mahal sa buhay—mabubuti at mahahalagang bagay ang mga ito ngunit makapaghihintay pa rin ang mga ito. Ang Tagapagligtas mismo ay "walang kahiligan ang kaniyang ulo" (Mateo 8:20). Itinuro Niya sa Kanyang mga tagasunod na "hanapin muna . . . ang kaharian [ng Dios]," at "lahat ng mga bagay na ito" ay idaragdag sa kanila (Mateo 6:33).


Totoo rin iyan sa ating lahat. Habang hinahangad nating sundin at ipakita ang Ilaw ng Sanglibutan, ang mga pagpapala ay darating sa mundo at kalaunan sa bawat isa sa atin. Nawa'y hangarin nating lahat na huwag itago ang ilaw kundi hayaan itong magningning sa ating buhay. ■

**MGA TALA**

1. Gordon B. Hinckley, "Of Missions, Temples, and Stewardship," *Ensign,* Nob. 1995, 52.
2. Tingnan sa M. Russell Ballard, "Pagbabahagi ng Ebanghelyo Gamit ang Internet," *Liahona,* Hunyo 2008, B1.







### PAGTUGON SA PANAWAGAN NG PROPETA

Kung ang panimulang mga sesyon ng pangkalahatang kumperensya ay pahiwatig ng kung ano ang nasa isipan ng propeta, malinaw na ang iniisip ni Pangulong Thomas S. Monson ay tungkol sa gawaing misyonero.

Noong Abril 2011 iniulat niya ang bilang ng mga misyonero at mga misyon sa buong mundo at sinabing: "Gawaing misyonero ang buhay ng kaharian. Hayaang imungkahi ko na kung kaya ninyo, isiping magbigay ng kontribusyon sa General Missionary Fund ng Simbahan."[1]

Noong Oktubre 2010 sinabi niyang:

"Inuulit ko ang matagal nang itinuro ng mga propeta—na lahat ng karapat-dapat, may-kakayahang maglingkod na kabataang lalaki ay maghanda na magmisyon. Ang gawaing misyonero ay isang tungkulin sa priesthood—isang obligasyon na inaasahan ng Panginoon sa atin na nabiyayaan nang lubos. Mga kabataan, hinihikayat ko kayong maghandang maglingkod bilang misyonero. Manaliting malinis, walang bahid-dungis at karapat-dapat na kumatawan sa Panginoon. Maging malusog at malakas. Pag-aralan ang mga banal na kasulatan. Kung saan mayroon, makibahagi sa seminary o institute. Pag-aralang mabuti ang hanbuk ng misyonero na *Mangaral ng Aking Ebanghelyo.*

"Isang paalala sa inyong mga kabataang babae: samantalang wala kayong gayong responsibilidad ng priesthood tulad ng mga kabataang lalaki, na maglingkod ng full-time na misyon, maaari rin kayong magbigay ng mahalagang kontribusyon bilang mga missionary, at ikagagalak namin ang inyong paglilingkod."[2]

At noong Oktubre 2009 sinabi niya: "Hinihiling ko na patuloy kayong sumampalataya at ipagdasal ang mga lugar kung saan limitado ang ating impluwensya at hindi tayo pinapayagang magbahagi ng ebanghelyo nang malaya sa panahong ito. Magkakaroon ng mga himala kapag ginawa natin ito."[3]

**MGA TALA**

1. Thomas S. Monson, "Kumperensya na Naman," *Liahona,* Mayo 2011, 6.
2. Thomas S. Monson, "Sa Pagkikita Nating Muli," *Liahona,* Nob. 2010, 5–6.
3. Thomas S. Monson, "Pagbati sa Kumperensya," *Liahona,* Nob. 2009, 6.

# Tuwirang **Sagot**

## Kung itatanong ng mga tao kung bakit tayo nagpapadala ng **mga misyonero sa mga bansang Kristiyano,** ano ang dapat kong sabihin sa kanila?

Para sa maraming tao na hindi mga miyembro ng ating Simbahan, ang ibig sabihin ng "gawaing misyonero" ay pagpunta sa liblib na lugar kung saan maaaring turuan ang mga hindi Kristiyano ng tungkol sa Kristiyanismo at kung saan maaaring magkawanggawa. Kaya't kapag nalaman nilang may "gawaing misyonero" ang ating Simbahan sa kanilang lugar, maaari silang magtaka kung bakit.

Ang mensaheng ibinabahagi ng ating mga misyonero ay para sa buong mundo, kaya't ipinadadala natin sila sa buong mundo. Naniniwala tayo na ang kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo ay naipanumbalik, pati na ang Simbahan ni Cristo at ang awtoridad ng priesthood na kailangan sa pagsasagawa ng mga ordenansa, tulad ng pagbibinyag. Tanging sa Simbahang ito lubusang ipinanumbalik ang ebanghelyo. Dahil kailangang marinig ng lahat ng tao ang mensaheng ito, maging sa mga lugar na matagal na ang Kristiyanismo, nagpapadala tayo ng mga misyonero sa lahat ng tao. ■




PAGLALARAWAN NI SWAY CHAVEZ

## Kailan hindi angkop magbahagi ng mga espirituwal na karanasan?

Ang pagbabahagi ng ating mga espirituwal na karanasan sa mga taong handang pakinggan ang mga ito ay isang napakagandang paraan ng pagpapalakas ng pananampalataya at patotoo ng iba. Halimbawa, kung nadarama mong dapat mong ikuwento ang tungkol sa sagot sa panalangin, magkakaroon ng dagdag na pananampalataya ang iba na masasagot ang kanilang mga panalangin. Ngunit kung nagkaroon ka ng di-pangkaraniwan o napaka-espirituwal na karanasan, makabubuting huwag ibahagi ito maliban kung ipadama sa iyo ng Espiritu Santo na ibahagi ito.

Sinabi ni Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol:

"Natutuhan ko na ang matitindi at nakaaantig na espirituwal na karanasan ay hindi madalas dumarating sa atin. At kapag dumating ang mga ito, karaniwang ito ay upang palakasin, turuan, o iwasto tayo. . . .

"Naniniwala rin ako na hindi makatutulong na patuloy na ikuwento ang mga kakaibang espirituwal na karanasan. Dapat pangalagaang mabuti ang mga ito at ibahagi lamang kapag ipinahiwatig ng Espiritu na gamitin ang mga ito para pagpalain ang iba. . . .

"Naniniwala ako na dapat nating ingatan ang mga bagay na ito at pagnilayan sa ating mga puso."[1] ■

**TALA**

1. Boyd K. Packer, "The Candle of the Lord," *Tambuli,* Hulyo 1983, 31.

---

## Kung minsan tinatanong ako ng mga tao tungkol sa temple garment, na minsan ay sa walang-galang na pananalita. Ano ang dapat kong sabihin sa kanila?

Una sa lahat, kapag walang-galang ang mga tao sa kanilang pananalita sa pagtukoy sa mga temple garment, talagang marapat lamang na buong hinahon mong hilingin sa kanila na magpakita ng higit na paggalang, dahil ang garment ay sagrado sa atin.

Maaari mo ring sabihin na ang mga miyembro at lider sa maraming relihiyon ay nagsusuot ng mga kasuotang kumakatawan sa kanilang pananampalataya o sa kanilang opisyal na responsibilidad, kaya't ang katunayan na kasama sa ating relihiyon ang espesyal na kasuotan ay hindi naman talaga kakaiba.

Upang ipaliwanag ang kahalagahan ng mga temple garment, masasabi mo na ang mga ito ay simple, disenteng pag-ilalim na kasuotan na ibinibigay sa mga miyembro ng Simbahan na nasa hustong gulang na bilang bahagi ng espesyal na mga seremonya sa ating mga templo. Sa mga seremonyang ito, nangangako tayong mamumuhay sa paraan na nais ni Jesucristo, at ang garment ay kadalasang pisikal na paalala sa personal at espirituwal na pangakong ito. Sa ganitong paraan, nakatutulong ang garment upang pangalagaan tayo laban sa tukso at sa masama. ■

# Panatilihing BALANSE ANG INYONG BUHAY

**Ni Elder M. Russell Ballard**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol



*Makatutulong ang walong mungkahing ito sa pagharap ninyo sa maraming hamon sa buhay nang hindi nadaramang parang hindi ninyo ito kaya.*

Ang pag-agapay sa kumplikado at maraming mga hamon ng pang-araw-araw na buhay, na hindi madaling gawin, ay maaaring makasira sa balanse at pagkakasundong hangad natin. Maraming mabubuting tao ang nagsisikap na mabuti na panatilihing balanse ang buhay nila, ngunit kung minsan ay dama nilang parang napakaraming dapat gawin at parang nadadaig na sila.

May ilan akong mungkahi na sana ay maging kapaki-pakinabang sa mga taong nababahala sa mga hinihingi ng balanseng pamumuhay. Simple lamang ang mga mungkahing ito; ang mga konsepto nito ay hindi mapapansin kung hindi kayo maingat. Kakailanganin ninyo ng matatag na pangako at disiplina ng sarili upang mailakip ito sa inyong buhay.

### 1. Magtakda ng mga Priyoridad

Isipin ang inyong buhay at magtakda ng mga priyoridad. Mag-ukol ng tahimik na sandali upang regular na makapag-isip-isip kung saan ka papunta at ano ang kailangan mo upang marating iyon. Si Jesus, na ating halimbawa, ay madalas na "lumigpit sa mga ilang, at nananalangin" (Lucas 5:16). Dapat din nating gawin ang gayon paminsan-minsan upang muling mapasigla ang ating sarili sa espirituwal gaya ng ginawa ng Tagapagligtas.

Isulat ang mga gusto mong maisagawa sa bawat araw. Palaging isaisip na ang pinakamahalaga ay ang mga sagradong tipan na ginawa mo sa Panginoon habang isinusulat mo ang iyong iskedyul sa araw-araw.

### 2. Magtakda ng mga Mithiin na Kayang Abutin

Magtakda ng mga mithiin na kaya mong abutin sa maikling panahon. Magtakda ng mga mithiin na talagang balanse—hindi napakarami ni napakakaunti at hindi napakataas ni napakababa. Isulat ang iyong mga mithiin na kaya mong abutin at sikaping gawin ang mga ito batay sa kahalagahan ng mga ito. Manalangin at hingin ang patnubay ng langit sa pagtatakda mo ng mga mithiin.

### 3. Maging Matalino sa Pagbabadyet

Lahat ay may kinakaharap na hamong pinansiyal sa buhay. Sa matalinong pagbabadyet, kontrolin ang mga tunay mong pangangailangan at ikumparang maigi ang mga ito sa mga bagay na gusto mo sa buhay. Sinabi ng propetang si Jacob sa kanyang mga tao: "Samakatwid, huwag gugulin ang salapi sa mga yaong walang kabuluhan, o ang inyong paggawa sa mga yaong hindi nakasisiya" (2 Nephi 9:51).

Tandaan na palaging magbayad ng buong ikapu.

### 4. Bumuo ng Mabuting Pagsasamahan

Manatiling malapit sa iyong mga magulang, kamag-anak, at mga kaibigan. Tutulungan ka nilang mapanatiling balanse ang iyong buhay. Bumuo ng mabuting samahan sa inyong pamilya at mga kaibigan sa pamamagitan ng bukas at tapat na komunikasyon.

Ang mabubuting ugnayan ng pamilya ay mapananatili sa pamamagitan ng magiliw, mapagmahal, maalalahaning pakikipag-ugnayan. Tandaan na kadalasan ang isang sulyap, kindat, tango, o haplos ay mas maraming masasabi kaysa mga salita. Ang pagiging masayahin at pakikinig nang mabuti ay mahahalagang bahagi rin ng mabuting komunikasyon.

### 5. Pag-aralan ang mga Banal na Kasulatan

Saliksikin ang mga banal na kasulatan. Isa ito sa pinakamaiinam na

MGA PAGLALARAWAN NI CARY HENRIE



paraan na mapapasaatin ang Espiritu ng Panginoon. Isa sa mga paraan na nagkaroon ako ng tiyak na kaalaman na si Jesus ang Cristo ay sa pamamagitan ng aking pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Nanawagan sina Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994) at Gordon B. Hinckley (1910–2008) sa mga miyembro ng Simbahan na ugaliing pag-aralan ang Aklat ni Mormon araw-araw at gawin ito habambuhay.

Ang payo ni Apostol Pablo kay Timoteo ay mabuting payo sa bawat isa sa atin. Isinulat niya, "Ang lahat ng mga kasulatan na kinasihan ng Dios ay mapapakinabangan din naman sa pagtuturo, sa pagsansala, sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katuwiran" (II Kay Timoteo 3:16).

**6. Pangalagaan ang Iyong Sarili**

Maraming tao, isa na ako roon, ang nahihirapang magkaroon ng panahon para sa sapat na pahinga, ehersisyo, at pagrerelaks. Kailangan tayong magtakda ng oras sa ating kalendaryo sa araw-araw para sa mga gawaing ito upang maging malusog at balanse ang ating buhay. Ang mabuting pisikal na kaanyuan ay nakadaragdag ng dignidad at paggalang sa ating sarili.

**7. Ipamuhay ang Ebanghelyo**

Paulit-ulit na itinuro ng mga propeta na dapat ituro ng mga pamilya sa bawat isa ang ebanghelyo, lalo na sa lingguhang family home evening. Ang gawaing ito ng pamilya, kung hindi tayo mag-iingat na mabuti, ay unti-unting mawawala sa atin. Hindi dapat mawala sa atin ang espesyal na pagkakataong ito na "turuan ang isa't isa ng doktrina ng kaharian" (D at T 88:77), na aakay sa mga pamilya tungo sa buhay na walang hanggan.

Palaging kumikilos si Satanas para sirain ang ating patotoo, ngunit hindi

siya magkakaroon ng kapangyarihang tuksuhin o gambalain tayo nang higit sa ating makakaya kapag pinag-aaralan natin ang ebanghelyo at ipinamumuhay ang mga kautusan nito.

**8. Magdasal nang Madalas**

Ang huling mungkahi ko ay magdasal nang madalas nang mag-isa at bilang mga pamilya. Malalaman ninyo ang mga tamang desisyon na gagawin sa bawat araw sa pamamagitan ng palagian at taimtim na panalangin.

Ibinuod ng propetang si Alma ang kahalagahan ng panalangin sa mga salitang ito: "Magpakumbaba ng inyong sarili sa harapan ng Panginoon, at manawagan sa kanyang banal na pangalan, at magbantay at patuloy na manalangin, upang kayo ay hindi matukso nang higit sa inyong makakaya, at sa gayon ay akayin ng Banal na Espiritu, magiging mapagpakumbaba, maamo, masunurin, mapagtiis, puspos ng pag-ibig at mahabang pagtitiis" (Alma 13:28). Kapag nakaayon ang aking espiritu, nakikita kong mas madali kong nababalanse ang lahat sa aking buhay.

### Manatiling Nakatuon at Gawin ang Lahat sa Abot ng Iyong Makakaya

Maaaring idagdag sa mga ito ang iba pang mga mungkahi. Gayunman, naniniwala ako na kapag nakapokus tayo sa ilang pangunahing mithiin, mas malamang na makaya natin ang maraming hinihingi sa buhay na ito. Tandaan, na anumang labis sa buhay na ito ay maaaring magdulot sa atin ng hindi balanseng buhay. Kasabay nito, ang sobrang kakaunti ng mahahalagang bagay ay lilikha ng gayon ding resulta. Ipinayo ni Haring Benjamin "na ang lahat ng bagay na ito ay [dapat gawin] sa karunungan at kaayusan" (Mosias 4:27).

Kadalasan ang kawalan ng malinaw na direksiyon at mga mithiin ay umuubos sa ating panahon at lakas at umaambag sa kawalan ng balanse sa ating buhay. Ang buhay na hindi balanse ay katulad din ng gulong ng sasakyan na hindi balanse. Dahil dito ay hindi magiging maayos at ligtas ang takbo ng sasakyan. Kapag balanse ang mga gulong nagiging maayos at komportable ang biyahe. Ganito rin sa buhay. Ang paglalakbay sa mortalidad ay maaaring maging maayos para sa atin kapag sinisikap nating manatiling balanse ang ating buhay. Ang dapat maging pangunahin nating mithiin ay hangarin ang "kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan" (Moises 1:39). Kung ito ang ating mithiin, bakit hindi natin alisin sa ating buhay ang mga bagay na gumugulo at umuukopa sa ating isipan, damdamin, at lakas na hindi nakatutulong para maabot natin ang mithiing iyon?

Hindi pa katagalan, sinabi ng isa sa mga anak ko, "Dad, kung minsan naiisip ko na baka hindi ko po ito makaya." Ang sagot na ibinigay ko sa kanya ay katulad din ng isasagot ko sa inyo. Basta gawin ninyo ang lahat ng magagawa ninyo sa bawat araw. Gawin ang mahahalagang bagay at, bago pa ninyo mamalayan, ang inyong buhay ay mapupuno ng espirituwal na pang-unawa na magpapatunay sa inyo na mahal kayo ng inyong Ama sa Langit. Kapag alam ito ng tao, ang buhay ay magkakaroon ng tunay na layunin at kabuluhan, kaya't mas madali itong mapananatiling balanse. ■

*Mula sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 1987.*



***Kapag nakapokus tayo sa ilang pangunahing mithiin, mas malamang na makaya natin ang maraming hinihingi sa buhay na ito.***

LARAWANG KUHA NI SWAY CHAVEZ; MGA PAGLALARAWAN NI SCOTT GREER

# GAMITIN NANG MATALINO ANG ORAS

*"PILIING GAWIN ANG MARAMING MABUBUTING BAGAY NANG KUSANG-LOOB"*

(*Para sa Lakas ng mga Kabataan* [2011], 3).





# Karapatang Pumili at Pananagutan



**Ni Elder Shayne M. Bowen**
Ng Pitumpu

May kuwento tungkol sa isang matandang Cherokee na tinuturuan ang kanyang apong lalaki tungkol sa buhay. "May naglalaban sa kalooban ko," sabi niya sa bata.

"Matinding labanan ito, at ito ay sa pagitan ng dalawang lobo. Ang isa ay masama: siya ang galit, inggit, lungkot, pighati, kasakiman, kayabangan, pagkaawa sa sarili, kasalanan, poot, kababaan, mga kasinungalingan, kapalaluan, kataasan, at pagkamakasarili."

Nagpatuloy siya, "Ang isa ay mabuti: siya ay kagalakan, kapayapaan, pag-ibig, pag-asa, katahimikan, kababaang-loob, kabaitan, kagandahang-loob, pagdamay, pagkamapagbigay, katotohanan, pagkahabag, at pananampalataya. Nagaganap din ang labanang ito sa iyong kalooban—at sa kalooban din ng bawat tao."

Sandali itong pinag-isipan ng apo at pagkatapos ay nagtanong sa kanyang lolo, "Alin pong lobo ang mananalo?"

Simple lamang ang isinagot ng matandang Cherokee, "Ang lobong pakakainin mo."

### Karapatang Pumili at Buhay Bago ang Buhay sa Mundo


Matagal na matagal na panahon na ang nakalipas, noong tayong lahat ay nasa piling ng ating Ama sa Langit, ay nagkaroon ng Malaking Kapulungan. Sa kapulungang iyon ang ating Ama, sa hangaring magkaroon din tayo ng kagalakan at kaligayahan na tinatamasa Niya, ay inilahad ang Kanyang plano kung saan paparito tayo sa mundo, magkakaroon ng katawang pisikal, at daranas ng pait at tamis sa buhay na ito. Maaari nating piliin ang Kanyang mga kautusan at maging katulad Niya o piliing huwag sundin ang Kanyang mga kautusan at ipagkait sa ating sarili ang kagalakan at mga pagpapalang ipinangako Niya.

Ang sentro ng plano ng ating Ama ay na tayo ay malayang makapipili. Ang kaloob na ito ay tinawag na kalayaan, ang kapangyarihang pumili. Pananagutan ang palaging kasama ng kalayaang pumili. Isa-isa tayong mananagot sa mga ginagawa nating pagpili.

Nang magtanong ang Ama sa Langit kung sino ang magsasakatuparan sa plano, nag-alok si Lucifer na tutubusin niya ang buong sangkatauhan ayon sa kanyang mga kondisyon, kung saan ipagkakait ang kalayaang pumili at tatanggapin niya ang lahat ng kaluwalhatian. Sisirain nito ang walang hanggang plano ng Diyos ukol sa kaligayahan.

Inalok ni Jesucristo ang Kanyang sarili na maging Tagapagligtas sa plano ng Ama. Pinili

PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS



Niyang magpailalim sa plano ng Ama. Sumasampalataya tayo sa nakatatanda nating kapatid na si Jesucristo, nalalaman na ang Kanyang misyon ay mahalaga para makabalik tayo sa kaharian ng ating Ama.

Ano ang nangyari kay Lucifer? Sinabi ng Ama:

"Dahil dito, sapagkat yaong si Satanas ay naghimagsik laban sa akin, at naghangad na wasakin ang kalayaan ng tao, na ako, ang Panginoong Diyos, ang nagbigay sa kanya, at gayon din, na aking dapat ibigay sa kanya ang aking sariling kapangyarihan; sa pamamagitan ng kapangyarihan ng aking Bugtong na Anak, aking pinapangyaring siya ay mapalayas;

"At siya ay naging si Satanas, oo, maging ang diyablo, ang ama ng lahat ng kasinungalingan, upang linlangin at bulagin ang mga tao, at akayin silang bihag sa kanyang kagustuhan, maging kasindami ng hindi makikinig sa aking tinig" (Moises 4:3–4).

Dahil ang kalayaang pumili ay walang hanggang alituntunin at hindi ito lalabagin ng Ama sa Langit, nawala sa Kanya ang sangkatlo ng Kanyang mga anak, na piniling sumunod kay Satanas.

### Karapatang Pumili at Buhay sa Mundo

Kung gayon ano ang layunin ng buhay dito sa lupa? Ang isang pangunahing layunin ay upang patunayan ang ating katapatan (tingnan sa Abraham 3:24–25). May kakayahan tayong malaman ang tama sa mali. Nasa atin ang kapangyarihang mula sa Diyos "na [kumilos] . . . at hindi pinakikilos" (2 Nephi 2:26). Sa huli, tatanggapin natin ang kahariang hinangad natin batay sa mga kautusang sinusunod natin, sa mga ordenansang tinatanggap natin, at mga tipan na tinutupad natin.


Gaya ng ipinaliwanag ng matalinong matandang Cherokee, nasa kanya na kung aling lobo ang kanyang pakakainin. Mayroon siyang kalayaang pumili, at siya lamang ang mananagot sa kanyang pagpili. Kailangan niyang tiisin ang mga bunga ng kanyang pagpili.

Kayo ang mga kabataan na maringal ang pinagmulan. Ipinadala kayo sa lupa sa panahon na narito ang kabuuan ng ebanghelyo. Kayo ay nabinyagan at nakumpirma upang matanggap ninyo, kung nanaisin ninyo, ang Espiritu Santo bilang palagi ninyong kasama. Nakagawa na kayo ng mga tipan sa binyag. At mga kabataang lalaki, nakagawa kayo ng karagdagang mga tipan sa priesthood.

Malaya ninyong mapipili ang buhay na walang hanggan sa pananatiling malinis ng inyong sarili at karapat-dapat na pumasok sa banal na templo ng Diyos at tanggapin ang mga ordenansa na magpapahintulot sa inyong bumalik sa piling ng Ama. Maaari ninyong piliin ang pagpapala ng buhay na walang hanggan, upang mamuhay nang tulad ng pamumuhay ng Diyos sa lahat ng kawalang-hanggan kasama ang inyong pamilya. May potensyal kayo na matanggap ang lahat ng mayroon ang Ama. Nasa inyo ang pagpili.

Gamitin nang matalino ang kalayaang ibinigay sa inyo ng Diyos. ■

*Ang susunod pang mga isyu ay magtatampok ng mas marami pang artikulo tungkol sa mga pamantayan sa bagong* Para sa Lakas ng mga Kabataan.




### MGA PANGUNAHING IDEYA TUNGKOL SA KALAYAAN SA PAGPILI

"Ang karapatang piliin ang landas na tatahakin ninyo ang isa sa mga pinakadakilang kaloob ng Diyos sa inyo. . . .

"Kayo ang may pananagutan sa mga pagpiling ginagawa ninyo. . . .


"Bagama't malaya kayong piliin ang gusto ninyong gawin, wala kayong layang piliin ang mga resulta nito."

***Para sa Lakas ng mga Kabataan,* (2011), 2.**



# PINAGPALA DAHIL SA HALIMBAWA

*Tulad ng pag-impluwensya ng mga kaibigan ko sa aking buhay, maihahatid ninyo ang ilaw ng ebanghelyo sa buhay ng inyong mga kaibigan sa paraan ng inyong pamumuhay.*



**Ni Elder O. Vincent Haleck**
Ng Pitumpu

Kamakailan lang ay dinalaw ko ang isang kaibigan ko noon sa hayskul. Nag-usap kami tungkol sa una naming pagkikita, tungkol sa kagalakan na nagmumula sa pamumuhay ng ebanghelyo, at tungkol sa nagiging impluwensya ng mga kaibigan sa ating buhay. Sa katunayan, dahil sa halimbawa ng mga kaibigan ko kaya ako sumapi sa Simbahan.

Dumating ako sa Estados Unidos mula sa American Samoa noong ako'y 10 taong gulang dahil gusto ng tatay ko na magkaroon ng mas maraming pagkakataon sa pag-aaral ang kanyang mga anak kaysa sa kanya. Nanirahan ako sa Seattle, Washington, kasama ng isang tiya at tiyo. Pagtuntong ko ng edad na 14, lumipat ako sa California. Ang lola ko, na siyang tinirhan ko, ay temple worker noon sa Los Angeles California Temple, pero hindi ako miyembro ng Simbahan noon.

Noong nasa junior high school na ako, nakasali ako sa student body at napansin ko ang ilang tao sa student council na kakaiba sa lahat. Magalang sila sa iba, malinis manalita at manamit, at may dangal at liwanag sa kanilang pagkatao na siyang nakaakit ng aking pansin. Naging magkakaibigan kami, at inanyayahan nila akong sumama sa kanila sa Mutual. Nagustuhan ko ang nakatutuwa at makabuluhang mga aktibidad at ang Diwang nadama ko doon, kaya't nagsimula akong dumalo nang regular. Makalipas lang ang ilang linggo ipinakilala ako ng mga kaibigan ko sa mga misyonero at sa Aklat ni Mormon. Hindi nagtagal ay nabinyagan ako at sinimulan ang habambuhay na pag-aaral ng Aklat ni Mormon.

Sinunod ng mga kaibigan ko ang payo na matatagpuan sa I Kay Timoteo 4:12: "Ikaw ay maging uliran ng mga nagsisisampalataya, sa pananalita, sa pamumuhay, sa pagibig, sa pananampalataya, sa kalinisan." Tulad ng mga kaibigan ko, maaari tayong maging mabuting impluwensya sa pamamagitan ng pamumuhay ng ebanghelyo sa ating mga ginagawa sa araw-araw. Habang nababanaag sa ating buhay ang ating mga pamantayan at paniniwalaan, mapapansin ito ng mga handang tumanggap ng ebanghelyo at gugustuhin nilang marami pang malaman tungkol dito.

Halimbawa, naaalala ninyo ang kuwento ni Alma na matatagpuan sa Aklat ni Mormon. Komportable ang pamumuhay noon ni Alma bilang saserdote sa hukuman ni Haring Noe. Nang magpatotoo si Abinadi, naniwala sa kanya si Alma at, kahit nalagay sa panganib ang kanyang buhay, isinulat niya ang mga salita ni Abinadi at tinuruan ang iba tungkol sa Tagapagligtas (tingnan sa Mosias 17:2–4).

"At ito ay nangyari na, na matapos ang maraming araw ay may di mumunting bilang ang nagtipong magkakasama sa lugar ng Mormon, upang makinig sa mga salita ni Alma. Oo, sama-samang nagtipong lahat ang naniniwala sa kanyang salita, upang makinig sa kanya. At sila ay tinuruan niya, at ipinangaral sa kanila ang pagsisisi, at pagtubos, at pananampalataya sa Panginoon" (Mosias 18:7; tingnan din sa mga talata 1–6).

Kalaunan, nang lumikha ng mga problema sa Simbahan ang Nakababatang Alma, sinagot ng isang anghel ang mga dasal ni Alma: "Napakinggan ng Panginoon ang mga panalangin ng kanyang mga tao, at gayon din ang mga panalangin ng kanyang tagapaglingkod na si Alma, na iyong ama; sapagkat nanalangin siya nang may labis na pananampalataya hinggil sa iyo na baka sakaling madala ka sa



KALIWA: *HUMARAP SI ABINADI KAY HARING NOE*, NI ARNOLD FRIBERG © IRI 1951; KANAN: *NAGBIBINYAG SI ALMA SA MGA TUBIG NG MORMON*, NI ARNOLD FRIBERG © IRI 1951



kaalaman ng katotohanan" (Mosias 27:14). Nagsisi ang Nakababatang Alma at ang kanyang mga kaibigan, naging mga dakilang misyonero sila, at naantig ang buhay ng libu-libong tao dahil sa mabuti nilang halimbawa.

"At sa gayon sila ay naging mga kasangkapan sa mga kamay ng Diyos sa pagdadala ng marami sa kaalaman ng katotohanan, oo, sa kaalaman ng kanilang Manunubos.

"At gaano sila pinagpala! Sapagkat sila ay naghayag ng kapayapaan; sila ay naghayag ng mabuting balita ng kabutihan; at kanilang sinabi sa mga tao na naghahari ang Panginoon" (Mosias 27:36–37).

*Ang Nakababatang Alma at ang kanyang mga kaibigan ay naging mga dakilang misyonero at naantig nila ang buhay ng libu-libong tao dahil sa mabuti nilang halimbawa.*

Nagpakita rin sa akin ng mabuting halimbawa ang mga kaibigan ko nang piliin nilang magmisyon. Bagamat nakaranas ako ng ilang oposisyon, nagpasiya akong gusto ko ring magmisyon. Ang desisyong iyan ang humubog sa nalalabing panahon ng aking buhay. Nang maglingkod ako sa Samoa Apia Mission, ginampanan ng mga misyonero ang malaking bahagi ng mga responsibilidad sa pamumuno sa priesthood, at nakita kong kailangang patatagin ang Simbahan sa mga isla. Nagpasiya akong gagawin ko ang aking bahagi—babalik ako sa Samoa pagkatapos ng aking misyon at pag-aaral.

Nang makatapos na ako sa kolehiyo, lumipat kami ng asawa ko sa Samoa, kung saan namin pinalaki ang aming mga anak at sinikap na palakasin ang Simbahan at komunidad. Ang tatay ko, na hindi miyembro ng Simbahan, ay aktibo noon sa lokal na negosyo at mga gawain sa komunidad. Ang kanyang motto ay "Kung sulit itong gawin, sulit na gawin itong tama." Nang matuklasan namin ng mga kapatid ko ang ebanghelyo at ipinamuhay ito sa abot ng makakaya namin, napansin niya ang mabubuting pagbabago sa aming buhay. Noong 2000, si Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) ay lumagi sa tahanan ng aking ama nang bumalik siya mula sa paglalaan ng Suva Fiji Temple. Sa pagbisitang iyon, naantig ng Espiritu ang puso ng aking ama, at nagkaroon ako ng pribilehiyong binyagan siya nang siya ay 82 taong gulang na. Nakatagpo siya ng malaking kagalakan sa ebanghelyo at hindi nahiya at matapang na ibinahagi ito sa iba noong mga huling araw ng kanyang buhay.

Alam ko ang kahalagahan ng pagiging mabuting halimbawa ng mga mananampalataya at ang kaligayahang dulot nito sa ating buhay at sa buhay ng ibang tao. Dahil sa mabubuting halimbawa ng mga kaibigan ko at sa pagmamahal ng isang propeta, ako at ang aking pamilya ay biniyayaan ng kagalakang dulot ng ebanghelyo.

Sa bawat araw ay naiimpluwensyahan natin ang iba sa pamamagitan ng ating mga kilos at gawa. Tiyaking tutulungan natin ang iba at ibahagi ang katotohanan ng banal na kasulatang ito upang makapaghatid din ito ng kaligayahan sa kanilang buhay: "Tandaan, tandaan na sa bato na ating Manunubos, na si Cristo, ang Anak ng Diyos, ninyo kailangang itayo ang inyong saligan; nang sa gayon kapag ipinadala ng diyablo ang kanyang malalakas na hangin, oo, ang kanyang mga palaso sa buhawi, oo, kapag ang lahat ng kanyang ulang yelo at kanyang malakas na bagyo ay humampas sa inyo, hindi ito magkakaroon ng kapangyarihan sa inyo na hilahin kayong pababa sa look ng kalungkutan at walang katapusang kapighatian, dahil sa bato kung saan kayo nakasandig, na tunay na saligan, isang saligan na kung sasandigan ng mga tao ay hindi sila maaaring bumagsak" (Helaman 5:12). ■

PAGLALARAWAN NI JERRY THOMPSON © IRI

# Ang Pinakamakapangyarihang Hukbo



*Plano ko noon na maging opisyal sa army. Ngunit kapag naiisip ko ang kinabukasan ko, naaalala ko ang tanong ng aking ina, "Kailan mo planong magmisyon?"*

**Ni H. Daniel Wolke Canales**

Mula pa noong maliit ako, hangang-hanga na ako sa mga kuwento ng mga lider ng Simbahan na naglingkod sa hukbong sandatahan. Marami sa kanila ang naging mga bayani ng digmaan at mga dakilang halimbawa ng katapangan at kababaan ng loob sa kanilang sariling bayan. Nagbigay-inspirasyon sa akin ang kanilang mga karanasan para sumali sa military ng aking bansa.

Noong ako'y 13 taong gulang, nag-aral ako sa isang paaralan na kilala sa mahigpit nitong military discipline at infantry training. Mahirap ang iskedyul ko. Madalas ay pagud na pagod na ako pagkatapos ng maghapon kaya't parang imposibleng mapag-aralan ko ang banal na kasulatan at dumalo sa seminary.

Nang nasa ikalawang taon na ako sa paaralan, gumawa ako ng mga plano sa aking buhay: pagkatapos mag-aral sa edad na 18, didiretso na ako sa paaralan ng mga opisyal at magtatapos makalipas ang apat na taon bilang opisyal sa Guatemalan Army. Lahat ng pangarap ko ay tila nagkakatotoo.

Isang araw sinabi ko kay Inay ang tungkol sa aking mga plano, at itinanong niya, "Kailan mo planong magmisyon?" Magmula nang araw na iyon ay lagi nang nasa isip ko ang kanyang tanong sa tuwing maiisip ko ang kinabukasan ko.

Mahigpit pa rin ang iskedyul ko, pero sinimulan ko nang magpakita ng dagdag na interes sa aking espirituwal na pagsasanay. Sinimulan kong dumalo sa seminary, sumama sa mga full-time missionary, at sumali sa mga aktibidad ng Simbahan. Sa pagsunod sa payo ng kuya ko na nasa full-time mission noon, sinimulan ko na ring basahin ang Aklat ni Mormon.

Noong nasa training ako para maging paratrooper, napakatindi ng aming training sa bawat araw. Babalik kami sa aming barrack na halos gumagapang na, pero palagi akong nagkakaroon ng lakas na basahin ang Aklat ni Mormon. Ang araw-araw na pagbabasa ng mga banal na kasulatan ay nagpalakas sa aking espiritu at tinulungan akong magpatuloy sa aking training.

Isang gabi nagtipon ang mga kaibigan ko sa paligid ng kama ko para magtanong tungkol sa Aklat ni Mormon at sa Word of Wisdom. Pagkakataon ko na iyon na maging pinakamabuting uri ng sundalo—na nagtatanggol sa katotohanan at naghahatid ng kalayaan sa pamamagitan ng matatag at nakahihikayat na patotoo tungkol sa Aklat ni Mormon.

Noong ako'y 19 na taong gulang, muli akong nagpatala sa isang hukbo—ang hukbo ng Diyos, ang pinakamakapangyarihang hukbo sa lahat. Nagkaroon ako ng pribilehiyong makasama ang magigiting na mga elder at sister ng Sion sa batalyon ng Mexico Puebla Mission. Suot ang baluti ng Diyos, ipinahayag namin ang ebanghelyo at ipinaglaban ang kalayaan nang may tapang at lakas.

Nakikipaglaban tayo sa mga kampon ng kadiliman, ngunit ang tagumpay ay sa Diyos. Gusto kong patuloy na maging matapang na sundalo, nakalista para sa ating Hari. Napakalalakas ng ating mga sandata: ang Aklat ni Mormon, ang Espiritu Santo, at ang kabuuan ng ebanghelyo. Inaakay tayo sa tagumpay ng mga buhay na propeta. Kung sasanayin at ihahanda natin ang ating sarili para sa pagdating ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo, puputungan Niya tayo ng mga korona ng karangalan sa kaluwalhatiang selestiyal. ■

PAGLALARAWAN NI SCOTT GREER

# Ang Bahaging para sa Atin




## PANALANGIN PARA SA PANSARILING PAG-UNLAD

Ni Amalia Camila Wilte

Buong buhay ko ay tinuruan ako ng mga magulang ko na manalangin, pero habang lumalaki ako, sa gabi na lang ang personal kong panalangin. Akala ko'y sapat na iyon—hanggang sa mapunta ako sa Young Women.

Nang bigyan ako ng buklet na Pansariling Pag-unlad, binasa kong lahat ang mga mithiin. May isa na talagang napagtuunan ko ng pansin: isang karanasan sa pinahahalagahan sa pananampalataya ang nagsabi na dapat akong manalangin sa umaga at maging sa gabi. “Bakit sa umaga?” tanong ko sa sarili ko. “Imposible iyon para sa akin.”


Lumipas ang panahon, at hindi ko tinutupad ang mithiing iyon. Pero determinado akong gawin iyon, at kahit mahirap, nagtiwala ako sa Panginoon.

Sa una lahat ay tila walang pagbabago. Pero may isang bagay sa kalooban ko na nagsimulang magbago. Parang pakiramdam ko ay mas nakatitiyak na ako sa lahat ng ginagawa ko. Hindi na naulit ang mga mumunting pakikipagtalo ko sa aking pamilya. Kapag bumangon ako nang maaga para magsimba, hindi na ako nakakaramdam ng pagod. Sa halip ay tumindi ang hangarin kong magsimba.

May isang partikular na araw na naisip ko na wala akong sapat na oras para gawin ang lahat ng kailangan kong gawin. Paggising ko sa araw na iyon, nagdasal ako—kahit hindi gaanong tiwala—na sana ay may magbago. Namangha ako sa nangyari: nagawa ko ang lahat ng kailangan kong gawin! Nahiya ako dahil hindi ako lubos na nagtiwala sa Panginoon pero napakasaya ko dahil sinagot Niya ang panalangin ko.

Ngayon ay nagdarasal na ako tuwing umaga at gabi, at talagang nagbago ang buhay ko.

Alam ko na laging pinakikinggan at sinasagot ng Ama sa Langit ang ating mga panalangin. Kailangan lang nating sumampalataya sa Kanya. Hinding-hindi Niya tayo pababayaan. Nariyan Siya. Kailangan lang na lumapit tayo sa Kanya. Alam ko na ang pangakong “magsituktok kayo, at kayo'y bubuksan” ay totoo (Mateo 7:7). Kailangan lang nating lumuhod, manalangin, at magtiwala sa Kanyang takdang panahon, hindi sa atin. Nagpapasalamat ako sa Kanya para sa programang Pansariling Pag-unlad at sa magandang kaloob na panalangin.





## ANG PABORITO KONG BANAL NA KASULATAN

### D at T 64:10

Ito ang paborito kong talata sa banal na kasulatan dahil lahat tayo ay nakagagawa ng pagkakamali. Walang taong perpekto maliban kay Jesucristo, kaya dapat tayong matutong magpatawad sa isa't isa kapag nagkakamali tayo.

Cedric G., edad 16, Luzon, Philippines

## IPADALA SA AMIN ANG IYONG KUWENTO

May karanasan ka ba sa pagsunod sa payo mula sa mga patnubay na ito sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*?

- Musika at pagsasayaw
- Kalusugang pisikal at emosyonal
- Pagsisisi
- Paggalang sa araw ng Sabbath

Isumite lamang ang iyong karanasan online sa liahona.lds.org o sa pamamagitan ng e-mail sa liahona@ldschurch.org na nakasulat ang “For the Strength of Youth” sa subject line. Sa iyong e-mail, isama ang iyong buong pangalan, kapanganakan, ward at stake (o branch at district), at pahintulot ng magulang (sa pamamagitan ng e-mail) para maiprint ang iyong tugon.

MGA LARAWAN NG MGA AKLAT NA KUHA NINA ROBERT CASEY AT CODY BELL



**Ni Elder Larry R. Lawrence**
Ng Pitumpu

*"Isinilang sa butihing mga magulang samakatwid, ako ay naturuan ng lahat halos ng karunungan ng aking ama" (1 Nephi 1:1).*



# PAGKATUTONG BUMASA

Noong ako ay anim na taong gulang, nagsikap akong matutong bumasa. Sinabi ng titser ko na kailangan kong umulit sa grade one. Nag-alala ang tatay ko nang marinig niya iyon. Kaya't gabi-gabi pagkatapos maghapunan, nagsanay kaming magbasa. Ginawang laro iyon ni Itay para manatili akong interesado. Hindi nagtagal ay nababasa ko na ang mga salita kapag nakita ko ang mga iyon, at pinuri at hinikayat ako ni Itay. Maraming oras kaming magkasamang nagbabasa, at bumuti ang kakayahan kong magbasa.

Nagpasiya ang titser ko na ilipat ako sa grade two. Ipinagmalaki ako ni Itay. Lagi siyang interesado sa pag-unlad ko sa paaralan. Para sa Pasko binilhan niya ako ng mga aklat na alam niyang magugustuhan ko.

Ilang buwan pagkatapos ko ng high school, namatay ang tatay ko sa kanser. Hindi niya inabutan ang pagtatapos ko sa kolehiyo o medisina, pero sapat na ang itinagal ng buhay niya para malaman na natutuhan kong mahalin ang pagbabasa. Labis niyang ikinasiya iyon.

Kami ng aking pamilya ay hindi mga miyembro ng Simbahan noon. Isang araw habang nasa paaralan ng medisina, tiningnan ko ang isang aklat sa library na may pamagat na *A Marvelous Work and a Wonder.* Isinulat iyon ng isang Apostol na nagngangalang Elder LeGrand Richards. Ang aklat ay tungkol sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Paulit-ulit kong binasa ang aklat. Pinag-aralan at ipinagdasal ko ito. Inihanda ako ng aklat sa pagsapi sa Simbahan pagkaraan ng ilang buwan.

Matapos akong mabinyagan, nalaman ko na maaari akong magpunta sa templo at magpabinyag para sa tatay ko. Malaki ang nagawa niyang kaibhan sa buhay ko. Sa huli may magagawa akong espesyal para pasalamatan siya sa lahat ng ginawa niya para sa akin.

Gustung-gusto ko pa ring magbasa. Ang regalong bigay ng tatay ko ay nagpapala sa buhay ko araw-araw sa pagbabasa ko ng mga banal na kasulatan at mga salita ng mga propeta. ■

PAGLALARAWAN NI JARED BECKSTRAND

# KAIBIGANG Misyonero

**Ni Jane McBride Choate**

Batay sa tunay na buhay



*"Mag-anyaya sa lahat na lumapit kay Cristo" (D at T 20:59).*

Niyaya ni Alex ang kaibigan niyang si Jake na maglaro sa bahay niya sa araw ng Sabado. Masaya silang nagkakarerahan ng kotse nang mapansin ni Jake ang isang retratong nakasabit sa dingding.

"Sino 'yon?" tanong niya, habang nakaturo sa retrato ni Thomas S. Monson.

"Si Pangulong Monson 'yan," sabi ni Alex.

Hindi umimik si Jake.

"Alam mo na, ang propeta ng Simbahan natin," sabi ni Alex.

Parang napahiya si Jake. "Hindi na kami nagsisimba," sabi niya.

"Bakit naman?" tanong ni Alex.

Nagkibit-balikat si Jake. "Ewan ko."

"Gusto mo bang sumama sa akin sa Linggo?" tanong ni Alex. "Puwede tayong sabay na magpunta sa Primary. Ang galing talaga ng titser ko."

Nagningning ang mga mata ni Jake. "Magpapaalam ako kay Inay, at palagay ko papayag siya," sabi ni Jake.



PAGLALARAWAN NI LANCE FRY

Pagsapit ng tanghalian, tinanong ni Alex ang kanyang nanay, "Puwede po bang sumama si Jake sa akin sa Primary bukas?"

"Kailangan nating tanungin ang nanay ni Jake," sabi ni Inay. "Kung papayag siya, siyempre puwede siyang sumama."

Kalaunan nang araw na iyon, sinundo si Jake ng kanyang nanay.

"Puwede po bang sumama si Jake sa akin sa Primary bukas?" tanong ni Alex.

"Puwede po ba, Inay?" sabi ni Jake. "Sabi ni Alex talagang masaya sa Primary. May kuwentuhan, kantahan, at nag-aaral sila tungkol sa mga tao sa mga banal na kasulatan."

"Ewan ko lang," sabi ng nanay ni Jake, na parang hindi nakatitiyak.

"Ang tagal na po nating hindi nagsisimba."

"Sige na po, Inay," sabi ni Jake. "Gusto ko pong sumama."

"Puwedeng sumama sa amin si Jake," sabi ng nanay ni Alex.

"Sigurado ka bang gusto mong sumama?" tanong ng nanay ni Jake.

"Opo!" sabi ni Jake.

"Eh di, SIGE," sabi ng nanay ni Jake.

Saglit na niyakap ni Jake ang kanyang nanay. "Salamat po," sabi niya.



Pagsapit ng Linggo ng umaga, sinundo ng pamilya ni Alex si Jake. Suot na niya ang kanyang damit-pangsimba. Pagkatapos ng sacrament meeting nagpunta ang mga bata sa Primary. Pagdating nila sa klase, sinabi ng titser nila, "Natutuwa kaming makasama ka rito, Jake."

Pagkatapos magsimba, inihatid ng pamilya ni Alex si Jake sa bahay.

"Salamat po at isinama ninyo ako sa simbahan," sabi ni Jake.

Nginitian siya ng nanay ni Alex. "Walang anuman, Jake. Sana sumama ka ulit sa amin," sabi niya.

Sa hapunan nang gabing iyon, nagtanong si Alex, "Puwede ko po bang yayaing sumama sa atin si Jake na magsimba sa susunod na Linggo?"

Tumango si Inay. "Susundin ko ang halimbawa mo at yayayain ko ring sumama sa atin ang nanay niya," sabi ng ina.

"Mabuting misyonero ka, Alex," sabi ni Itay.

Nagulat si Alex. "Kinakaibigan ko lang po siya," sabi niya.

"Ganyan ang misyonero," sabi ni Inay, "isang kaibigan." ■



"Ang natural at normal na pagbabahagi ng ebanghelyo sa mga taong mahalaga at mahal sa atin ang magiging gawain at galak ng ating buhay."

**Elder David F. Evans ng Pitumpu, "Sulit Ba Ito?" *Liahona,* Mayo 2012, 106.**

# **Ang** Ating **Pahina**





*Nicolas M., edad 5, Colombia*




*Ang mga bata ng La Huerta Ward, Guadalajara Mexico Mirador Stake, ay naghahanda para sa pagtatanghal nila sa sacrament meeting.*




**Walang-Hanggang Pamilya,** *ni Nicole M., edad 5, Brazil*





**Paglikha,** *ni Melanie M., edad 6, Brazil*





**Kapitan Moroni,** *ni Ezra B., edad 9, Philippines*



*Gustung-gusto ni Alondra E., edad 5, mula sa Guatemala, ang Primary. Paborito niyang himno ang "Ako ay Anak ng Diyos." Alam niya na mahal siya ng Ama sa Langit at ang Simbahan ay totoo. Gustung-gusto niya ang bahaging pambata ng* Liahona.



# Countdown ng Pangkalahatang Kumperensya

Makapaghahanda kayo para sa pangkalahatang kumperensya sa pamamagitan ng paggupit sa mga kapirasong papel sa ibaba at pagdidikit ng mga dulo nito para makabuo ng kadena. Bawat araw sa loob ng dalawang linggo bago ang kumperensya, kumuha ng isang kawing mula sa kadena at gawin ang nakasulat sa kapirasong papel. Habang umiikli ang kadena, papalapit naman ang kumperensya!

1. Basahin ang tungkol sa Liahona ni Lehi (tingnan sa 1 Nephi 16:10, 28, 29 at Alma 37:38–40). Paano naging katulad ng Liahona ang mga salita ng mga propeta para sa mga pamilya ngayon?
2. Maghanap ng mga larawan ng propeta at mga apostol sa *Liahona* ng Mayo o Nobyembre o sa lds.org/church/leaders at alamin ang mga pangalan nila.
3. Kunwari ay hinilingan kang magsalita sa Primary tungkol sa mga propeta. Ano ang sasabihin mo?
4. Kantahin ang himnong "Salamat, O Diyos, sa Aming Propeta" (*Mga Himno,* blg. 15).
5. Anong paksa ng ebanghelyo ang gusto mong mas matutuhan pa sa kumperensya? Gumawa ng listahan ng mga salitang pakikinggan.
6. Ipagdasal na tulungan kang magpokus at madama ang Espiritu sa kumperensya. Maaari mo ring ipagdasal ang mga pinuno ng Simbahan na magsasalita.
7. Ibahagi sa iyong mga magulang o mga miyembro ng pamilya kung bakit mo inaasam ang kumperensya.
8. Basahin ang tungkol sa pagsasalita ni Haring Benjamin sa kanyang mga tao (tingnan sa Mosias 2:1, 5, 9, 41). Paano naging katulad ng pangkalahatang kumperensya ang pulong na iyon?
9. Idrowing ang larawan ng iyong paboritong propeta mula sa mga banal na kasulatan.
10. Gumawa ng journal kung saan makapagtatala o makapagdodrowing ka tungkol sa mga mensahe sa kumperensya. May makikita kang notebook sa kumperensya na maaaring i-print sa lds.org/general-conference/children.
11. Kantahin ang awiting "Propeta'y Sundin" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 58–59).
12. Basahin ang tungkol sa mabubuting Nephita sa 4 Nephi 1:12–13, 16. Ano ang ginawa nila nang sila ay magkita-kita?
13. Basahin ang kuwentong "Kaibigang Misyonero" sa pahina 60 ng isyung ito.
14. Talakayin ang turong ito mula kay Elder M. Russell Ballard: "Kung makikinig kayo sa buhay na propeta at [mga] apostol at diding-gin [ninyo] ang aming payo, hindi kayo maliligaw" ("Nagsalita Sila sa Atin," *Liahona,* Hulyo 2001, 116.)

PAGLALARAWAN NI BRAD TEARE



Magagamit ninyo ang aralin at aktibidad na ito para matutuhan pa ang iba tungkol sa tema ng Primary sa buwang ito.

# Itinuturo sa Akin ng Sampung Utos na **Mahalin ang Diyos** at ang **Kanyang mga Anak**

Abalang-abala ka sa araw na ito! Nagtanong ang kaklase mo kung maaari niyang kopyahin ang homework mo. Gusto mong maging matapat, kaya tinanggihan mo siya pero nag-alok kang tulungan siya.

Pauwi mula sa paaralan, nakita mo ang kapitbahay mo na nahihirapang buhatin ang malaking basket ng mga gulay na pinitas niya mula sa kanyang halamanan. Gusto mo nang makauwi, pero nilapitan mo siya at tinulungang ipasok ang basket sa loob ng bahay.

Pagkatapos ng hapunan ipinagawa ng tatay mo sa iyo ang homework mo sa math. Mahirap ang math at ayaw mong gawin iyon, pero nagpasiya kang sundin ang tatay mo.

Pagod ka na at gusto mo nang matulog, pero lumuhod ka at nagpasalamat sa Ama sa Langit para sa iyong mga pagpapala.

Alam mo ba na sa paggawa ng lahat ng mabubuting desisyong ito, sinusunod mo ang Sampung Utos? Matapos makatakas ang mga Israelita mula sa Egipto, kinailangan nila ng patnubay ng Panginoon. Sa pamamagitan ng propetang si Moises, binigyan ng Panginoon ng 10 mahahalagang utos ang mga tao na susundin para mamuhay nang matwid. Ang Sampung Utos ay nagtuturo tungkol sa paggalang sa Diyos, pagiging tapat, paggalang sa ating mga magulang, pagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath, at pagiging mabuti sa kapwa. Ang mga tuntuning ito ay mahalaga ngayon tulad noong libu-libong taon na ang nakararaan. Kapag sumusunod tayo sa mga utos ng Panginoon, natututo tayong mahalin at igalang ang Diyos at maging mabait at mapagmahal sa mga nasa paligid natin. ■

## AWITIN AT BANAL NA KASULATAN

- "Mga Kautusan sa Tuwina ay Sundin," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 68–69.
- Doktrina at mga Tipan 42:29



## IKAW LANG

Matatagpuan mo ang Sampung Utos sa Exodo 20. Mabibilang mo bang lahat ang 10? Markahan ang mga ito gamit ang lapis na pangmarka kung gusto mo.

PAGLALARAWAN NI SCOTT GREER

## AKTIBIDAD NA PAT: PAGSUNOD SA MGA UTOS

Ang Sampung Utos ay maaaring hatiin sa tatlong mahahalagang kategorya: (1) paggalang sa Diyos, (2) paggalang sa mga magulang at pamilya, at (3) paggalang sa kapwa.

Gupitin ang tatlong label sa ibaba. Maaari mong idikit ang mga ito sa mga garapon o bag o ilatag ang mga ito sa lamesa. Sa magkakahiwalay na piraso ng papel, pasulatin ang mga miyembro ng pamilya ng ilang mabubuting bagay na kanilang ginawa o nakitang ginawa ng iba sa nakaraang linggo para sundin ang isang utos. Siguro ay nagpakita ka ng pagpipitagan sa pagdarasal, o siguro tinulungan ng kapatid mo ang inyong mga magulang na maghanda ng hapunan.

Basahin ang isa sa mga papel at saka magpasiya bilang isang pamilya kung saan sa tatlong kategorya ililista ang karanasan. Ilagay ang papel sa garapon o bag o ilagay ito sa tabi ng label na nasa lamesa. Basahin ang nakasulat sa natitirang mga papel at ilagay ang mga ito sa kanilang tamang kategorya. Ang ilang karanasan ay aakma sa mahigit sa isang kategorya.

**PAGGALANG SA DIYOS**

**PAGGALANG SA MGA MAGULANG AT PAMILYA**

**PAGGALANG SA KAPWA**

**Ni Chad E. Phares**
Mga Magasin ng Simbahan

# Hi! Ako si Timofei
## mula sa Kyiv, Ukraine



*Sa paaralan tinanong ko ang tatlong kaibigan ko kung naniniwala sila sa Diyos. Oo ang sabi nila. Sinabi ko na naniniwala rin ako. Binigyan ko sila ng imbitasyon sa temple open house. Sabi nila, "OK, pupunta kami."*

Nakatira ang anim-na-taong-gulang na si Timofei sa Kyiv, Ukraine, ang kabisera ng Ukraine at tahanan ng unang templo sa kanyang bansa. Sabik na si Timofei sa bagong templo at sa iba pang mga bagay. Masayang-masaya siya nang matanggal ang unang dalawa niyang ngipin. Binunot ng kanyang ama ang isa sa bahay ng kanyang lola, at ang isa naman ay kusang natanggal.





*Ngayong taon nagsimula akong mag-aral ng karate dahil nag-aaral din ng karate ang tatay ko at mga kapatid kong lalaki. Natuto akong sumuntok, protektahan ang sarili ko, at magbuhat ng mabibigat na bagay.*


MGA LARAWANG KUHA NI CHAD E. PHARES



*Mahilig kaming magkapatid na gumawa ng mga bahay, kotse, at tau-tauhan gamit ang aming building blocks.*

*Naglingkod ang mga kapatid kong lalaki sa temple open house. Gusto ko ring maglingkod doon, pero napakabata ko pa. Dalawang beses akong nagpunta sa open house tour sa templo. Gusto ko talaga iyon.*





*Noong summer tinuruan ako ng dalawang kapatid kong lalaki na maglaro ng football. Tinuruan nila akong tumakbo sa field at bantayan ang goal. Kahit mas matanda sila, nakikipaglaro ako sa kanila at sa mga kaibigan nila.*




*Gusto ko ang mga laruang kotse ko. Dahil bakal ang mga ito, hindi ito nababasag at nasisira. Matagal nang nasa akin ang mga ito, at halos wala pang gasgas ang mga ito.*

*Gusto ko talagang matulog sa gabi na katabi ang mga laruan ko. Kapag tulog na ang mga kuya ko, nilalaro ko saglit ang mga laruan ko.*

# Dinalaw ni JESUS ang mga NEPHITA



Ni Diane L. Mangum

Sa loob ng tatlong araw nabalot ng makapal na kadiliman ang lupain ng mga Nephita. Wala ni kaunting sikat ng araw o ningning ng bituin. Napakadilim noon na kahit kandila ay hindi magliwanag.

Narinig ng takot na mga Nephita ang kulog at napakalalakas na bagyo at nadama nila ang pag-uga ng lupa dahil sa mga lindol. Ngayon sa kadiliman maraming tao ang umiyak at tumangis. Naisip nila na sana'y sinunod nila ang mga turo ng propetang si Nephi at nakapagsisi sila!

Biglang narinig ang isang tinig sa buong lupain: "Masdan, Ako si Jesucristo, ang Anak ng Diyos. Nilikha ko ang kalangitan at ang lupa, at lahat ng bagay na nasa mga ito. Kasama ko ang Ama mula pa sa simula."

Sinabi ni Jesus na pumarito Siya sa lupa para iligtas ang mundo mula sa kasalanan. Ibinuwis Niya ang Kanyang buhay at ngayo'y nabuhay na mag-uli. Inanyayahan Niya ang lahat na magsisi at maligtas.

Gulat na gulat ang mga Nephita na marinig ang tinig ni Jesus kaya tahimik silang naupo sa loob ng maraming oras, at pinagbulay-bulay ang kanilang narinig.

Kinaumagahan nagliwanag na muli, at nagsimulang magalak ang mga tao. Maraming tao ang nagtipon sa paligid ng templo sa lupain ng Bountiful para pag-usapan ang tungkol sa kamangha-manghang mga bagay na nangyari. Pagkatapos ay nakarinig sila ng banayad na tinig mula sa langit. Nag-alab ang kanilang puso dahil sa tinig, ngunit hindi nila ito maunawaan.

Muli nilang narinig ang tinig, ngunit hindi pa rin nila maunawaan ang mga salita.

Narinig nila ang tinig sa ikatlong pagkakataon, na nagsasabing, "Masdan, ang Minamahal kong anak, na siya kong labis na kinalulugdan, sa kanya ay niluwalhati ko ang aking

## TULAD NG PAGTITIPON NG INAHING MANOK SA KANYANG MGA SISIW

Sinabi ni Jesus sa mga Nephita na sinikap Niyang tipunin sila tulad ng pagtitipon ng inahing manok sa kanyang mga sisiw sa ilalim ng kanyang mga pakpak para mapanatili silang ligtas. Sinabi Niya na mahal Niya silang lahat at nais Niyang bantayan sila at panatilihin silang ligtas.

UPANG INYONG MALAMAN, NI GARY KAPP © 2004, HINDI MAARING KOPYAHIN; PAGLALARAWAN NI JED A. CLARK



pangalan—pakinggan ninyo siya."

Tumingala ang mga tao at nakita nila si Jesus na pababa mula sa langit hanggang sa tumayo Siya sa harapan nila. Nangabuwal ang mga Nephita sa lupa. Naalala nila ang sinabi ng mga propeta—na bibisitahin sila ni Jesucristo matapos Siyang ipako sa krus at mabuhay na mag-uli.

Ipinahipo ni Jesus ang Kanyang mga kamay at paa sa lahat ng tao upang masalat nila ang mga bakas ng pako nang ipako Siya sa krus sa Jerusalem. Nang makita at mahipo ito ng mga tao mismo, nalaman nila na Siya ang nabuhay na mag-uling Tagapagligtas. Sumigaw sila ng, "Hosana!" at sinamba Siya.

Pinalapit ni Jesus ang propetang si Nephi sa Kanya. Ibinigay Niya kay Nephi at sa 11 iba pang mabubuting lalaki ang awtoridad na magturo at magbinyag matapos Siyang bumalik sa langit. Ang 12 ito ang naging mga disipulo ng Simbahan ni Jesucristo sa Amerika. ■

*Mula sa 3 Nephi 8–12.*

## NEPHI

Sa Aklat ni Mormon, may apat na propetang nagngangalang Nephi. Si Nephi, na nakakita sa nabuhay na mag-uling si Jesus at Kanyang disipulo, ay nabuhay 600 taon pagkamatay ni Nephi, na anak ni Lehi.

# Kunwa-kunwariang Primary

**Ni Tryn Paxton**

Batay sa tunay na buhay

1. Hindi maganda ang pakiramdam ni Sophie nang maupo siya para mag-almusal noong Linggo ng umaga.




2. Nagsimulang umiyak si Sophie.




3. Malungkot si Sophie. Nagpunta siya sa kanyang kuwarto at tinakpan ng kumot ang kanyang mukha. Pagkatapos ay may naisip siya.




4. Habang nagbibihis ang mga kapatid na lalaki ni Sophie para magsimba, isinuot ni Sophie ang kanyang damit-pangsimba. Binihisan din niya nang maganda ang kanyang mga manyika at stuffed toys para makapunta sila sa kunwa-kunwariang Primary.



MGA PAGLALARAWAN NI SCOTT PECK



5. Nang magsimba na ang iba pang miyembro ng kanilang pamilya, inayos nina Sophie at Inay ang sala na kunwari'y Primary room. Nag-teyp si Sophie ng mga larawan ni Jesus sa dinding at kumuha ng *Aklat ng mga Awit Pambata* mula sa istante. Naglabas din siya ng mga krayola at banal na kasulatan.

6. Naupo si Sophie sa sopa kasama ang kanyang mga manyika at stuffed toys. Si Inay ang nag-alay ng pambungad na panalangin. Pagkatapos ay kumanta sina Sophie at Inay ng "Ako ay Anak ng Diyos" at "Templo'y Ibig Makita."




7. Masaya si Sophie sa kunwa-kunwariang Primary. Pati mga manyika at stuffed toys niya ay tahimik na nakaupo.




8. Pagkatapos ng kunwa-kunwariang Primary, inihiga ni Inay si Sophie sa kama nito para umidlip.


## ANO ANG MAGKATULAD?

Noong matindi ang sakit ni Sophie para magpunta sa Primary, inayos nila ng nanay niya ang sala na kunwari'y Primary room. Tingnan kung makikita ninyo ang mga bagay na magkakatulad sa dalawang larawan.





MGA PAGLALARAWAN NI SCOTT PECK




PAGLALARAWAN NI VAL CHADWICK BAGLEY

**Ni Val Chadwick Bagley**

Ang elder na ito ay pauwi na matapos maglingkod sa Ama sa Langit bilang misyonero. Tingnan ang larawan at alamin kung ilang nakatagong bagay ang makikita ninyo, kabilang na ang isang baseball, aklat, mangkok, paruparo, kotse, krayola, tasa, hita ng manok, sobre, tinidor, golf club, martilyo, saranggola, kutsilyo, hagdan, paintbrush, lapis, kapirasong papel, ruler, screwdriver, mga medyas, kutsara, tolda, sepilyo, payong, at hiwa ng pakwan.

# Mga Balita sa Simbahan

*Bisitahin ang news.lds.org para sa iba pang mga balita at kaganapan sa Simbahan.*

LARAWANG KUHA NI EVONNE INIA-TAUFAGA

## Nagdiwang ng Ika-170 Anibersaryo ang Kababaihan ng Relief Society sa Iba't Ibang Panig ng Mundo

**Ni Lok Yi Chan**
Mga Balita at Kaganapan sa Simbahan

Upang ipagdiwang ang ika-170 anibersaryo ng pagkakatatag ng Relief Society, ang mga miyembro nito sa iba't ibang panig ng mundo ay aktibong nakikibahagi sa paglilingkod at iba pang mga aktibidad ng organisasyon.

Noong Pebrero, nagpahatid ng paanyaya ang Relief Society general presidency sa mga miyembro nito sa buong daigdig, na nagmumungkahi ng walong posibleng aktibidad para sa pagdiriwang ng anibersaryo—na ginanap noong Sabado, Marso 17, 2012. Ang mga aktibidad ay maaaring planuhin sa ilalim ng pamamahala ng mga lokal na lider ng priesthood.

At tumugon ang mga miyembro nito sa iba't ibang dako ng mundo. Ang mga sumusunod ay maiikling tampok na kaganapan mula sa ilang pagdiriwang na ginanap sa buong Simbahan.

### Dominican Republic

Ipinaalala sa kababaihan ng Primavera First Branch ng La Vega Dominican Republic District ang sakripisyo ng kababaihan noon sa kasaysayan ng mga Banal sa mga Huling Araw at ang kanilang walang kupas na pamana sa pagdiriwang ng branch noong Marso 17.

Bawat babaeng nakibahagi ay nagsuot ng damit na kaestilo ng damit ng mga pioneer at nagbahagi ng mensahe tungkol sa Relief Society. Ipinaalala ni María Elena Pichardo de Gómez, unang tagapayo sa Relief Society presidency, sa kababaihan ang kanilang responsibilidad na paghandaan ang mga panahon ng kahirapan, tulad ng itinuturo ng mga makabagong propeta. Dagdag pa niya, "Ang matinding lakas ng Primavera First Branch Relief Society ay nasa pagkakaisa namin sa ebanghelyo sa kabila ng aming pagkakaiba-iba."

### Fiji

Sa pagsunod sa payo ng Relief Society general presidency na "mag-organisa ang Relief Society ng pagseserbisyo sa komunidad," inilunsad ng Relief Society ng Samabula Ward ng Suva Fiji North Stake ang proyektong tinatawag na "Making a Difference—Charity Never Faileth." Bawat babae sa ward ay nagmithing makapaglingkod, magmahal, o kaya'y magpakita ng kabaitan nang 170 beses—na pawang sa iba't ibang tao—hanggang katapusan ng Setyembre 2012.

Nagdaos din ng aktibidad ang ward para tulungan ang kababaihan na mas maunawaan at mapahalagahan ang buhay at kontribusyon ng lahat ng Relief Society general president, mula kay Emma Smith hanggang ngayon.

### Hong Kong

Sa Hong Kong, ipinagdiwang ng kababaihan ng New Territories Stake ang anibersaryo ng Relief Society sa paggunita sa kanilang sariling kasaysayan at sa kasaysayan ng Relief Society.

Nag-organisa sila ng eksibit na may temang "Pursuit of Grace," kung saan nagpakita sila ng mga lumang retrato ng mga missionary, talaan ng pamilya, ipinintang larawan, at handicraft na ginawa sa mga naunang aktibidad ng Relief Society, gaya ng mga parol at peacock na gawa sa pulang supot na papel, pagbuburda, key chain, at pitaka.

### Kenya

Sa Bamburi Branch ng Kenya Nairobi Mission, iniambag ng mga miyembro ng Relief Society ang perang gugugulin sana nila sa isang aktibidad at sa halip ay ibinili nila ito ng mga gamit sa kusina at iba pang mga aytem na kailangan ng branch. Matapos linising mabuti ang kanilang meetinghouse, nagtipon ang kababaihan ng ward upang gunitain ang pagtatatag ng Relief Society noong 1842, na gamit at tinatalakay ang mga mensahe sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society.*

"Ang isiping bahagi ako ng pandaigdigang organisasyong ito



***Ang Relief Society ng Samabula Ward ng Suva Fiji North Stake ay nagdaos ng aktibidad para tulungan ang kababaihan na mas maunawaan at mapahalagahan ang buhay at mga kontribusyon ng lahat ng Relief Society general president, mula kay Emma Smith hanggang ngayon.***

ng Relief Society ay espesyal," sabi ni Irene Kioi, pangalawang tagapayo sa Relief Society presidency. "Tinitiyak nito sa akin na [ang Relief Society] ay inorden ng Diyos at hindi ng tao."

Sa Mombasa Branch, pinag-aralan ng kababaihan doon ang tungkol sa mga babaeng disipulo ni Jesucristo mula sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian* at sa Bagong Tipan. Sabi ng Relief Society president ng branch na si Jael Mwambere, "Ito ang una nating anibersaryo para sa Mombasa Branch Relief Society. Sana'y mag-ibayo ang katapatan natin sa ating mga tungkulin sa Relief Society. Nawa'y pangalagaan natin ang isa't isa, dumalo tayo sa mga miting natin sa Simbahan, at tulungan natin ang mga nangangailangan, mula ngayon."

## Ang Republic of the Marshall Islands

Noong araw ng Sabado, Marso 17, daan-daang kababaihan mula sa Ajeltake Branch, Laura Ward, at Long Island Majuro Ward ng Majuro Marshall Islands Stake ang nagtipon sa Rairok, isang bayang malapit sa Majuro Atoll, nang alas-4:30 n.u. Ang dahilan: naglakad sila nang apat na oras at kalahati papuntang Delap meetinghouse para ipakita ang kahalagahan ng pagtitiis. Nakasama nila kalaunan ang kababaihan ng Delap at Rita Ward, na naglakad din papunta sa meetinghouse, para sa debosyonal at almusal. Kalaunan ay nagtanghal ng maiikling palabas at sayaw ang kababaihan at nakinig sila sa mensahe ng stake president.

## Spain

Ang Dos Hermanas Ward ng Seville Spain Stake ay nagdispley ng eksibit tungkol sa kasaysayan ng Relief Society ng ward at isinama roon ang espesyal na album ng mga larawan ng paglilingkod at mga aktibidad na magkakasamang ginawa ng kababaihan sa paglipas ng panahon.

Sinabi ni María Pérez Sánchez, unang tagapayo sa Relief Society presidency, "Ang pakikibahagi sa anibersaryo ng organisasyong ito ay mas naglapit sa akin sa mga babaeng pioneer na iyon na labis na nagsakripisyo para sa atin. At ngayon, maipagpapatuloy natin ang gawaing ito na sinimulan nila."

## Ang Estados Unidos

Sa Gardner Ward ng Springfield Massachusetts Stake, ipinagdiwang ng kababaihan ang ika-170 anibersaryo ng Relief Society sa isang salu-salong idinaos noong Marso 15. Bahagi ng gabing iyon ang mga paglalahad ng apat na miyembrong babae, na bawat isa ay nagkuwento tungkol sa isang babaeng naging maganda ang impluwensya sa kanilang buhay. Bawat tagapagsalita ay nagdala rin ng maliit na displey para pagandahin ang kanilang paglalahad.

"Ito ay isang aktibidad na nagtaguyod sa lakas at halaga ng kababaihan," sabi ni Jennifer Whitcomb, Relief Society president, "at naghikayat din sa amin na makita ang lakas, pagkakatulad, at halaga ng isa't isa."

Bagama't nakaraan na ang anibersaryo, ang paanyaya sa kababaihan na maglingkod at gawin ang iba pang mga aktibidad sa pagdiriwang ay magpapatuloy sa buong 2012. ■

# Nagbukas ng Daan ang Helping Hands Program para sa Gawaing Misyonero, Bagong Stake sa Amapá, Brazil

**Ni Michelle Sá, na may kasamang mga kontribusyon mula kay Elder Fabiano Cavalheiro**

Noong araw ng Sabado, Marso 10, 2012, 21 katao ang nabinyagan. Ito ang pinakamalaking bilang ng mga tao nitong mga nakaraang taon sa mga estado ng Para at Amapá sa Brazil, na parehong bahagi ng Brazil Belém Mission, na tumanggap ng ordenansa ng binyag sa iisang araw at naging "mga kababayan" na kasama ng mga Banal (Mga Taga-Efeso 2:19) at lumalakad "sa panibagong buhay" (Mga Taga-Roma 6:4).

Isinagawa ang mga pagbibinyag matapos ibalita na magiging stake na ang Macapá district, na naganap noong Abril 14 at 15.

Nagtulung-tulong ang mga lider, miyembro, at misyonero na makamit ang ganitong uri ng paglago. Ang Helping Hands program ay nakatulong din sa gawaing misyonero kamakailan.

"Ang mga proyekto ng Helping Hands na ginanap sa nakalipas na dalawang taon sa estado ng Amapá ay naging daan para makilala ang Simbahan, na naghikayat sa mga opisyal ng pamahalaan, mga mamamahayag, at lipunan sa pangkalahatan na hangaring makaalam pa tungkol sa napakagandang programang ito at sa simbahang nagsusulong nito," sabi ni José Claudio Furtado Campos, na-release kamakailan lamang na pangulo ng Brazil Belém Mission.

Katunayan, malaki ang naitulong ng mga proyekto sa estado kaya pinasimulan ng mga opisyal ng gobyerno ang tatlong pista-opisyal sa rehiyon: Abril 6, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints Day; Hulyo 30, Helping Hands Solidarity Action Day; at Setyembre 23, "The Family: A Proclamation to the World" Day. Bukod pa riyan, isang pagpapahayag ng pasasalamat sa Simbahan ang ibinigay kay Elder Jairo Mazzagardi ng Pitumpu, Pangalawang Tagapayo sa Brazil Area Presidency.

"Ang mga proyekto ng Helping Hands ay nakatulong para lalong magtiwala ang mga mamamayan ng Amapá sa Simbahan," pagpapatuloy ni President Campos. "Kapag nagpapakilala ang ating mga misyonero . . . , sinasabi sa kanila ng mga tao na narinig na nila ang tungkol sa Simbahan dahil nakakita sila ng materyal sa telebisyon, radyo, at pahayagan tungkol dito. Marami na silang narinig na magagandang bagay tungkol sa Simbahan, at kadalasan ay lalo silang inihahanda nito na makinig sa mga missionary."

***Sa Macapá, Brazil, 21 katao ang nabinyagan noong araw ng Sabado, Marso 10, 2012, mga isang buwan bago naging stake ang Macapá Brazil District. Kasama sa retrato ng mga bagong miyembrong iyon ang mga missionary mula sa Brazil Belém Mission. Nakasaad sa karatula, "Estaca Macapá," o "Macapá stake." Ayon sa mga lokal na lider at miyembro, malaki ang naitulong ng Helping Hands program sa pag-unlad at katatagan ng Simbahan sa lugar.***




LARAWANG KUHA NI MICHELLE SÁ

*Si Michelle Sá ay assistant director ng public affairs, Macapá Brazil Stake; si Elder Fabiano Cavalheiro ay full-time missionary na naglilingkod sa Brazil Belém Mission.* ■

# Nagsalita ang mga Pinuno ng Simbahan sa Araw ng Pagtatapos sa Hawaii, Idaho, Utah

Nagpunta ang mga pinuno ng Simbahan sa mga paaralan ng Simbahan sa Hawaii, Idaho, at Utah, USA, noong Abril upang payuhan ang mga nagsipagtapos.

Sa Brigham Young University–Idaho noong Abril 7, 2012, pinayuhan ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol ang mga estudyante na "halinhan ng pananampalataya ang takot."

"Naniniwala ako na tayo ay nagsisimula nang tumahak sa bagong panahon ng paglago, pag-unlad, at kasaganaan," wika niya. "Hinihimok ko kayong mangako sa inyong sarili at sa Ama sa Langit na ilalaan ninyo ang inyong buhay at panahon at mga talento sa pagtatayo ng Simbahan ni Jesucristo habang inaasam ang Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas."

Binisita ni Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol ang LDS Business College sa Salt Lake City, Utah, noong Abril 13, 2012, para magsalita sa araw ng pagtatapos ng mga estudyante mula sa 50 estado ng U.S. at 67 bansa.

Binigyang-diin niya na kailangang maglingkod ang mga estudyante habang sila ay nabubuhay. "Paglilingkod ang magiging panlaban ninyo sa kasakiman at sa pakiramdam na karapatan ninyong makuha ang anumang gusto ninyo na higit na sumisira sa lipunan sa lahat ng dako ng mundo. . . . Ang inyong paglilingkod ay magpapala sa iba, ngunit poprotektahan din kayo nito," wika niya.

Kinabukasan, ipinayo ni Elaine S. Dalton, Young Women general president, sa mga estudyante ng BYU–Hawaii na: "Alalahanin kung sino kayo." "Magsikap nang husto." "Paghandaan ang mga pagsubok." "Mangarap nang matayog." "Hindi laging nauunang makatapos ang mga nagwawagi."

"Takbuhin ang kahabaan ng inyong pananampalataya at buhay," wika niya. "Huwag panghinaan ng loob sa mga balakid, kundi hangarin ang pagpapalang dulot ng pagsubok na iyon. Sumulong nang may tiwala at matibay na kaalaman na hindi kayo nag-iisa kailanman. . . . Talagang naniniwala ako na ang isang mabuting binata o dalaga na inakay ng Espiritu ay kayang baguhin ang mundo."

Noong Abril 19, 2012, nakinig ang mga estudyanteng nagsipagtapos sa BYU sa Provo, Utah, kay Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, na nagsalita tungkol sa mga hamon ng mundo ngunit sinabihan ang mga nagsipagtapos



LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NG BYU–PROVO

***Ang mga estudyanteng nagsipagtapos sa Brigham Young University sa Provo, Utah, USA, ay nakinig kay Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol noong Abril 19, 2012.***

na harapin ang bukas nang may pananampalataya.

"Bagama't manglulupaypay ang mga tao, huwag kayong matakot. Hindi nawawala ang mga pagsubok," sabi ni Elder Oaks. "Nakayanan namin, na sinusundan ninyong henerasyon, ang mahihirap na pagsubok, at kakayanin din ninyo ito. . . . Mayroon tayong Tagapagligtas, at itinuro na Niya sa atin ang dapat nating gawin."

*Para malaman ang iba pa tungkol sa kuwentong ito at sa iba pang mga mensahe ng mga pinuno ng Simbahan, bisitahin ang pahina ng Prophets and Apostles Speak Today sa prophets.lds.org.* ■

## Nakatulong ang Pag-upgrade ng LDS Maps na Makita ng mga Miyembro ang mga Lokasyon ng Simbahan

Kabilang sa bagong bersyon ng LDS Maps ang iba't ibang feature na magpapadali sa paghahanap ng mga miyembro sa mga miyembro ng stake, meetinghouse, templo, at iba pang pasilidad ng Simbahan.

Para ma-access ang bagong LDS Maps, magpunta sa **LDS.org > Tools > Maps**. Makukuha ito sa 16 na wika—Chinese, Czech, Danish, Dutch, English, Finnish, French, German, Italian, Japanese, Korean, Norwegian, Portuguese, Russian, Spanish, at Swedish.

Kabilang sa mga bagong feature ang mga household verification, map display option, pinagbuting iPad at tablet support, unit boundary map, Locate Me feature, at pinaghusay na mga print option.

Mahahanap ng mga taong gumagamit ng bagong bersyon ang mga sambahan ng LDS, makikita nila ang direksyon papunta sa lugar at maipi-print ito, at maibabahagi nila ang mga map link gamit ang social media. Gayundin, kapag nag-sign in sa isang LDS Account, makikita ng mga miyembro ang partikular na impormasyon tungkol sa ward at stake at sa kalapit na mga lugar.

## Inaanyayahan ang mga Miyembro na Magsumite ng mga Retratong may Kinalaman sa Pangkalahatang Kumperensya sa mga Magasin

Hinihilingan ng mga magasing *Liahona* at *Ensign* ang mga miyembro na makibahagi sa darating na pangkalahatang kumperensya, at sa susunod pang mga pangkalahatang kumperensya, sa pamamagitan ng pagsusumite ng mga retratong may kinalaman sa kumperensya mula sa kanilang lugar pagkaraan ng kumperensya. Ang mga retratong ito ay maaaring isama sa paglalathala ng mga isyu ng magasin sa Mayo at Nobyembre.

Maisusumite ng mga miyembro ang kanilang mga retrato nang mabilis at madali sa LDS.org sa pagpunta sa **Menu > Magazines** (o pag-type sa **lds.org/magazine**), at pag-klik sa **Submit Your Material** sa kanang hanay ng landing page ng magazines.

Ang mga pahina sa *Liahona* at *Ensign* ay may mga bahagi ring pinamagatang "Submit Material" kung saan maa-access ng mga miyembro ang mga online form para magsumite ng mga retrato.


Dapat rebyuhin ng mga miyembro ang Image Guidelines bago isumite ang kanilang retrato. Ang mga tuntunin sa ilalim ng "General Conference Photos" ay idinedetalye ang format, kalidad, at nilalaman ng retrato na hinahanap ng mga editor ng magasin, gayundin ang deadline para sa pagsusumite ng mga retrato sa kumperensya.

## Inilabas na ang Tablet App para sa *Liahona*

Ang Simbahan ay naglabas ng bagong prototype tablet app na nagtatampok sa nilalaman ng magasin. Kabilang sa LDS *Liahona* app ang mga isyu ng Oktubre 2011, Nobyembre 2011, at Mayo 2012 ng magasin—sa madaling salita, ang isyu tungkol sa Aklat ni Mormon at ang mga isyu ng dalawang pinakahuling pangkalahatang kumperensya.

Ang LDS *Liahona* ay makukuha sa English, Portuguese, at Spanish at ang mga mambabasa ay mas nakauugnay—mas nakatutuon—sa nilalaman ng magasin; halimbawa, mababasa nila ang magasin habang nakikinig sa audio file ng tekstong binabasa nila. Ang app ay ginawa upang gamitin sa mga platform ng Android o Apple. ■

***Kabilang sa mga bagong labas na LDS Maps ang mga household verification, map display option, pinagbuting iPad at tablet support, unit boundary map, Locate Me feature, at pinaghusay na mga print option.***



## KOMENTARYO

### Sa Pamamagitan ng Maliliit at mga Karaniwang Bagay

Ang anak kong si Taylor (Elder Mulford) ay nagmimisyon sa isla ng Bora Bora sa Tahiti. Sinabi niya sa akin kamakailan lang na nagtungo sa Bora Bora ang stake president at ikinuwento sa mga misyonero ang pagpunta niya sa isang barbero, na isang miyembro, para magpagupit. Tinanong niya ang barbero kung bakit wala ang mga magasing *Liahona* sa mga magasing mababasa ng mga kliyente niya. Nangako ang barbero na sa susunod niyang pagpunta, may daratnan siyang mga *Liahona* roon. Gayunman, nang pumunta ulit ang stake president sa barbero, wala pa ring mga *Liahona*. Malungkot niyang tinanong ang barbero kung bakit. Ipinaliwanag ng barbero na tuwing maglalabas siya ng *Liahona*, may babasa rito, tatanungin siya ng maraming bagay, at pagkatapos ay hihingin na ang magasin. Sinabi ng barbero na wala na siyang maipamigay na mga magasin, pero idinagdag niya na marami sa mga taong humingi ng magasin ang nagpapaturo na ngayon sa mga missionary.

Nakikinita ba ninyo ang maaaring mangyari kung bawat doktor, dentista, at barbero sa Simbahan ay maglalagay ng ilang magasin ng Simbahan sa kanyang waiting room? Sumusulong ang Simbahan dahil sa maliliit at mga karaniwang bagay na ginagawa ng mga miyembro.

**Burdell Mulford, Utah, USA**

*Mangyaring ipadala ang inyong feedback o mga mungkahi sa liahona@ldschurch.org. Ang mga isinumite ay maaaring i-edit para umakma ang haba o mas luminaw pa.* ■

## MGA IDEYA PARA SA FAMILY HOME EVENING

*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Ang mga sumusunod ay ilang halimbawa.*

**"Pagpapalakas ng Pananampalataya kay Cristo,"** pahina 12: Sa katapusan ng artikulo, tinalakay ni Elder Christofferson ang tungkol sa pananampalataya bilang alituntunin ng paggawa at ng kapangyarihan. Bilang pamilya, isiping talakayin ang ilang pagsubok na kinakaharap ninyo at mga mithiing maitatakda ninyo para makayanan ang mga ito. Pumili ng isang mithiing sisikapin ninyong gawin sa linggong ito, na inaalala na sa tulong ni Jesucristo, kaya nating gawin ang lahat ng bagay, ayon sa Kanyang kalooban at takdang panahon. Sa darating na family home evening, maaari ninyong talakayin ang nagawa na ng pamilya sa mithiing itinakda ninyo.

**"Pagbabahagi ng Ebanghelyo sa Pagiging Mabuting Halimbawa,"** pahina 16: Kapag ibinahagi ninyo ang mga kuwento mula sa artikulo, sabihin sa inyong pamilya na isipin ang mga kaibigan at kapamilyang mababahaginan ninyo ng ebanghelyo. Pag-usapan kung paano maging isang kaibigan at makinig nang may pagmamahal para maging handa kayo pagdating ng mga pagkakataon na makapagpapatotoo kayo.

**"Panalangin para sa Pansariling Pag-unlad,"** pahina 58: Basahin ang karanasan ni Amalia tungkol sa pagkatutong manalangin sa araw at gabi. Isiping basahin ang itinuro ni Amulek sa Alma 34:17–27 kung paano tayo nararapat magdasal. Maaari ninyong itanong sa mga kapamilya kung anong ideya ang ibinibigay ng mga talatang ito kung paano at kailan tayo nararapat magdasal. Magtapos sa patotoo ninyo tungkol sa kapangyarihan ng panalangin.

**"Kaibigang Misyonero,"** pahina 60: Matapos basahin ang artikulo, isiping ilista ang darating na mga aktibidad at pulong ng Simbahan na maaaring magustuhan ng mga kaibigan ng inyong mga kapamilya. Maaari ninyong isadula ang mga paraan para maanyayahan ang mga kaibigan sa isa sa mga aktibidad. Pag-usapan kung ano ang kahulugan ng maging tunay na kaibigan, lalo na sa mga hindi miyembro ng Simbahan. Magtapos sa pagpaplanong kontakin ang kaibigan at anyayahan ito. ■

### Masaya ang Aming Pamilya

Ang family home evening na pinakagusto naming gunitain ay yaong idinaos namin noong hirap kami. Dahil binago ang namamahala, nagkaroon ng mga problema sa trabaho ang asawa ko at pinanghinaan siya ng loob.

Ipinasiya naming ilaan sa kanya ang family home evening sa linggong iyon. Bawat miyembro ng pamilya ay sumulat ng pasasalamat sa kanya, na sinasabi kung bakit mahal namin siya at ano ang inaasam namin para sa kanya. Pagkatapos ay gumawa kami ng album ng mga retrato ng pamilya na kinunan sa mahahalagang okasyon, tulad ng mga anibersaryo, kasal, pagbubuklod, pagsilang, at iba pang mga kaganapan. Sinulatan namin ng komento ang bawat isa, at tinapos ito sa mga katagang "Kaya masaya ang ating pamilya." Sa pagtatapos ng gabi, kinanta namin ng aking anak na babae ang awitin sa Primary na gayon din ang mga kataga (tingnan sa "Isang Masayang Pamilya," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 104).


Sa family home evening nadama namin ang pagmamahal ng Tagapagligtas sa amin at ang pagmamahal namin sa isa't isa.

Nagpapasalamat ako sa nakahihikayat na utos na magdaos ng family home evening. Ang pagsunod dito ay nagpapalakas sa atin, at inihahanda tayong maging walang-hanggang pamilya. ■

**Kenia Duarte dos Santos, Brazil**

# ANO ANG KAHALAGAHAN KO?

**Ni Adam C. Olson**
Mga Magasin ng Simbahan



*Ang bumibili ang nagpapasiya kung sulit ang halaga ng isang bagay.*

Pagkaraan ng apat na taon na walang telebisyon at anim na taon pang pamumuhay sa mga bigay na lumang TV, sa wakas ay nagpasiya kaming mag-asawa na bumili ng bagong TV. Dahil mahal, maingat naming pinaghambing ang mga modelo, tatak, detalye, at halaga bago kami tuluyang bumili. Ang nakatutuwa, umalis kami na hindi lamang TV ang dala kundi isang mahalagang kaalaman sa pagtukoy sa kahalagahan ng sarili.

Ang aming karanasan ay nagtuturo sa atin na ang kahalagahan natin ay nasusukat sa paghahambing—sa ating mga kapatid, kaklase, kabarkada, at katrabaho. Ngunit, bagama't makabuluhang alamin ang kahalagahan sa pamamagitan ng paghahambing kapag bumibili ng TV, sa buhay tayo *ang* mga TV.

Ang paghahambing sa ating sarili sa iba para malaman ang ating kahalagahan ay makabuluhan ding katulad ng isang TV na nakatingin sa iba pa na nasa tindahan at nangangarap na sana ay 40 inches (102 cm) ito sa halip na 27 (69 cm). Walang kabuluhan ito, dahil "alin sa inyo ang sa pagkabalisa ay makapagdaragdag ng isang siko sa sukat ng kaniyang buhay" (Mateo 6:27) o isang pulgada sa sukat ng inyong screen? Nagbabala si Apostol Pablo na ang mga tao na "sinusukat ang kanilang sarili sa kanila rin, at kanilang itinutulad ang sarili sa kanila rin ay mga walang unawa" (II Mga Taga Corinto 10:12).

Huwag nating gaanong pansinin yaong mga gumagawa ng paghahambing para sa atin at sinasabi sa atin kung ano sa *kanilang* palagay ang ating kahalagahan. Kahit kontrolado ng nagbebenta ang presyo ng TV, hindi siya ang nagpapasiya ng halaga nito.

Narito ang napakahalagang ideya: ang mamimili ang tumitingin sa presyo, nagsusuri sa produkto, at nagpapasiya kung sulit ang halaga nito. At sa buhay na ito iisa lamang ang Bumibili ng mga ibinunga.

Sinuri ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo "ang produkto"—tayo, kapwa nang lahatan at nang isa-isa. Alam Niya ang lalim ng kasamaang iuugnay sa sangkatauhan.[1] Nauunawaan Niya ang nakasisindak, at napakalaking halagang kailangan Niyang bayaran, "kung aling pagdurusa ay dahilan upang [Siya] maging ang Diyos, ang pinakamakapangyarihan sa lahat, na manginig dahil sa sakit, at labasan ng dugo sa bawat pinakamaliit na butas ng balat, at magdusa kapwa sa katawan at sa espiritu" (D at T 19:18).

At batid ang lahat ng iyan, *ipinasiya pa rin Niya na gawin iyon dahil mahalaga ako.*

Gaano man ako kahamak kumpara sa iba, gaano man kaliit ang tingin sa akin ng iba, nadama ni Jesus na may halaga ako kaya't binayaran Niya ang halaga.

Ang pang-aaba sa sariling kahalagahan ay isa sa pinakatuso at napakasamang taktika ni Satanas. Mahalagang paniwalaan ko na ang Anak ng Diyos ay namatay hindi lamang para sa mga kasalanan ng mundo kundi namatay Siya para sa *aking* mga kasalanan. Kung mauudyukan ako ng kaaway na huwag itong paniwalaan, maaaring ang pagdududa ko ang pumigil sa akin para hangarin ang nagbabayad-salang biyaya ng Tagapagligtas at ang pagbalik sa Kanyang piling.

Kung duda kayo sa inyong kahalagahan, lumapit sa Bumibili para makuha ang tanging pagsusuri sa produkto na mahalaga. "Makapagdarasal tayo't makaaasang madarama ang pag-ibig ng Tagapagligtas sa ating lahat," sabi ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan. ". . . Sapat ang pagmamahal Niya sa atin . . . para bayaran ang ating mga kasalanan."[2]

Ang pananampalataya sa pagmamahal na iyon ang nagtutulot sa Manunubos na baguhin ang ating buhay at iuwi tayo sa Kanyang piling. ■


**MGA TALA**

1. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 476.
2. Henry B. Eyring, "Anak at Disipulo," *Liahona,* Mayo 2003, 31.

*IMAHE NI CRISTO,* NI HEINRICH HOFMANN, SA KAGANDAHANG-LOOB NG C. HARRISON CONROY CO.



Jesucristo



Maysakit na mga Nephita



Mga batang naliligiran ng apoy

**Pinagaling ni Jesus ang mga Maysakit at Binasbasan ang mga Bata**

3 Nephi 17

Sa taong ito maraming isyu ng *Liahona* ang maglalaman ng isang set ng mga larawang may kaugnayan sa Aklat ni Mormon. Para tumibay at madaling gamitin ang mga ito, gupitin at idikit o iteyp ang mga ito sa makapal na papel, maliliit na supot na papel, o mga patpat. Ilagay ang bawat set sa isang envelope o bag, kasama ang mga label na nagsasabi kung saan hahanapin ang kuwento sa banal na kasulatan na may kaugnayan sa mga larawan.

MGA PAGLALARAWAN NI BETH M. WHITTAKER



*Ang mga welfare at humanitarian project, mga employment center, mission office, family history center, templo, visitors' center, at napakaraming iba pang lugar ay nagbibigay ng mga oportunidad para sa paglilingkod ng mga senior missionary. At makatitiyak rin ang mga senior couple na sila ay tinawag ng Panginoon, sa pamamagitan ng Kanyang propeta. Alam ng Panginoon ang tamang pagkakataon para sa bawat misyonero na handang maglingkod. Tingnan sa "Mga Senior Missionary: Pagtugon sa Tawag ng Propeta," pahina 20.*

TAGALOG
4 02104 89893 2

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW